# Ang Islām

## Isang pinaigsing polyeto tungkol sa Islām kung paanong nasaad sa Marangal na Qur'ān at Pampropetang Sunnah.

**Isang mahalagang polyeto na naglalaman ng pinaigsing pagpapakahulugan sa Islām, na naglilinaw sa pinakamahalaga sa mga batayan nito, mga katuruan nito, at mga kagandahan nitong hinango mula sa mga pangunahing pinagkukunan nito, ang Marangal na Qur'ān at ang mga Pampropetang Sunnah. Ang polyeto ay nakatuon sa lahat ng mga inaatangan [ng pananagutan] kabilang sa mga Muslim at hindi mga Muslim sa mga wika nila sa bawat panahon at lugar sa pagkakaiba-iba ng mga katayuan at mga kalagayan.**

(Kopyang naglalaman ng mga patunay mula sa Marangal na Qur'ān at Pampropetang Sunnah)

# 1. Ang Islām ay mensahe ni Allāh sa mga tao sa kalahatan sapagkat ito ang makadiyos na mensaheng walang hanggan, ang pangwakas sa mga makapanginoong mensahe.

Ang Islām ay mensahe ni Allāh sa mga tao sa kalahatan. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya):"Hindi Kami nagsugo sa iyo maliban sa kalahatan para sa mga tao bilang mapagbalita ng nakagagalak at bilang mapagbabala, subalit ang higit na marami sa mga tao ay hindi nakaaalam."(Qur'ān 34:28)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Sabihin mo: "O mga tao, tunay na ako ay Sugo ni Allāh sa inyo sa kalahatan,"(Qur'ān 7:158)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"O mga tao, naghatid nga sa inyo ang Sugo ng katotohanan mula sa Panginoon ninyo. Kaya sumampalataya kayo, mabuti ito para sa inyo. Kung tumatanggi kayong sumampalataya, tunay na sa kay Allāh ang anumang nasa mga langit at lupa. Laging si Allāh ay Maalam, Marunong."(Qur'ān 4:170)Ang Islām ay ang makadiyos na mensaheng walang hanggan, ang pangwakas sa mga makapanginoong mensahe. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Si Muḥammad ay hindi ama ng isa sa mga lalaki ninyo subalit ang Sugo ni Allāh at ang pangwakas sa mga propeta. Laging si Allāh sa bawat bagay ay Maalam."(Qur'ān 33:40)

# 2. Ang Islām ay hindi isang relihiyong natatangi sa isang lahi o mga tao, bagkus ito ay relihiyon ni Allāh para sa mga tao sa kabuuan nila.

Ang Islām ay hindi isang relihiyong natatangi sa isang lahi o mga tao, bagkus ito ay relihiyon ni Allāh para sa mga tao sa kabuuan nila. Ang unang utos sa Dakilang Qur'ān ay ang sabi Niya (pagkataas-taas Siya):

"O mga tao, sumamba kayo sa Panginoon ninyo na lumikha sa inyo at sa mga nauna pa sa inyo, nang sa gayon kayo ay mangingilag magkasala,"

(Qur'ān 2:21)

Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"O mga tao, mangilag kayong magkasala sa Panginoon ninyo na lumikha sa inyo mula sa nag-iisang kaluluwa, lumikha mula rito ng kabiyak nito, at nagkalat mula sa dalawang ito ng kalalakihang marami at kababaihan."

(Qur'ān 4:1)

Ayon kay Ibnu`Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa), ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay nagtalumpati sa mga tao sa araw ng pagsakop sa Makkah kaya nagsabi siya:

"O mga tao, tunay na si Allāh ay nag-alis nga sa inyo ng kapalaluan ng Panahon ng Kamangmangan at pagyayabang sa mga magulang nito. Ang mga tao ay dalawang uri: isang nagpapakabuting mapangilaging magkasala na marangal kay Allāh at isang masamang loob na malumbay na hamak kay Allāh. Ang mga tao ay mga anak ni Adan at lumikha si Allāh kay Adan mula sa alabok. Nagsabi si Allāh: O mga tao, tunay na Kami ay lumikha sa inyo mula sa isang lalaki at isang babae at gumawa sa inyo na mga bansa at mga lipi upang magkakilalahan kayo. Tunay na ang pinakamarangal sa inyo sa ganang kay Allāh ay ang pinakamapangilag magkasala sa inyo. Tunay na si Allāh ay Maalam, Mapagbatid. (Qur'ān 49:13)"

(Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy: 3270.)

Hindi ka makatatagpo sa mga utos ng Dakilang Qur’ān o mga utos ng Marangal na Sugo (basbas ni Allah at pagbati ng kapayapaan) ng isang pagbabatas na nauukol sa ilang mga tao o isang pangkatin bilang pagsasaalang-alang sa etnisidad nila o nasyonalidad nila o lahi nila.

# 3. Ang Islām ay ang makadiyos na mensahe na dumating bilang tagakumpleto ng mga mensahe ng mga propeta at mga isinugong nauna (sumakanila ang basbas at ang pagbati ng kapayapaan) sa mga kalipunan nila.

Ang Islām ay ang makadiyos na mensahe na dumating bilang tagakumpleto ng mga mensahe ng mga propeta at mga isinugong nauna (sumakanila ang basbas at ang pagbati ng kapayapaan) sa mga kalipunan nila. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Tunay na Kami ay nagkasi sa iyo kung paanong nagkasi Kami kay Noe at sa mga propeta nang matapos niya; nagkasi kina Abraham, Ismael, Isaac, at Jacob, sa mga lipi, kina Jesus, Job, Jonas, Aaron, at Solomon; at nagbigay kay David ng Salmo."

(Qur’an 4:163)

Ang relihiyong ito na ikinasi ni Allāh sa Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh sa kanya at pagbati ng kapayapaan) ay ang relihiyon na isinabatas ni Allāh sa mga naunang propeta at itinagubilin Niya sa kanila. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Nagsabatas Siya para sa inyo mula sa relihiyon ng anumang itinagubilin Niya kay Noe, ng ikinasi sa iyo, at anumang itinagubilin kina Abraham, Moises, at Jesus, na [nagsasabi]: "Magpanatili kayo ng Relihiyon at huwag kayong magkahati-hati rito." Lumaki [sa bigat] sa mga tagapagtambal ang ipinaaanyaya mo sa kanila. Si Allāh ay humalal para sa Kanya ng sinumang niloloob Niya at nagpapatnubay tungo sa Kanya ng sinumang nagsisising bumabalik."

(Qur’an 42:13)

Ang relihiyong ito na ikinasi ni Allāh sa Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh sa kanya at pagbati ng kapayapaan) ay isang pagpapatotoo sa nauna rito na mga kasulatang makadiyos gaya ng Torah at Ebanghelyo bago ng pagpapalihis sa dalawang ito. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Ang ikinasi Namin sa iyo na Aklat ay ang totoo, bilang tagapagpatotoo para sa nauna rito. Tunay na si Allāh sa mga lingkod Niya ay talagang Mapagbatid, Nakakikita."

(Qur’an 35:31)

# 4. Ang mga propeta (sumakanila ang pagbati ng kapayapaan), ang relihiyon nila ay iisa at ang mga batas nila ay magkakaiba-iba.

Ang relihiyon ng mga propeta (sumakanila ang pagbati ng kapayapaan) ay iisa subalit ang mga batas nila ay nagkakaiba-iba. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Nagpababa Kami sa iyo ng Aklat kalakip ng katotohanan bilang tagapagpatotoo para sa nauna rito na kasulatan at bilang tagapangibabaw rito. Kaya humatol ka sa pagitan nila ng ayon sa pinababa ni Allāh at huwag kang sumunod sa mga pithaya nila kapalit ng dumating sa iyo na katotohanan. Para sa bawat kabilang sa inyo ay gumawa Kami ng isang pagbabatas at isang pamamaraan. Kung sakaling niloob ni Allāh ay talaga sanang gumawa Siya sa inyo na nag-iisang kalipunan, subalit [pinag-iiba kayo] upang

sumubok Siya sa inyo sa ibinigay Niya sa inyo. Kaya mag-unahan kayo sa mga kabutihan. Tungo kay Allāh ang babalikan ninyo sa kalahatan saka magbabalita Siya sa inyo hinggil sa anumang kayo dati kaugnay roon ay nagkakaiba-iba."(Qur’an 5:48)Nagsabi ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Ako ay pinakamalapit sa mga tao kay Jesus na anak ni Maria sa Mundo at Kabilang-buhay. Ang mga propeta ay magkakapatid sa ama. Ang mga ina nila ay magkakaiba at ang relihiyon nila ay iisa."(Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy: 3443.)

# 5. Ang Islām ay nag-aanyaya – gaya ng pag-anyaya ng lahat ng mga propeta: sina Noe, Abraham, Moises, Solomon, David, at Jesus (sumakanila ang pagbati ng kapayapaan) – sa pananampalataya na ang Panginoon ay si Allāh, ang Tagalikha, ang Palatustos, ang Tagapagbigay-buhay, ang Tagapagbigay-kamatayan, ang Tagapagmay-ari ng paghahari. Siya ay ang nangangasiwa sa kapakanan at Siya ay ang Mahabagin, ang Maawain.

Ang Islām ay nag-aanyaya – gaya ng pag-anyaya ng lahat ng mga propetang sina Noe, Abraham, Moises, Solomon, David, at Jesus (sumakanila ang pagbati ng kapayapaan) – sa pananampalataya na ang Panginoon ay si Allāh, ang Tagalikha, ang Palatustos, ang Tagapagbigay-buhay, ang Tagapagbigay-kamatayan, ang Tagapagmay-ari ng paghahari. Siya ay ang nangangasiwa sa kapakanan at Siya ay ang Mahabagin, ang Maawain. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"O mga tao, alalahanin ninyo ang biyaya ni Allāh sa inyo. May tagalikha kayang iba pa kay Allāh, na nagtutustos sa inyo mula sa langit at lupa? Walang Diyos kundi Siya, kaya paanong nalilinlang kayo?"(Qur'ān 35:3)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Sabihin mo: "Sino ang nagtutustos sa inyo mula sa langit at lupa? O sino ang nagmamay-ari ng pandinig at mga paningin? Sino ang nagpapalabas ng buhay mula sa patay at ang nagpapalabas ng patay mula sa buhay? Sino ang nangangasiwa sa kapakanan?" Magsasabi sila na si Allāh, kaya sabihin mo: "Kaya hindi ba kayo mangingilag magkasala?""(Qur’an 10:31)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"O ang nagsisimula ng paglikha, pagkatapos nagpapanumbalik nito, at ang nagtutustos sa inyo mula sa langit at lupa ay isang diyos ba kasama kay Allāh?" Sabihin mo: "Magbigay kayo ng patotoo ninyo kung kayo ay mga tapat.""(Qur’an 27:64)Ang lahat ng mga propeta at mga isinugo (sumakanila ang pagbati ng kapayapaan) ay ipinadala nang may paanyaya sa pagsamba kay Allāh lamang. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):Talaga ngang nagpadala Kami sa bawat kalipunan ng isang sugo, na [nagsasabi]: "Sumamba kayo kay Allāh at umiwas kayo sa mapagmalabis." Kaya kabilang sa kanila ay pinatnubayan ni Allāh at kabilang sa kanila ay nagindapat sa kanya ang kaligawan. Kaya humayo kayo sa lupain saka tumingin kayo kung papaano naging ang kinahinatnan ng mga tagapagpasinungaling.(Qur'ān 16:36)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Hindi Kami nagsugo bago mo pa ng anumang sugo malibang nagkakasi Kami sa kanya na walang Diyos kundi Ako kaya sumamba kayo sa Akin."(Qur'ān 21:25)Nagpabatid si Allāh tungkol kay Noe (sumakanya ang pagbati ng kapayapaan) na siya ay nagsabi:"O mga kababayan ko, sumamba kayo kay Allāh; walang ukol sa inyo na anumang Diyos na iba pa sa Kanya. Tunay na ako ay nangangamba para sa inyo sa pagdurusa sa isang araw na sukdulan."(Qur'ān 7:59)Nagsabi ang matalik na kaibigan [ni Allāh] na si Abraham (sumakanya ang pagbati ng kapayapaan) gaya ng ipinabatid ni Allāh tungkol sa kanya na siya ay nagsabi:"[Banggitin] si Abraham noong nagsabi siya sa mga kababayan niya: "Sumamba kayo kay Allāh at mangilag kayong magkasala sa Kanya; iyon ay higit na mabuti para sa inyo kung kayo ay naging nakaaalam."(Qur'ān 29:16)Nagsabi si Ṣāliḥ (sumakanya ang pagbati ng kapayapaan)

gaya ng ipinabatid ni Allāh tungkol sa kanya:"Nagsabi siya: "O mga kalipi ko, sumamba kayo kay Allāh; walang ukol sa inyo na anumang Diyos na iba pa sa Kanya. May dumating nga sa inyo na isang malinaw na patunay mula sa Panginoon ninyo. Ito ay dumalagang kamelyo ni Allāh; para sa inyo ay isang tanda, kaya hayaan ninyo itong manginain sa lupain ni Allāh at huwag ninyong salingin ito ng isang kasagwaan para hindi kayo daklutin ng isang pagdurusang masakit."(Qur'ān 7:73)Nagsabi si Shu`ayb (sumakanya ang pagbati ng kapayapaan) gaya ng ipinabatid ni Allāh tungkol sa kanya:"Nagsabi siya: "O mga kalipi ko, sumamba kayo kay Allāh; walang ukol sa inyo na anumang Diyos na iba pa sa Kanya. May dumating nga sa inyo na isang malinaw na patunay mula sa Panginoon ninyo. Kaya magpalubus-lubos kayo ng pagtatakal at [pagtitimbang sa] timbangan, huwag kayong magpakulang sa mga tao sa mga bagay-bagay nila, at huwag kayong manggulo sa lupa matapos ng pagsasaayos nito. Iyon ay higit na mabuti para sa inyo kung kayo ay mga mananampalataya."(Qur’an 7:85)Ang kauna-unahan sa pakikipag-usap ni Allāh kay Moises (ang pagbati ng kapayapaan) ay [nang] nagsabi Siya rito (kaluwalhatian sa Kanya):13. Ako ay pumili sa iyo kaya makinig ka sa ikakasi:14. Tunay na Ako ay si Allāh; walang Diyos kundi Ako, kaya sumamba ka sa Akin at magpanatili ka sa pagdarasal para sa pag-alaala sa Akin.(Qur’an 20:13-14)Nagsabi si Allāh habang nagpapabatid tungkol kay Moises (ang pagbati ng kapayapaan) na ito ay nagpakupkop sa Kanya sapagkat nagsabi ito:"Nagsabi si Moises: "Tunay na ako ay nagpakupkop sa Panginoon ko at Panginoon ninyo laban sa bawat nagpapakamalaking hindi sumasampalataya sa Araw ng Pagtutuos.""(Qur’an 40:27)Nagsabi si Allāh habang nagpapabatid tungkol kay Kristo (ang pagbati ng kapayapaan) na ito ay nagsabi:"Tunay na si Allāh ay Panginoon ko at Panginoon ninyo kaya sumamba kayo sa Kanya. Ito ay landasing tuwid."(Qur'ān 3:51)Nagsabi si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) habang nagpapabatid din tungkol kay Kristo (ang pagbati ng kapayapaan) na ito ay nagsabi:"O mga anak ni Israel, sumamba kayo kay Allāh, na Panginoon ko at Panginoon ninyo." Tunay na ang sinumang nagtatambal kay Allāh ay nagkait nga si Allāh sa kanya ng Paraiso at ang kanlungan niya ay ang Apoy. Walang ukol sa mga tagalabag sa katarungan na mga tagaadya."(Qur’an 5:72)Bagkus pati na sa Bibliya, nasaad dito ang pagbibigay-diin sa pagsamba kay Allāh lamang sapagkat nasaad sa Deuteronomio 6:4 ang sabi niya Moises:"Dinggin mo, Oh Israel: ang Panginoon nating Dios ay iisang Panginoon"Nasaad ang pagbibigay-diin sa Monoteismo sa Ebanghelyo ni Marcos 12:29 kung saan nagsabi si Kristo (ang pagbati ng kapayapaan):"Ang unang habilin ay, Pakinggan mo, Oh Israel; Ang Panginoon nating Dios, ang Panginoon ay iisa"Nilinaw ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) na ang lahat ng mga propeta ay ipinadala na may dakilang misyon na ito, ang pag-anyaya sa Monoteismo. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"At talaga ngang nagpadala Kami sa bawat kalipunan ng isang sugo, na [nagsasabi]: "Sumamba kayo kay Allāh at umiwas kayo sa mapagmalabis." Kaya kabilang sa kanila ay pinatnubayan ni Allāh at kabilang sa kanila ay nagindapat sa kanya ang kaligawan."(Qur'ān 16:36)Nagsabi pa Siya (pagkataas-taas Siya):"Sabihin mo: "Nagsaalang-alang ba kayo sa dinadalanginan ninyo bukod pa kay Allāh? Magpakita kayo sa akin kung ano ang nilikha nila mula sa lupa, o kung mayroon silang pakikitambal sa mga langit. Maghatid kayo sa akin ng isang aklat bago pa nito o ng isang bakas mula sa kaalaman, kung kayo ay mga tapat.""(Qur’an 46:4)Nagsabi si Shaykh As-Sa`dīy, kaawaan siya ni Allāh:"Kaya nalaman na ang pakikipagdebate sa mga tagapagtambal kaugnay sa pagtatambal nila ay hindi sumasalig doon sa isang patotoo ni isang patunay. Sumasandal lamang sila sa mga sinungaling na palagay, mga mahihinang opinyon, at mga tiwaling pag-iisip. Magpapahiwatig sa iyo sa katiwalian ng mga ito ang pagsasaliksik sa mga kalagayan nito, ang pagsubaybay sa mga kaalaman nila at mga gawain nila, at ang pagmamasid sa kalagayan ng mga nag-alay ng mga buhay nila sa pagsamba sa mga ito kung nakapagdulot kaya ang mga ito (ang mga sinasamba bukod pa kay Allāh) sa kanila ng anuman sa Mundo at sa Kabilang-buhay?"Taysīr Al-Karīm Al-Mannān: 779

# 6. Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya) ay ang Tagalikha. Siya lamang ay ang Karapat-dapat sa pagsamba at na huwag sambahin kasama sa Kanya ang iba pa sa Kanya.

Si Allāh ay ang Karapat-dapat na sambahin lamang at na huwag sambahin kasama sa Kanya ang isa na iba pa sa Kanya. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):21. O mga tao, sumamba kayo sa Panginoon ninyo na lumikha sa inyo at sa mga nauna pa sa inyo, nang sa gayon kayo ay mangingilag magkasala,22. na gumawa para sa inyo ng lupa bilang himlayan at ng langit bilang silong, at nagpababa mula sa langit ng tubig kaya nagpalabas Siya sa pamamagitan nito ng mga bunga bilang panustos para sa inyo. Kaya huwag kayong gumawa para kay Allāh ng mga kaagaw samantalang kayo ay nakaaalam.(Qur’an 2:21-22)Kaya ang lumikha sa atin, lumikha sa mga salinlahi na bago pa natin, gumawa ng lupa bilang himlayan para sa atin, at nagpababa sa atin mula sa langit ng tubig kaya nagpalabas Siya para sa atin sa pamamagitan nito ng mga bunga bilang panustos para sa atin, Siya lamang ang karapat-dapat sa pagsamba. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya):"O mga tao, alalahanin ninyo ang biyaya ni Allāh sa inyo. May tagalikha kayang iba pa kay Allāh, na nagtutustos sa inyo mula sa langit at lupa? Walang Diyos kundi Siya, kaya paanong nalilinlang kayo?"(Qur'ān 35:3)Kaya ang lumilikha at nagtutustos ay ang karapat-dapat lamang sa pagsamba. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Iyon ay si Allāh, ang Panginoon ninyo; walang Diyos kundi Siya, ang Tagalikha ng bawat bagay kaya sumamba kayo sa Kanya. Siya sa bawat bagay ay Pinananaligan."(Qur’an 6:102)Ang bawat sinamba bukod pa kay Allāh ay hindi nagiging karapat-dapat sa pagsamba dahil ito ay hindi nagmamay-ari ng kasimbigat ng isang katiting sa mga langit ni sa lupa at hindi isang katambal para kay Allāh sa anumang ni isang tagatulong ni isang mapagtaguyod para kay Allāh. Kaya papaanong dinadalanginan ito kasama kay Allāh o ginagawang isang katambal para sa Kanya? Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Sabihin mo: "Dumalangin kayo sa mga inangkin ninyo bukod pa kay Allāh, samantalang hindi sila nagmamay-ari ng kasimbigat ng isang katiting sa mga langit ni sa lupa, walang ukol sa kanila sa mga ito na anumang pakikitambal [sa Kanya] at walang ukol sa Kanya mula sa kanila na anumang mapagtaguyod,"(Qur’an 34:22)Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya) ay ang lumikha sa mga nilikhang ito o nagpairal sa mga ito mula sa kawalan. Ang kairalan ng mga ito at tagapagpatunay sa kairalan Niya, pagkapanginoon Niya, at pagkadiyos Niya. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):20. At kabilang sa mga tanda Niya ay na lumikha Siya sa inyo mula sa alabok, pagkatapos biglang kayo ay mga taong lumalaganap.21. At kabilang sa mga tanda Niya ay na lumikha Siya para sa inyo, mula sa mga sarili ninyo, ng mga kabiyak upang mapanatag kayo sa kanila at naglagay Siya sa pagitan ninyo ng pagmamahal at awa. Tunay na sa gayon ay talagang may mga tanda para sa mga taong nag-iisip-isip.22. At kabilang sa mga tanda Niya ang pagkakalikha ng mga langit at lupa at ang pagkakaiba-iba ng mga wika ninyo at mga kulay ninyo. Tunay na sa gayon ay talagang may mga tanda para sa mga nakaaalam.23. At kabilang sa mga tanda Niya ang pagtulog ninyo sa gabi at maghapon at ang paghahanap ninyo ng kabutihang-loob Niya. Tunay na sa gayon ay talagang may mga tanda para sa mga taong dumidinig.24. At kabilang sa mga tanda Niya ay nagpapakita Siya sa inyo ng kidlat na [nagdudulot ng] pangamba at paghahangad, at nagbababa Siya mula sa langit ng tubig saka nagbibigay-buhay Siya sa pamamagitan nito sa lupa matapos ng pagkamatay nito. Tunay na sa gayon ay talagang may mga tanda para sa mga taong nakapag-uunawa.25. At kabilang sa mga tanda Niya ay na manatili ang langit at ang lupa ayon sa utos Niya. Pagkatapos kapag tumawag Siya sa inyo sa isang pagtawag mula sa lupa, biglang kayo ay lalabas.26. At sa Kanya ang sinumang nasa mga langit at lupa. Lahat sa Kanya ay mga masunurin.27. At Siya ay ang nagsisimula ng paglikha, pagkatapos nagpapanumbalik nito. Ito ay higit na madali sa Kanya.(Qur’an 30:20-27)Nagkaila si Nimrod ng kairalan ng Panginoon niya kaya nagsabi sa kanya si Abraham (ang pagbati ng kapayapaan) gaya ng ipinabatid ni Allāh tungkol sa kanya:"Nagsabi si Abraham: "Ngunit tunay na si Allāh ay nagpaparating sa araw mula sa silangan kaya magparating ka nito mula sa kanluran." Kaya nagitla ang tumangging sumampalataya. Si Allāh ay hindi nagpapatnubay sa mga taong tagalabag sa katarungan."(Qur’an 2:258)Gayon ipinampatunay ni Abraham (ang pagbati ng kapayapaan) sa mga kababayan niya na si Allāh ay ang nagpatnubay sa kanya, nagpakain sa kanya, at nagpainom sa kanya, na kapag nagkasakit siya ay nagpapagaling si Allāh sa kanya, at na si Allāh ay ang magbibigay-kamatayan sa kanya at magbibigay-buhay sa kanya, sapagkat nagsabi siya, gaya ng ipinabatid ni Allāh tungkol sa kanya:78. na lumikha sa akin saka Siya ay nagpapatnubay sa akin;79. at na Siya ay nagpapakain sa akin at nagpapainom sa akin;80. at kapag nagkasakit ako, Siya ay nagpapagaling sa akin;81. at na magbibigay-kamatayan sa akin, pagkatapos magbibigay-buhay sa akin;(Qur’an 26:78-81)Nagsabi si Allāh habang nagpapabatid tungkol kay Moises (ang pagbati ng kapayapaan) na siya ay nakipangatwiran kay Paraon na nagsasabi rito: Tunay na ang Panginoon niya ay:"ang nagbigay sa bawat bagay ng kaanyuan nito, pagkatapos ay nagpatnubay."(Qur’an 20:50)Nagpasilbi si Allāh ng lahat ng nasa mga langit at lupa para sa tao at nagpaligid Siya rito ng

mga biyaya upang sumamba ito kay Allāh at hindi ito tumangging sumampalataya sa Kanya. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Hindi ba kayo nakakita na si Allāh ay nagpasilbi para sa inyo ng nasa mga langit at nasa lupa at nagpasagana sa inyo ng mga biyaya Niya nang lantaran at pakubli. Mayroon sa mga tao na nakikipagtalo hinggil kay Allāh nang walang isang kaalaman ni isang patnubay ni isang aklat na nagbibigay-liwanag."(Qur’an 31:20)Kung paanong nagpasilbi si Allāh para sa tao ng bawat nasa mga langit at lupa, lumikha nga Siya rito at naghanda Siya rito ng bawat kakailanganin nito na pagdinig, pagtingin, at puso upang matuto ito ng kaalaman na magpapakinabang dito at magpapahiwatig dito sa Pinapanginoon nito at Tagalikha nito. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):" At si Allāh ay nagpalabas sa inyo mula sa mga tiyan ng mga ina ninyo nang hindi kayo nakaaalam ng anuman at gumawa para sa inyo ng pandinig, mga paningin, at mga puso nang sa gayon kayo ay magpapasalamat."(Qur’an 16:78)

Kaya si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya) ay lumikha nga ng lahat ng mga uri ng nilalang na ito, lumikha sa tao, at naghanda rito ng bawat kakailanganin nito na mga bahagi ng katawan at mga lakas, pagkatapos nag-alalay rito ng tutulong dito sa pagsasagawa ng pagsamba sa Kanya at pagsibilisa ng lupa, pagkatapos nagpasilbi para sa kanya ng bawat nasa mga langit at lupa.

Nangatwiran si Allāh sa pamamagitan ng paglikha Niya sa mga dakilang nilikhang ito sa pagkapanginoon Niyang nag-oobliga ng pagkadiyos Niya sapagkat nagsabi Siya (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya):"Sabihin mo: "Sino ang nagtutustos sa inyo mula sa langit at lupa? O sino ang nagmamay-ari ng pandinig at mga paningin? Sino ang nagpapalabas ng buhay mula sa patay at ang nagpapalabas ng patay mula sa buhay? Sino ang nangangasiwa sa kapakanan?" Magsasabi sila na si Allāh, kaya sabihin mo: "Kaya hindi ba kayo mangingilag magkasala?""(Qur’an 10:31)Nagsabi Siya ng katotohanan (kaluwalhatian sa Kanya):"Sabihin mo: "Nagsaalang-alang ba kayo sa dinadalanginan ninyo bukod pa kay Allāh? Magpakita kayo sa akin kung ano ang nilikha nila mula sa lupa, o kung mayroon silang pakikitambal sa mga langit. Maghatid kayo sa akin ng isang aklat bago pa nito o ng isang bakas mula sa kaalaman, kung kayo ay mga tapat.""(Qur’an 46:4)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Lumikha Siya ng mga langit nang walang mga haliging nakikita ninyo. Naglapat Siya sa lupa ng mga matatag na bundok nang hindi gumalaw-galaw ang mga ito sa inyo. Nagkalat Siya rito ng bawat gumagalaw na nilalang. Nagpababa Kami mula sa langit ng tubig at nagpatubo Kami sa lupa ng bawat uring marangal. Ito ay ang nilikha ni Allāh kaya magpakita kayo sa akin kung ano ang nalikha ng mga bukod pa sa Kanya. Bagkus ang mga tagalabag sa katarungan ay nasa isang pagkaligaw na malinaw."(Qur’an 31:10-11)Nagsabi Siya ng katotohanan (kaluwalhatian sa Kanya):35. O nilikha ba sila mula sa hindi isang bagay o sila ay ang mga tagalikha?36. O lumikha ba sila ng mga langit at lupa? Bagkus hindi sila nakatitiyak.37. O taglay ba nila ang mga imbakan ng Panginoon mo, o sila ay ang mga tagapangibabaw?(Qur’an 52:35-37)Nagsabi si Shaykh As-Sa`dīy:"Ito ay isang pagpapatunay sa kanila hinggil sa isang usapin na walang maaari sa kanila hinggil dito kundi ang pagpapasakop sa katotohanan o ang paglabas sa tagapag-obliga ng isip at relihiyon."Tafsīr Ibnu Sa`dīy: 816.

# 7. Si Allāh ay ang Tagalikha ng bawat anumang nasa Sansinukob na anumang nakikita natin at hindi natin nakikita. Ang bawat anumang iba sa Kanya ay isang nilikha kabilang sa mga nilikha Niya. Lumikha si Allāh ng mga langit at lupa sa loob ng anim na araw.

Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay ang Tagalikha ng bawat anumang nasa Sansinukob na anumang nakikita natin at hindi natin nakikita. Ang bawat anumang iba sa Kanya ay isang nilikha kabilang sa mga nilikha Niya. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Sabihin mo: "Sino ang Panginoon ng mga langit at lupa?" Sabihin mo: "Si Allāh." Sabihin mo: "Kaya gumawa ba kayo bukod pa sa Kanya ng mga katangkilik na hindi nakapagdudulot para sa mga sarili nila ng pakinabang ni

pinsala?" Sabihin mo: "Nagkakapantay kaya ang bulag at ang nakakikita? O nagkakapantay kaya ang mga kadiliman at ang liwanag? O gumawa ba sila para kay Allāh ng mga katambal na lumikha gaya ng paglikha Niya kaya nagkawangisan ang pagkakalikha para sa kanila?" Sabihin mo: "Si Allāh ay Tagalikha ng bawat bagay at Siya ay ang Nag-iisa, ang Palalupig.""(Qur’an 13:16) Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"At lumilikha Siya ng mga hindi ninyo nalalaman."(Qur’an 16:8)Lumikha si Allāh ng mga langit at lupa sa loob ng anim na araw. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Siya ay ang lumikha ng mga langit at lupa sa anim na araw. Pagkatapos lumuklok Siya sa trono. Nakaaalam Siya sa anumang lumalagos sa lupa at anumang lumalabas mula rito, anumang bumababa mula sa langit, at anumang pumapanik doon. Siya ay kasama sa inyo nasaan man kayo. Si Allāh sa anumang ginagawa ninyo ay Nakakikita."(Qur’an 57:4)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"At talaga ngang lumikha Kami ng mga langit at lupa at anumang nasa pagitan ng mga ito sa anim na araw at walang sumaling sa Amin na anumang kapagalan."(Qur’an 50:38)

# 8. Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya) ay walang katambal sa paghahari Niya o paglikha Niya o pangangasiwa Niya o pagsamba sa Kanya.

Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya) ay ang Tagapagmay-ari ng paghahari; walang katambal sa paghahari Niya o paglikha Niya o pangangasiwa Niya o pagsamba sa Kanya. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Sabihin mo: "Nagsaalang-alang ba kayo sa dinadalanginan ninyo bukod pa kay Allāh? Magpakita kayo sa akin kung ano ang nilikha nila mula sa lupa, o kung mayroon silang pakikitambal sa mga langit. Maghatid kayo sa akin ng isang aklat bago pa nito o ng isang bakas mula sa kaalaman, kung kayo ay mga tapat.""(Qur’an 46:4)Nagsabi si Shaykh As-Sa`dīy, kaawaan siya ni Allāh:"Ibig sabihin: "Sabihin mo" sa mga nagtambal na ito kay Allāh ng mga diyus-diyusan at mga kaagaw na hindi nakapangyayari ng pakinabang ni pinsala ni kamatayan ni buhay ni pagpapabuhay, sabihin mo sa kanila habang naglilinaw sa kawalang-kakayahan ng mga diyus-diyusan nila at na ang mga ito ay hindi nagiging karapat-dapat sa anuman mula sa pagsamba: "Magpakita kayo sa akin kung ano ang nilikha nila mula sa lupa, o kung mayroon silang pakikitambal sa mga langit." (Qur’an 46:4) Lumikha kaya sila mula sa mga katawan ng mga langit at lupa ng anuman? Lumikha kaya sila ng mga bundok? Nagpadaloy kaya sila ng mga ilog. Nagpabuhay kaya sila ng hayop? Nagpatubo kaya sila ng mga punong-kahoy. Mayroon kaya mula sa kanila na isang pakikipagtulungan sa paglikha ng anuman mula roon? Walang anuman mula roon ayon sa pag-amin nila sa mga sarili nila lalo na ng iba pa sa kanila. Kaya ito ay isang patunay pangkaisipang kapani-paniwala na ang bawat anumang iba kay Allāh, ang pagsamba roon ay walang-saysay.""Pagkatapos nabanggit ang kawalan ng patunay sapagkat nagsabi Siya: "Magdala kayo sa akin ng isang aklat bago pa nito" Ang aklat ay nag-aanyaya sa shirk? "o ng isang bakas mula sa kaalaman" Minana mula sa mga sugo, na nag-aanyaya niyon? Nalalaman na sila ay mga walang-kakayahan na magdala buhat sa isa sa mga sugo ng isang patunay na magpapatunay roon, bagkus nasisigurado natin at natitiyak natin na ang lahat ng mga sugo ay nag-anyaya sa Monoteismo ng Panginoon nila at sumaway sa pagtatambal sa Kanya. Ito ay ang pinakadakila sa naipahatid buhat sa kanila mula sa kaalaman."Tafsīr Ibnu Sa`dīy: 779.Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya) ay ang Tagapagmay-ari ng paghahari; walang katambal para sa Kanya sa paghahari Niya. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Sabihin mo: "O Allāh, Tagapagmay-ari ng paghahari, nagbibigay Ka ng paghahari sa sinumang niloloob Mo, nag-aalis Ka ng paghahari mula sa sinumang niloloob Mo, nagpaparangal Ka sa sinumang niloloob Mo, at nang-aaba Ka sa sinumang niloloob Mo. Nasa kamay Mo ang kabutihan. Tunay na Ikaw sa bawat bagay ay May-kakayahan."(Qur'ān 3:26)Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya) habang naglilinaw na ang lubos na paghahari ay sa Kanya sa Araw ng Pagbangon:"Sa Araw na sila ay mga lilitaw, walang nakakukubli kay Allāh mula sa kanila na anuman. Sa kanino ang paghahari sa Araw na ito? Sa kay Allāh, ang Nag-iisa, ang Palalupig."(Qur’an 40:16)Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya) ay walang katambal para sa Kanya sa paghahari Niya o paglikha Niya o pangangasiwa Niya o pagsamba sa Kanya. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Sabihin mo: "Ang papuri ay ukol kay Allāh na hindi gumawa ng anak. Hindi Siya nagkaroon ng katambal sa paghahari Niya at hindi Siya nagkaroon ng katangkilik dahil sa

kaabahan. Dumakila ka sa Kanya nang [lubos na] pagdadakila."(Qur’an 17:111)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"na sa Kanya ang paghahari sa mga langit at lupa. Hindi Siya gumawa ng anak, hindi Siya nagkaroon ng katambal sa paghahari, at lumikha Siya sa bawat bagay saka nagtakda Siya rito ayon sa isang pagtatakda."(Qur’an 25:2)Kaya Siya ay ang Tagapagmay-ari at ang anumang iba sa Kanya ay minamay-ari para sa Kanya (kaluwalhatian sa Kanya). Siya ay ang Tagalikha at ang anumang iba sa Kanya ay nilikha para sa Kanya. Siya ay ang nangangasiwa sa kapakanan at ang sinumang ito ay naging pumapatungkol sa Kanya, kinakailangan ang pagsamba sa Kanya at ang pagsamba sa iba pa sa Kanya ay kakulangan sa pag-iisip at isang pagtatambal na nakakagulo sa Mundo at Kabilang-buhay. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"At nagsabi sila: "Maging mga Hudyo o mga Kristiyano kayo, mapapatnubayan kayo." Sabihin mo: "Bagkus [sumunod] sa kapaniwalaan ni Abraham bilang makatotoo. Hindi siya naging kabilang sa mga tagapagtambal [kay Allāh].""(Qur’an 2:135)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Sino ang higit na maganda sa relihiyon kaysa sa sinumang nagpasakop ng mukha niya kay Allāh habang siya ay tagagawa ng maganda at sumunod sa kapaniwalaan ni Abraham bilang makatotoo. Gumawa si Allāh kay Abraham bilang matalik na kaibigan."(Qur’an 4:125)Nilinaw Niya ang katotohanan (kaluwalhatian sa Kanya) na ang sumunod sa iba sa kapaniwalaan ni Abraham, ang matalik na kaibigan [ni Allāh] (ang pagbati ng kapayapaan), ay nagpahangal nga sa sarili niya. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):At sino ang nasusuya sa kapaniwalaan ni Abraham kundi ang nagpahangal sa sarili niya? Talaga ngang humirang Kami sa kanya sa Mundo. Tunay na siya sa Kabilang-buhay ay talagang kabilang sa mga maayos."(Qur’an 2:130)

# 9. Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay hindi nagkaanak at hindi ipinanganak at wala Siyang kapantay o katulad.

Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay hindi nagkaanak at hindi ipinanganak at wala Siyang kapantay o katulad. Nagsabi si Allāh ng katotohanan (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya):1. Sabihin mo: "Siyang si Allāh ay iisa.2. Si Allāh ay ang Dulugan [sa pangangailangan].3. Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak.4. At hindi nagkaroon sa Kanya ng isang kapantay na isa man."(Qur’an 112:1-4)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Ang Panginoon ng mga langit at lupa at anumang nasa pagitan ng mga ito, kaya sumamba ka sa Kanya at magpakamatiisin ka para sa pagsamba sa Kanya. Nakaaalam ka kaya para sa Kanya ng isang kapangalan?""(Qur’an 19:65)Nagsabi Siya ng katotohanan (kapita-pitagan ang pumapatungkol sa Kanya):"Ang Tagalalang ng mga langit at lupa, gumawa Siya para sa inyo mula sa mga sarili ninyo ng mga kabiyak at mula sa mga hayupan ng mga kabiyak, na nagpaparami Siya sa inyo dahil doon. Walang katulad sa Kanya na anuman, at Siya ay ang Madinigin, ang Nakakikita."(Qur'ān 42:11)

# 10. Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya) ay hindi dumadapo sa isang bagay at hindi nagsasakatawan sa isang bagay kabilang sa nilikha Niya.

Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya) ay hindi dumadapo sa isang bagay at hindi nagsasakatawan sa isang bagay kabilang sa nilikha Niya at hindi nakikipag-isa sa isang bagay. Iyon ay dahil si Allāh ay ang Tagalikha at ang anumang iba sa Kanya ay nilikha. Siya ay ang Matitira at ang anumang iba sa Kanya, ang kauuwian nito ay ang pagkalipol. Ang bawat bagay ay pag-aari Niya at Siya ay ang Tagapagmay-ari nito. Kaya si Allāh ay hindi dumadapo sa isang anuman kabilang sa nilikha Niya at walang dumadapong anuman kabilang sa nilikha Niya sa sarili Niya (kaluwalhatian sa Kanya). Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya) ay pinakamalaki kaysa sa bawat anuman kabilang sa nilikha Niya. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya) habang nagkakaila sa sinumang nagpalagay na Siya ay dumapo nga kay Kristo:"Talaga ngang tumangging sumampalataya

ang mga nagsabi: "Tunay na si Allāh ay ang Kristo na anak ni Maria." Sabihin mo: "Kaya sino ang nakapangyayari laban kay Allāh sa anuman kung nagnais Siya na magpahamak sa Kristo na anak ni Maria, sa ina niya, at sa sinumang nasa lupa sa kalahatan?" Sa kay Allāh ang paghahari sa mga langit at lupa at anumang nasa pagitan ng mga ito. Lumilikha Siya ng anumang niloloob Niya. Si Allāh, sa bawat bagay, ay May-kakayahan."(Qur'an 5:17)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):115. At sa kay Allāh ang silangan at ang kanluran kaya saanman kayo humarap ay naroon ang Mukha ni Allāh. Tunay na si Allāh ay Malawak, Maalam.116. Nagsabi sila: "Nagkaroon si Allāh ng anak." Kaluwalhatian sa Kanya! Bagkus sa Kanya ang anumang nasa mga langit at lupa. Lahat sa Kanya ay mga masunurin,117. ang Tagapagpasimula ng mga langit at lupa. Kapag nagtadhana Siya ng isang bagay ay nagsasabi lamang Siya rito na mangyari saka mangyayari ito.(Qur'an 2:115-117)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):88. At nagsabi sila: "Gumawa ang Napakamaawain ng anak."89. Talaga ngang nakagawa kayo ng isang bagay na kakila-kilabot.90. Halos ang mga langit ay nagkakabitak-bitak dahil dito, nabibiyak ang lupa, at bumabagsak ang mga bundok nang durug-durog,91. dahil nag-angkin sila para sa Napakamaawain ng anak.92. At hindi nararapat para sa Napakamaawain na gumawa ng anak.93. Walang [magagawa] ang bawat sinumang nasa mga langit at lupa kundi pupunta sa Napakamaawain bilang alipin.94. Talaga ngang nag-isa-isa Siya sa kanila at bumilang Siya sa kanila sa isang pagbilang.95. At lahat sila ay pupunta sa Kanya sa Araw ng Pagbangon nang bukod.(Qur'an 19:88-95)Nagsabi pa Siya (pagkataas-taas Siya):"Si Allāh, walang Diyos kundi Siya, ang Buháy, ang Mapagpanatili. Hindi Siya nadadala ng antok ni ng pagkatulog. Sa Kanya ang anumang nasa mga langit at ang anumang nasa lupa. Sino itong mamamagitan sa harap Niya malibang ayon sa pahintulot Niya? Nakaaalam Siya sa anumang nasa harapan nila at anumang nasa likuran nila. Hindi sila pumapaligid sa anuman mula sa kaalaman Niya malibang ayon sa niloob Niya. Sumakop ang luklukan Niya sa mga langit at lupa at hindi nakabibigat sa Kanya ang pangangalaga sa mga ito. Siya ay ang Mataas, ang Sukdulan."(Qur'an 2:255)Kaya Siya na ito ang pumapatungkol sa Kanya at iyan ang pumapatungkol sa nilikha Niya, papaano Siyang dadapo na kabilang sa kanila o gagawa rito bilang anak para sa Kanya o gagawa rito bilang diyos kasama sa Kanya?

# 11. Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya) ay Mahabagin, Maawain sa mga lingkod Niya. Dahil dito, nagsugo Siya ng mga sugo at nagpababa Siya ng mga kasulatan.

At si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya) ay ang Mahabagin, ang Maawain sa mga lingkod Niya sapagkat bahagi ng awa Niya sa mga lingkod Niya na nagsugo Siya sa kanila ng mga sugo at nagpababa Siya sa kanila ng mga kasulatan upang magpalabas sa kanila mula sa mga kadiliman ng kawalang-pananampalataya at pagtatambal [sa Kanya] tungo sa liwanag ng Monoteismo at patnubay. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Siya ay ang nagbababa sa Lingkod Niya ng mga tandang malilinaw upang magpalabas Siya sa inyo mula sa mga kadiliman tungo sa liwanag. Tunay na si Allāh sa inyo ay talagang Mahabagin, Maawain."(Qur'ān 57:9)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"At hindi Kami nagsugo sa iyo kundi bilang awa para sa mga nilalalang."(Qur'ān 21:107)At nag-utos si Allāh sa Propeta Niya na magpabatid sa mga tao na Siya ay ang Mapagpatawad, ang Maawain, sapagkat nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya):"Magbalita ka sa mga lingkod Ko na Ako ay ang Mapagpatawad, ang Maawain,"(Qur'ān 15:49)Bahagi ng habag Niya at awa Niya, Siya ay pumapawi ng pinsala at nagpapababa ng kabutihan sa mga lingkod Niya. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"At kung sasaling sa iyo si Allāh ng isang kapinsalaan ay walang tagapawi nito kundi Siya. Kung magnanais Siya sa iyo ng isang kabutihan ay walang tagatulak sa kabutihang-loob Niya. Nagpapatama Siya nito sa sinumang niloloob Niya kabilang sa mga lingkod Niya. Siya ay ang Mapagpatawad, ang Maawain. "(Qur'ān 10:107)

## 12. Si Allāh ay ang Panginoong Maawain. Siya lamang ang makikipagtuos sa mga nilikha sa Araw ng Pagbangon kapag magbubuhay Siya sa kanila sa kalahatan mula sa mga libingan nila para gumanti Siya sa bawat persona ayon sa ginawa nito na kabutihan o kasamaan. Kaya ang sinumang gumawa ng mga gawang maayos habang siya ay mananampalataya, ukol sa kanya ang Kaginhawahang mananatili. Ang sinumang tumangging sumampalataya at gumawa ng mga gawang masagwa, ukol sa kanya ang sukdulang pagdurusa sa Kabilang-buhay.

Si Allāh ay ang Panginoong Maawain. Siya lamang ang makikipagtuos sa mga nilikha sa Araw ng Pagbangon kapag magbubuhay Siya sa kanila sa kalahatan mula sa mga libingan nila para gumanti Siya sa bawat persona ayon sa ginawa nito na kabutihan o kasamaan. Kaya ang sinumang gumawa ng mga gawang maayos habang siya ay mananampalataya, ukol sa kanya ang Kaginhawahang mananatili. Ang sinumang tumangging sumampalataya at gumawa ng mga gawang masagwa, ukol sa kanya ang sukdulang pagdurusa sa Kabilang-buhay. Kaya bahagi ng kalubusan ng katarungan ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya), karunungan Niya, at awa Niya sa nilikha Niya ay na gumawa Siya sa Mundong ito bilang tahanan ng paggawa at gumawa Siya ng isang ikalawang tahanan na magiging naroon ang pagganti, ang pagtutuos, at ang gantimpala hanggang sa magtamo ang tagagawa ng maganda ng gantimpala ng paggawa niya ng maganda at magtamo ang tagagawa ng masagwa, ang tagalabag sa katarungan, at ang tagasalansang ng kaparusahan sa pagsalansang niya at kawalang-katarungan niya. Dahil ang usaping ito ay maaaring itinuturing na imposible ng ilan sa mga kaluluwa, naglatag nga si Allāh ng maraming patunay na nagpapatunay na ang pagbubuhay ay totoo, na walang pasubali hinggil dito. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"At kabilang sa mga tanda Niya na ikaw ay nakakikita na ang lupa ay tigang ngunit kapag nagpababa Kami sa ibabaw nito ng tubig ay gumalaw-galaw ito at lumago ito. Tunay na ang nagbigay-buhay rito ay talagang tagapagbigay-buhay sa mga patay. Tunay na Siya sa bawat bagay ay May-kakayahan."(Qur'ān 41:39)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"O mga tao, kung kayo ay nasa isang pag-aalinlangan sa pagbubuhay, tunay na Kami ay lumikha sa inyo mula sa alabok, pagkatapos mula sa isang patak, pagkatapos mula sa isang malalinta, pagkatapos mula sa isang kimpal na laman na inanyuan at hindi inanyuan, upang maglinaw Kami para sa inyo. Nagpapanatili Kami sa mga sinapupunan ng niloloob Namin hanggang sa isang taning na tinukoy, pagkatapos nagpapalabas Kami sa inyo bilang bata, pagkatapos upang umabot kayo sa kalakasan ninyo. Mayroon sa inyo na pinapapanaw at mayroon sa inyo na pinaaabot sa pinakahamak na gulang upang hindi siya makaalam, noong matapos ng isang kaalaman, ng anuman. Nakakikita ka na ang lupa ay patay, ngunit kapag nagpababa Kami sa ibabaw nito ng tubig ay gumalaw-galaw ito, lumalago ito, at nagpapatubo ito ng bawat uring marilag."(Qur'ān 22:5)Bumanggit ang katotohanan sa talatang ito ng tatlong patunay na pangkaisipan sa pagbubuhay. Ang mga ito ay ang sumusunod:

1. Na ang tao ay nilikha ni Allāh sa unang pagkakataon mula sa alabok at ang sinumang lumikha rito mula sa alabok, siya ay nakakakaya na magpanumbalik dito sa buhay kapag ito ay naging alabok.

2. Na ang sinumang lumikha, mula sa patak, ng isang mortal ay nakakakaya na magpanumbalik sa tao sa buhay matapos ng kamatayan nito.

3. Na ang sinumang nagbigay-buhay sa lupa sa pamamagitan ng ulan matapos ng kamatayan nito ay nakakakaya sa pagbibigay-buhay sa mga tao matapos ng kamatayan nila. Sa talatang ito ay may dakilang patunay sa pagkamahimala ng Qur'ān sapagkat papaanong nagtipon ang talatang ito – samantalang ito ay hindi naman mahaba – ng mga patotoong pangkaisipang nakamamangha sa isang dakilang usapin.

Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"sa Araw na magtutupi Kami sa langit gaya ng pagtupi ng pahina para sa mga talaan. Kung paanong nagsimula Kami ng unang paglikha ay magpapanumbalik Kami niyon, bilang pangako ukol sa Amin. Tunay na Kami ay laging magsasagawa."(Qur'ān 21:104)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):78. At naglahad siya para sa Amin ng isang paghahalintulad at nakalimot siya sa pagkalikha sa kanya. Nagsabi siya: "Sino ang magbibigay-buhay sa mga buto samantalang ang mga ito ay bulok na?"79. Sabihin mo: "Magbibigay-buhay sa mga ito ang nagpaluwal sa mga ito sa unang pagkakataon; at Siya sa bawat nilikha ay Maalam."(Qur'ān 36:78-79)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):27. Kayo ba ay higit na matindi sa pagkakalikha o ang langit, na ipinatayo Niya?28. Inangat Niya ang bubong nito at saka binuo ito.29. At nagpakulimlim Siya ng gabi nito at nagpalabas Siya ng kaliwanagan nito.30. At sa lupa, matapos niyon, ay naglagak Siya nito.31. Nagpalabas Siya mula rito ng tubig nito at pastulan nito.32. At sa mga bundok ay nag-angkla,(Qur'ān 79:27-32)Kaya nilinaw Niya ang katotohanan na ang paglikha ng tao ay hindi higit na matindi kaysa sa paglikha ng langit at lupa at anumang nasa mga ito sapagkat ang nakakakaya sa paglikha ng mga langit at lupa ay hindi nawawalang-kakayahan na magpanumbalik sa tao sa ikalawang pagkakataon.

# 13. Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya) ay lumikha kay Adan mula sa alabok at gumawa sa mga supling niya na nagdamihan noong wala na siya. Kaya ang mga tao sa kabuuan nila, sa pinagmulan nila ay magkakapantay. Walang kalamangan sa isang lahi higit sa ibang lahi ni sa isang lipi higit sa ibang lipi maliban sa pangingilag magkasala.

Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya) ay lumikha kay Adan mula sa alabok at gumawa sa mga supling niya na nagdamihan noong wala na siya. Kaya ang mga tao sa kabuuan nila, sa pinagmulan nila ay magkakapantay. Walang kalamangan sa isang lahi higit sa ibang lahi ni sa isang lipi higit sa ibang lipi maliban sa pangingilag magkasala. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"O mga tao, tunay na Kami ay lumikha sa inyo mula sa isang lalaki at isang babae at gumawa sa inyo na mga bansa at mga lipi upang magkakilalahan kayo. Tunay na ang pinakamarangal sa inyo sa ganang kay Allāh ay ang pinakamapangilag magkasala sa inyo. Tunay na si Allāh ay Maalam, Mapagbatid."(Qur'ān 49:13)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"At si Allāh ay lumikha sa inyo mula sa alabok, pagkatapos mula sa patak ng punlay, pagkatapos gumawa sa inyo ng mga asawa. Walang nagbubuntis na isang babae at walang nagsisilang malibang nasa kaalaman Niya. Walang pinatatanda na isang pinatatanda at walang ibinabawas mula sa edad nito malibang nasa isang talaan. Tunay na iyon kay Allāh ay madali."(Qur'ān 35:11)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Siya ay ang lumikha sa inyo mula sa alabok, pagkatapos mula sa isang patak, pagkatapos mula sa isang malalinta, pagkatapos nagpapalabas Siya sa inyo bilang bata, pagkatapos upang umabot kayo sa kalakasan ninyo, pagkatapos upang kayo ay maging mga matanda – at mayroon sa inyo na pinapapanaw bago pa niyon – at upang umabot kayo sa isang taning na tinukoy, at nang sa

gayon kayo ay makapag-uunawa."(Qur'ān 40:67)Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya) habang naglilinaw na Siya ay lumikha kay Kristo sa pamamagitan ng utos na pampangyayari gaya ng paglikha Niya kay Adan mula sa alabok sa pamamagitan ng utos na pampangyayari. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Tunay na ang paghahalintulad kay Jesus sa ganang kay Allāh ay gaya ng paghahalintulad kay Adan; lumikha Siya rito mula sa alabok, pagkatapos nagsabi Siya rito na mangyari saka mangyayari ito."(Qur'ān 3:59)Nauna na nabanggit ko sa parapo numero 2 na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay naglinaw na ang mga tao ay magkakapantay at walang kalamangan sa isa higit sa isa maliban sa pangingilag magkasala.

# 14. Bawat sanggol ay ipinanganganak sa kalikasan ng pagkalalang.

Bawat sanggol ay ipinanganganak sa kalikasan ng pagkalalang. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Kaya magpanatili ka ng mukha mo sa Relihiyon bilang makatotoo. [Mamalagi sa] kalikasan ng pagkalalang ni Allāh na nilalang Niya ang mga tao ayon dito. Walang pagpapalit para sa pagkakalikha ni Allāh. Iyon ay ang Relihiyong matuwid, subalit ang higit na marami sa mga tao ay hindi nakaaalam."(Qur'ān 30:30) Ang Ḥanīfīyah ay ang kapaniwalaan ni Abraham, ang matalik na kaibigan [ni Allāh] (ang pagbati ng kapayapaan). Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Pagkatapos nagkasi Kami sa iyo na sumunod ka sa kapaniwalaan ni Abraham bilang makatotoo. Hindi siya noon kabilang sa mga tagapagtambal."(Qur'ān 16:123)Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Walang anumang sanggol malibang ipinanganganak sa kalikasan ng pagkalalang saka ang mga magulang niya ay nagpapahudyo sa kanya o nagpapakristiyano sa kanya o nagpapamago sa kanya, gaya ng pagsisilang ng hayupan ng isang hayupang buo. Nakadarama kaya kayo rito ng naputulan?"Pagkatapos nagsasabi si Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya):"[Mamalagi sa] kalikasan ng pagkalalang ni Allāh na nilalang Niya ang mga tao ayon dito. Walang pagpapalit para sa pagkakalikha ni Allāh. Iyon ay ang Relihiyong matuwid, subalit ang higit na marami sa mga tao ay hindi nakaaalam."(Qur'ān 30:30)Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 4775.Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Pansinin, tunay na ang Panginoon ko ay nag-utos sa akin na magturo ako sa inyo, ng hindi ninyo nalalaman, mula sa mga itinuro Niya sa akin sa araw kong ito. [Nagsabi Siya]: Bawat yaman na ipinagkaloob Ko sa isang tao ay ipinahihintulot. Tunay na Ako ay lumikha ng mga lingkod Ko bilang mga makatotoo sa kalahatan nila. Tunay na sila ay pinuntahan ng mga demonyo saka nagpalisan ang mga ito sa kanila palayo sa relihiyon nila, nagbawal ang mga ito sa kanila ng ipinahintulot Ko sa kanila, at nag-utos ang mga ito sa kanila na magtambal sila sa Akin ng hindi Ako nagpababa roon ng isang katibayan."(Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 2865)

# 15. Walang isa sa sangkatauhan na ipinanganganak na nagkakasala o nagmamana ng kasalanan ng iba pa sa kanya.

Walang isa sa sangkatauhan na ipinanganganak na nagkakasala o nagmamana ng kasalanan ng iba pa sa kanya. Nagpabatid sa atin si Allāh (pagkataas-taas Siya) na si Adan (ang pagbati ng kapayapaan) – noong sumalungat siya sa makadiyos na utos at kumain siya at ang maybahay niyang si Eva mula sa punong-kahoy – ay nagsisi, nagbalik-loob, at humingi kay Allāh ng kapatawaran. Kaya naman nagpatalos sa kanya si Allāh na magsabi siya ng mga pangungusap na kaaya-aya saka tumanggap si Allāh sa kanilang dalawa ng pagbabalik-loob. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):35. At nagsabi Kami: "O Adan, manahan ka at ang asawa mo sa Paraiso at kumain kayong dalawa mula rito nang masagana saanman ninyong dalawa loobin ngunit huwag kayong dalawa lumapit sa punong-kahoy na ito dahil kayong dalawa ay maging kabilang sa mga tagalabag sa katarungan."36. Ngunit nagpatisod sa kanilang dalawa ang demonyo palayo roon at nagpalabas siya sa kanilang dalawa mula sa dating kinaroroonan nilang dalawa. Nagsabi Kami: "Lumapag kayo; ang iba sa inyo para sa iba ay kaaway. Ukol sa inyo sa lupa ay isang pinagtitigilan at isang natatamasa hanggang sa isang panahon."37. Saka nakatanggap si Adan mula sa Panginoon nito ng mga salita

saka tumanggap Siya sa pagbabalik-loob nito. Tunay na Siya ay ang Palatanggap ng pagbabalik-loob, ang Maawain.38. Nagsabi Kami: "Bumaba kayo mula rito sa kalahatan. Kung may darating nga sa inyo mula sa Akin na isang patnubay, ang mga sumunod sa patnubay Ko ay walang pangamba sa kanila ni sila ay malulungkot."(Qur'ān 2:35-38)Yayamang tumanggap ng pagbabalik-loob si Allāh kay Adan (ang pagbati ng kapayapaan), hindi na siya isang nagdadala ng kasalanan. Dahil doon, tunay na ang mga supling niya ay hindi nagmana ng kasalanang naalis na dahil sa pagbabalik-loob. Ang pangunahing panuntunan ay na ang tao ay hindi nagdadala ng pasanin ng iba pa sa kanya. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"At walang [kasalanang] nakakamit ang bawat kaluluwa malibang laban dito. Hindi magpapasan ang isang tagapasan ng pasanin ng iba. Pagkatapos tungo sa Panginoon ninyo ang babalikan ninyo saka magbabalita Siya sa inyo hinggil sa anumang kayo noon hinggil doon ay nagkakaiba-iba."(Qur'ān 6:164)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Ang sinumang napatnubayan ay napatnubayan lamang para sa sarili niya at ang sinumang naligaw ay naligaw lamang laban dito. Hindi papasanin ng isang tagapasan ang pasanin ng iba. Hindi Kami magpaparusa hanggang sa magpadala Kami ng isang sugo."(Qur'ān 17:15)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"At hindi papasanin ng isang tagapasan ang pasanin ng iba. Kung may mag-aanyayang isang nabibigatan sa pagdala nito ay hindi magdadala mula rito ng anuman, kahit pa man siya ay isang may pagkakamag-anak. Makapagbabala ka lamang sa mga natatakot sa Panginoon nila nang lingid at nagpanatili ng pagdarasal. Ang sinumang nagpakadalisay ay nagpakadalisay lamang para sa sarili niya. Sa kay Allāh ang kahahantungan."(Qur'ān 35:18)

# 16. Ang layon ng paglikha sa mga tao ay ang pagsamba kay Allāh lamang.

Ang layon ng paglikha sa mga tao ay ang pagsamba kay Allāh lamang. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"At hindi Ako lumikha ng jinn at tao kundi upang sumamba sila sa Akin."(Qur'ān 51:56)

# 17. Ang Islām ay nagparangal sa tao – sa lalaki man o sa babae – naggarantiya para sa kanya ng kumpletong mga karapatan niya; gumawa sa kanya bilang tagapanagot sa lahat ng mga pagpipili niya, mga gawa niya, at mga pag-aasal niya; at nagpapapasan sa kanya ng pananagutan sa alinmang gawain na nakapipinsala sa sarili niya o nakapipinsala sa mga ibang tao.

Ang Islām ay nagparangal sa tao – sa lalaki man o sa babae – sapagkat si Allāh (pagkataas-taas Siya) ay lumikha sa tao upang maging isang kahalili sa lupa. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"[Banggitin] noong nagsabi ang Panginoon mo sa mga anghel: "Tunay na Ako ay maglalagay sa lupa ng isang kahalili.""(Qur'ān 2:30)Ang pagpaparangal na ito ay sumasaklaw sa lahat ng mga anak ni Adan. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"At talaga ngang nagparangal Kami sa mga anak ni Adan, nagdala Kami sa kanila sa katihan at karagatan, tumustos Kami sa kanila mula sa mga kaaya-ayang bagay, at nagtangi Kami sa kanila higit sa marami sa nilikha Namin nang [higit na] pagtatangi."(Qur'ān 17:70)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"talaga ngang lumikha Kami sa tao sa isang pinakamagandang paghuhubog."(Qur'ān 95:4)Nagbawal si Allāh sa tao na gumawa ito sa sarili niya bilang kaaba-abang tagasunod para sa isang sinasamba o sinusunod o tinatalima bukod pa kay Allāh. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"At may mga tao na gumagawa sa bukod pa kay

Allāh bilang mga kaagaw na umiibig sila sa mga ito gaya ng pag-ibig kay Allāh samantalang ang mga sumampalataya ay higit na matindi sa pag-ibig kay Allāh. Kung sana nakakikita ang mga lumabag sa katarungan, kapag nakikita nila ang pagdurusa, na ang lakas ay sa kay Allāh sa kalahatan at na si Allāh ay matindi ang parusa! [Banggitin] kapag nagpawalang-kaugnayan ang mga sinunod sa mga sumunod, nakakita sila sa pagdurusa, nagkaputul-putol na sa kanila ang mga ugnayan,"(Qur'ān 2:165-166)Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya) habang naglilinaw sa kalagayan ng mga tagasunod at mga sinusunod sa kabulaanan sa Araw ng Pagbangon:32. Magsasabi ang mga nagmalaki sa mga siniil: "Kami ba ay bumalakid sa inyo sa patnubay matapos noong dumating ito sa inyo? Bagkus kayo noon ay mga salarin."33. At magsasabi ang mga siniil sa mga nagmalaki: "Bagkus, [humadlang sa amin] ang pakana sa gabi at maghapon noong nag-uutos kayo sa amin na tumanggi kaming sumampalataya kay Allāh at [na] gumawa kami para sa Kanya ng mga kaagaw." Maglilihim sila ng pagsisisi kapag nakita nila ang pagdurusa. Maglalagay Kami ng mga kulyar sa mga leeg ng tumangging sumampalataya. Gagantihan kaya sila ng maliban pa sa dati nilang ginagawa?(Qur'ān 34:32-33)Bahagi ng kalubusan ng katarungan ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya) sa Araw ng Pagbangon ay na ipabubuhat Niya sa mga tagapag-anyaya at mga tagapangunang mga tagapagligaw ang mga pasanin nila at ang mga pasanin ng mga inililigaw nila nang walang kaalaman. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"upang magbuhat sila ng mga pasanin nila nang buo sa Araw ng Pagbangon at ng bahagi ng mga pasanin ng mga pinaliligaw nila nang walang kaalaman. Pansinin, kay sagwa ang pinapasan nila!"(Qur'ān 16:25)Naggarantiya ang Islām para sa tao ng kalubusan ng mga karapatan niya sa Mundo at Kabilang-buhay. Ang pinakadakila sa mga karapatan na ginarantiyahan ng Islām at nilinaw nito sa mga tao ay ang karapatan ni Allāh sa mga tao at ang karapatan ng mga tao kay Allāh.Ayon kay Mu`adh (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: Ako ay angkas ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) kaya nagsabi siya: "O Mu`ādh." Nagsabi ako: "Bilang pagtugon sa iyo at bilang kaligayahan sa iyo!" Pagkatapos nagsabi siya ng tulad niyon nang tatlong ulit: "Nakaaalam ka kaya kung ano ang karapatan ni Allāh sa mga lingkod?" Nagsabi ako: "Hindi po." Nagsabi siya: "Ang karapatan ni Allāh sa mga lingkod ay na sumamba sila sa Kanya at hindi sila magtambal sa Kanya ng anuman." Pagkatapos humayo siya nang isang saglit saka nagsabi: "O Mu`ādh." Nagsabi ako: "Bilang pagtugon sa iyo at bilang kaligayahan sa iyo!" Nagsabi siya: "Nakaaalam ka kaya kung ano ang karapatan ng mga lingkod kay Allāh kapag ginawa nila iyon: na hindi Niya sila pagdurusahin."Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 6840.Naggarantiya ang Islām para sa tao ng relihiyon niyang totoo, mga supling niya, ari-arian niya, at dangal niya.Nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"sapagkat tunay na si Allāh ay nagpabanal sa inyo ng mga buhay ninyo, mga ari-arian ninyo, at mga dangal ninyo gaya ng kabanalan ng araw ninyong ito sa buwan ninyong ito sa bayan ninyong ito."Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 6501.Nagpahayag nga ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ng dakilang kasunduang ito sa Ḥajj ng Pamamaalam na dinaluhan ng higit sa isandaang libo mula sa mga Kasamahan [niya]. Nag-ulit-ulit siya ng kahulugang ito at nagbigay-diin siya rito sa Araw ng Pag-aalay sa Ḥajj ng Pamamaalam.At ang Islām ay gumawa sa tao bilang tagapanagot sa lahat ng mga pagpipili niya, mga gawa niya, at mga pag-aasal niya. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"At sa bawat tao ay nagdikit Kami ng gawain niya sa leeg niya at magpapalabas Kami para sa kanya sa Araw ng Pagbangon ng isang talaang masusumpungan niyang nakabuklat. Basahin mo ang talaan mo; nakasapat ang sarili mo ngayong araw laban sa iyo bilang mapagtuos."(Qur'ān 17:13-14)Alin man ang ginawa na kabutihan o kasamaan gagawin ito ni Allāh na nakakapit sa kanya, na hindi lalampas patungo sa iba pa sa kanya kaya hindi siya tutuusin sa gawain ng iba pa sa kanya at hindi tutuusin ang iba pa sa kanya sa gawain niya. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"O tao, tunay na ikaw ay nagpapakapagod tungo sa Panginoon mo sa isang pagpapakapagod kaya makikipagkita [ka] sa Kanya."(Qur'ān 84:6)Nagsabi pa Siya (pagkataas-taas Siya):"Ang sinumang gumawa ng maayos, [ito] ay para sa sarili niya; at ang sinumang nagpasagwa, [ito] ay laban dito. Ang Panginoon mo ay hindi palalabag sa katarungan sa mga alipin [Niya]."(Qur'ān 41:46)Ang Islām ay hindi nagpapasan sa tao ng isang pananagutan ng alinmang gawain na nakapipinsala sa sarili niya o nakapipinsala sa mga ibang tao. Nagsabi si Allāh:"At ang sinumang nagkakamit ng isang kasalanan ay nagkakamit lamang siya nito laban sa sarili niya. Laging si Allāh ay Maalam, Marunong."(Qur'ān 4:111)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Alang-alang doon, nag-atas Kami sa mga anak ni Israel na ang sinumang pumatay sa isang tao nang hindi dahil [sa pagpatay] sa isang tao o sa [paggawa ng] kaguluhan sa lupa ay para bang pumatay siya sa mga tao sa kalahatan, at ang sinumang nagbigay-buhay rito ay para bang nagbigay-buhay siya sa mga tao sa kalahatan."(Qur'ān 5:32)Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Walang pinapatay na kaluluwa dala ng kawalang-

katarungan malibang naging nasa unang anak ni Adan ay may pananagutan sa buhay nito dahil siya ay naging kauna-unahan sa nagsakalakaran ng pagpatay."Ṣaḥīḥ Muslim: 5150

# 18. Ang Islām ay gumawa sa lalaki at babae na magkapantay kaugnay sa gawa, pananagutan, ganti, at gantimpala.

Ang Islām ay gumawa sa lalaki at babae na magkapantay kaugnay sa gawa, pananagutan, ganti, at gantimpala. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"At ang sinumang gumagawa ng mga maayos, na lalaki man o babae, habang siya ay isang mananampalataya, ang mga iyon ay papasok sa Paraiso at hindi lalabagin sa katarungan nang kapiranggot."(Qur'ān 4:124)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Ang sinumang gumawa ng isang maayos, na isang lalaki o isang babae, habang siya ay isang mananampalataya ay talagang magpapamuhay nga Kami sa kanya nang isang buhay na kaaya-aya at talagang gaganti nga Kami sa kanila ng pabuya sa kanila ayon sa higit na maganda sa anumang dati nilang ginagawa."(Qur'ān 16:97)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Ang sinumang gumawa ng isang masagwang gawa ay hindi gagantihan maliban ng tulad nito. Ang sinumang gumawa ng isang maayos, na lalaki man o babae habang siya ay isang mananampalataya, ang mga iyon ay papasok sa Hardin, na tutustusan doon nang walang pagtutuos."(Qur'ān 40:40)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):Tunay na ang mga lalaking Muslim at ang mga babaing Muslim, ang mga lalaking mananampalataya at ang mga babaing mananampalataya, ang mga lalaking masunurin at ang mga babaing masunurin, ang mga lalaking tapat at ang mga babaing tapat, ang mga lalaking nagtitiis at ang mga babaing nagtitiis, ang mga lalaking tagapagpakumbaba at ang mga babaing tagapagpakumbaba, ang mga lalaking nagkakawanggawa at ang mga babaing nagkakawanggawa, ang mga lalaking nag-aayuno at ang mga babaing nag-aayuno, ang mga lalaking nag-iingat sa mga ari nila at ang mga babaing nag-iingat, at ang mga lalaking nag-aalaala kay Allāh nang madalas at ang mga babaing nag-aalaala ay naghanda si Allāh para sa kanila ng isang kapatawaran at isang pabuyang sukdulan.(Qur'ān 33:35)

# 19. Nagparangal ang Islām sa babae. Nagturing ito sa mga babae bilang mga kahati ng mga lalaki. Nag-obliga ito sa lalaki ng paggugol [sa babae] kapag siya ay nakakakaya. Kaya ang paggugol para sa babaing anak ay kailangan sa ama nito, ang para sa ina ay kailangan sa lalaking anak nito kapag siya ay naging sapat sa gulang at nakakakaya, at ang para sa maybahay ay kailangan sa asawa nito.

Nagturing ito sa mga babae bilang mga kahati ng mga lalaki.Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Tunay na ang mga babae ay mga kahati ng mga lalaki."(Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy: 113.)Bahagi ng pagpaparangal ng Islām sa babae ay nagsatungkulin ang Islām sa lalaking anak ng paggugol para sa ina kapag siya ay naging sapat sa gulang at nakakakaya.Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Ang kamay ng tagapagbigay ay ang pinakamataas. Magsimula ka sa sinumang nagtataguyod ka: sa ina mo, sa ama mo, sa babaing kapatid mo, at sa lalaking kapatid mo, pagkatapos sa pinakamalapit sa iyo, sa [kasunod na] pinakamalapit sa iyo."Isinalaysay ito ni Imām

Aḥmad.At darating ang paglilinaw sa katayuan ng mga magulang, ayon sa pahintulot ni Allāh, sa parapo numero 29.At bahagi ng pagpaparangal ng Islām sa babae ay nag-obliga ang Islām sa asawa ng paggugol para sa maybahay kapag siya ay naging nakakakaya. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Gumugol ang may kaluwagan mula sa kaluwagan niya. Ang sinumang pinakapos ang panustos sa kanya ay gumugol siya mula sa ibinigay sa kanya ni Allāh. Hindi nag-aatang si Allāh sa isang kaluluwa malibang ayon sa ibinigay Niya rito. Gagawa si Allāh, matapos ng isang hirap, ng isang ginhawa."(Qur'ān 65:7)At may nagtanong sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) na isang lalaki: "Ano po ang karapatan ng babae sa asawa?" Nagsabi siya: "Magpakain ka sa kanya kapag kumain ka, magpadamit ka sa kanya kapag nagdamit ka, huwag kang sumapak sa mukha [niya], at huwag kang magsabing pangit [siya]."Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad.At nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) habang naglilinaw sa ilan sa mga karapatan ng mga babae sa mga asawa [nila]:"At para sa kanila, kailangan sa inyo ang paggugol sa kanila at ang pagpapadamit sa kanila ayon sa nakabubuti."Ṣaḥīḥ Muslim.Nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Nakasapat sa lalaki bilang kasalanan na magpabaya siya sa sinumang sinusustentuhan niya."Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad.Nagsabi si Al-Khaṭṭābīy:Ang sabi niya: "ang sinumang sinusustentuhan niya" ay tumutukoy sa sinumang inoobliga sa kanya ang pagsustento roon. Ang kahulugan ay para bang siya ay nagsabi sa nagkakawanggawa: Huwag kang magkawanggawa ng anumang walang kalabisan sa sustento mo sa mag-anak mo, na naghahangad ka ng pabuya, sapagkat mauuwi iyon sa isang kasalanan kapag ikaw ay nagpabaya sa kanila.Bahagi ng pagpaparangal ng Islām sa babae ay nagsatungkulin ito sa ama ng paggugol para sa babaing anak. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"At ang mga ina ay magpapasuso sa mga anak nila nang dalawang buong taon, para sa sinumang nagnais na lumubos ng pagpapasuso. Tungkulin ng ama ang pagtustos sa kanila at ang pagpapadamit sa kanila ayon sa nakabubuti."(Qur'ān 2:233)Kaya nilinaw ng Propeta na tungkulin ng ama na nagkaroon ng anak ang pagpapakain sa anak niya at pagpapadamit dito ayon sa nakabubuti. Ang sabi Niya (pagkataas-taas Siya):"saka kung nagpasuso sila [ng mga anak ninyo] para sa inyo, magbigay kayo sa kanila ng mga upa nila"(Qur'ān 65:6)Kaya nagsatungkulin si Allāh sa ama ng pag-upa ng pagpapasuso sa bata. Kaya nagpatunay ito na ang paggugol sa bata ay tungkulin ng ama. Ang anak ay sumasaklaw sa lalaki at babae. Sa sumusunod na ḥadīth ay may katunayan sa pagkakailangan sa ama ng paggugol sa maybahay at mga anak nito.Ayon kay `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya): Si Hind ay nagsabi sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan): "Tunay na si Abū Sufyān ay isang lalaking maramot kaya nangangailangan ako na kumuha mula sa ari-arian niya." Nagsabi siya:"Kumuha ka ng sasapat sa iyo at sa anak mo ayon sa nakabubuti."Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy.Nilinaw ng Marangal na Propeta ang kainaman ng paggugol sa mga babaing anak at mga babaing kapatid sapagkat nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Ang sinumang nagtaguyod ng dalawang babaing anak o tatlong babaing anak o dalawang babaing kapatid o tatlong babaing kapatid hanggang sa makapag-asawa sila o namatayan siya nila, ako at siya ay magiging gaya ng dalawang ito." Tumuro siya ng dalawang daliri niya na hintuturo at hinlalato.As-Silsilah Aṣ-Ṣaḥīḥah: 296.

# 20. Ang kamatayan ay hindi ang pagkalipol na walang hanggan, bagkus ang paglipat mula sa tahanan ng paggawa tungo sa tahanan ng pagganti. Ang kamatayan ay kumukuha sa katawan at kaluluwa. Ang kamatayan ng kaluluwa ay ang pakikipaghiwalay nito sa katawan. Pagkatapos babalik ito roon matapos ng pagbubuhay sa Araw ng Pagbangon. Hindi

## lumilipat ang kaluluwa sa ibang katawan matapos ng kamatayan at hindi ito muling nagkakatawang-tao sa ibang katawan.

Ang kamatayan ay hindi ang pagkalipol na walang hanggan. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Sabihin mo: "Papapanawin kayo ng anghel ng kamatayan na itinalaga sa inyo, pagkatapos tungo sa Panginoon ninyo pababalikin kayo.""(Qur'ān 32:11)Ang kamatayan ay kumukuha sa katawan at kaluluwa. Ang kamatayan ng kaluluwa ay ang pakikipaghiwalay nito sa katawan. Pagkatapos babalik ito roon matapos ng pagbubuhay sa Araw ng Pagbangon. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Si Allāh ay kumukuha sa mga kaluluwa sa sandali ng kamatayan ng mga ito at sa [mga kaluluwa ng] mga hindi namatay sa pagtulog ng mga ito. Kaya pumipigil Siya sa mga [kaluluwang] nagtadhana Siya sa mga ito ng kamatayan at nagpapawala Siya sa mga iba pa hanggang sa isang taning na tinukoy. Tunay na sa gayon ay talagang may mga tanda para sa mga taong nag-iisip-isip."(Qur'ān 39:42)Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Tunay na ang kaluluwa, kapag kinuha ito, ay sumusunod dito ang paningin."(Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 920.)Matapos ng kamatayan, lumilipat ang tao mula sa tahanan ng paggawa tungo sa tahanan ng pagganti. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Tungo sa Kanya ang babalikan ninyo sa kalahatan, bilang pagpangako ni Allāh ng totoo. Tunay na Siya ay nagsisimula ng paglikha, pagkatapos mag-uulit nito upang gumanti sa mga sumampalataya at gumawa ng mga maayos ayon sa pagkamakatarungan. Ang mga tumangging sumampalataya, ukol sa kanila ay isang inumin mula sa nakapapasong tubig at isang pagdurusang masakit dahil dati silang tumatangging sumampalataya."(Qur'ān 10:4)

At hindi lumilipat ang kaluluwa sa ibang katawan matapos ng kamatayan at hindi ito muling nagkakatawang-tao. Kaya ang pag-aangkin ng muling pagkakatawang-tao ay hindi napatutunayan ng isip ni ng pandama. Walang natatagpuan na alinmang kapahayagan na sumasaksi sa paniniwalang ito buhat sa mga propeta (ang pagbati ng kapayapaan).

## 21. Ang Islām ay nag-aanyaya sa pananampalataya sa mga pinakamalaking batayan ng pananampalataya. Ito ay ang pananampalataya kay Allāh; sa mga anghel niya; sa mga makadiyos na kasulatan gaya ng Torah, Ebanghelyo, Salmo – bago ng pagpapalihis sa mga ito – at Qur'ān; ang pananampalataya sa lahat ng mga propeta at mga isinugo (sumakanila ang pagbati ng kapayapaan), at na sumampalataya sa pangwakas sa kanila, si Muḥammad, ang Sugo ni Allāh, ang pangwakas sa mga propeta at mga isinugo; ang pananampalataya sa Huling

# Araw yamang nalalaman natin na ang makamundong buhay, kahit pa man ito ay naging ang wakas, talagang ang buhay at ang kairalan ay naging dalisay na kawalang kabuluhan; at ang pananampalataya sa pagtatadhana at pagtatakda.

Ang Islām ay nag-aanyaya sa pananampalataya sa mga pinakamalaking batayan ng pananampalataya na nag-anyaya tungo sa mga ito ang mga propeta at ang mga isinugo (sumakanila ang pagbati ng kapayapaan). Ang mga ito ay ang sumusunod:

Una: Ang pananampalataya kay Allāh bilang Panginoon, bilang Tagalikha, bilang Tagatustos, at bilang Tagapangasiwa sa Sansinukob na ito, na Siya lamang ay ang karapat-dapat sa pagsamba, at na ang pagsamba sa bawat anumang iba sa Kanya ay walang-saysay. Bawat sinasamba na iba pa sa Kanya ay walang-saysay. Kaya hindi naaangkop ang pagsamba kundi sa Kanya at hindi natutumpak ang pagsamba kundi sa Kanya. Nauna na ang paglilinaw sa mga patunay ng usaping ito sa parapo numero 8.

Binanggit ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya) ang mga pinakamalaking batayang ito sa maraming magkakahiwalay na talata sa Dakilang Qur'ān, na ang kabilang sa mga ito ang sabi Niya (pagkataas-taas Siya):"Sumampalataya ang Sugo sa anumang pinababa sa kanya mula sa Panginoon niya at ang mga mananampalataya [ay gayon din]. Bawat [isa] ay sumampalataya kay Allāh, sa mga anghel Niya, sa mga kasulatan Niya, at sa mga sugo Niya. [Sinabi:] "Hindi kami nagtatangi-tangi sa isa man sa mga sugo Niya." Nagsabi sila: "Nakarinig kami at tumalima kami. [Humihingi kami ng] pagpapatawad Mo, Panginoon namin. Tungo sa Iyo ang kahahantungan.""(Qur'ān 2:285)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Ang pagpapakabuti ay hindi na magbaling kayo ng mga mukha ninyo sa harap ng silangan at kanluran, subalit ang pagpapakabuti ay ang sinumang sumampalataya kay Allāh, sa Huling Araw, sa mga anghel, sa mga kasulatan, at sa mga propeta; nagbigay ng yaman, sa kabila ng pagkaibig dito, sa mga may pagkakamag-anak, sa mga ulila, sa mga dukha, sa kinapos sa daan, sa mga nanghihingi, at alang-alang sa pagpapalaya ng mga alipin; [ang] nagpanatili ng dasal; [ang] nagbigay ng zakāh; at ang mga tumutupad sa kasunduan sa kanila kapag nakipagkasunduan sila; at [lalo na] ang mga matiisin sa kadahupan at kariwaraan, at sa sandali ng labanan. Ang mga iyon ay ang mga nagpakatotoo at ang mga iyon ay ang mga tagapangilag magkasala."(Qur'ān 2:177)Nag-anyaya si Allāh (pagkataas-taas Siya) sa pananampalataya sa mga batayang ito at naglinaw Siya na ang sinumang tumangging sumampalataya sa mga tao ay naligaw nga sa isang pagkaligaw na malayo. Nagsabi si Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"O mga sumampalataya, sumampalataya kayo kay Allāh, sa Sugo Niya, sa Aklat na ibinaba Niya sa Sugo Niya, at sa Kasulatang pinababa Niya bago pa niyan. Ang sinumang tumatangging sumampalataya kay Allāh, sa mga anghel Niya, sa mga aklat Niya, sa mga sugo Niya, at sa Huling Araw ay naligaw nga sa isang pagkaligaw na malayo."(Qur'ān 4:136)Sa ḥadīth ayon kay `Umar bin Al-Khaṭṭāb (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi:"Habang kami ay nasa tabi ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) isang araw biglang may lumitaw sa amin na isang lalaking matindi ang kaputian ng mga kasuutan, matindi ang kaitiman ng buhok, na hindi nakikita sa kanya ang bakas ng paglalakbay. Walang nakakikilala sa kanya na isa man hanggang sa umupo siya sa harap ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) saka nagsandal siya ng mga tuhod niya sa mga tuhod nito at naglagay siya ng mga kamay niya sa mga hita nito at nagsabi siya: O Muḥammad, magpabatid ka sa akin tungkol sa Islām. Kaya nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan): Ang Islām ay na sumaksi ka na walang Diyos kundi si Allāh at na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan), magpanatili ng dasal, magbigay ka ng zakāh, mag-ayuno ka sa Ramaḍān, at magsagawa ng ḥajj sa Bahay ni [Allāh] kung nakaya mong [magkaroon] papunta roon ng isang daan. Nagsabi siya: Nagsabi ka ng totoo. Nagsabi iyon: Kaya nagulat kami sa kanya:

nagtatanong siya rito at nagpapatotoo siya rito. Nagsabi siya: Saka magpabatid ka sa akin tungkol sa pananampalataya. Nagsabi ito: Na sumampalataya ka kay Allāh, sa mga anghel Niya, sa mga kasulatan Niya, sa mga sugo Niya, at sa Huling Araw, sumampalataya ka sa pagtatakda: sa kabutihan nito at kasamaan nito. Nagsabi siya: Nagsabi ka ng totoo. Nagsabi siya: Saka magpabatid ka sa akin tungkol sa paggawa ng maganda. Nagsabi ito: Na sumamba ka kay Allāh na para bang ikaw ay nakakikita sa Kanya ngunit kung hindi mo siya nakikita, tunay na Siya ay nakakikita sa iyo."Ṣaḥīḥ Muslim: 8.Sa ḥadīth na ito, dumating si Anghel Gabriel (ang pagbati ng kapayapaan) sa Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) at nagtanong siya tungkol sa mga antas ng relihiyon: ang Islām, ang Īmān, at ang Iḥsān. Kaya sumagot sa kanya ang Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan). Pagkatapos nagpabatid ang Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) sa mga Kasamahan niya (malugod si Allāh sa kanila) na ito ay si Anghel Gabriel (ang pagbati ng kapayapaan); pumunta ito sa kanila upang magturo sa kanila ng relihiyon nila. Kaya ito ang Islām, isang makadiyos na mensahe na ipinarating ni Anghel Gabriel (ang pagbati ng kapayapaan), ipinaabot naman sa mga tao ng Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan), iningatan ng mga Kasamahan niya (malugod si Allāh sa kanila), at ipinaabot nila sa mga tao noong matapos niya.Ikalawa: Ang pananampalataya sa mga anghel. Sila ay mga nilalang na nakalingid. Nilikha sila ni Allāh, ginawa Niya sila sa isang itinakdang anyo, at inatangan Niya sila ng mga dakilang gawain. Kabilang sa pinakakapita-pitagan sa mga gawain nila ang pagpapaabot ng mga makadiyos na mensahe sa mga sugo at mga propeta (sumakanila ang pagbati ng kapayapaan). Ang pinakakapita-pitagan sa mga anghel ay si Anghel Gabriel (ang pagbati ng kapayapaan). Kabilang sa nagpapatunay sa pagbaba ni Anghel Gabriel (ang pagbati ng kapayapaan) kalakip ng pagkasi sa mga sugo (sumakanila ang basbas at ang pagbati ng kapayapaan) ang sabi Niya (pagkataas-taas Siya):"Nagbababa Siya ng mga anghel, kalakip ng espiritu mula sa utos Niya, sa sinumang niloloob Niya kabilang sa mga lingkod Niya, [na nagsasabi:] "Magbabala kayo na walang Diyos kundi Ako, kaya mangilag kayong magkasala sa Akin.""(Qur'ān 16:2)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):192. At tunay na [ang Qur'ān na] ito ay talagang pagbababa ng Panginoon ng mga nilalang.193. Bumaba kalakip nito ang Espiritung Mapagkakatiwalaan194. sa puso mo upang ikaw ay maging kabilang sa mga tagapagbabala195. sa pamamagitan ng wikang Arabeng malinaw.196. At tunay na ito ay talagang nasa mga kalatas ng mga sinauna.(Qur'ān 26:192-196)Ikatlo: Ang pananampalataya sa mga makadiyos na kasulatan gaya ng Torah, Ebanghelyo, Salmo – bago ng pagpapalihis sa mga ito – at Qur'ān. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"O mga sumampalataya, sumampalataya kayo kay Allāh, sa Sugo Niya, sa Aklat na ibinaba Niya sa Sugo Niya, at sa Kasulatang pinababa Niya bago pa niyan. Ang sinumang tumatangging sumampalataya kay Allāh, sa mga anghel Niya, sa mga aklat Niya, sa mga sugo Niya, at sa Huling Araw ay naligaw nga sa isang pagkaligaw na malayo."(Qur'ān 4:136)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):3. Nagbaba Siya sa iyo ng Aklat kalakip ng katotohanan bilang tagapatotoo para sa nauna rito, nagpababa Siya ng Torah at Ebanghelyo,4. na bago pa nito ay isang patnubay para sa mga tao, at nagpababa Siya ng Pamantayan. Tunay na ang mga tumangging sumampalataya sa mga tanda ni Allāh, ukol sa kanila ay isang pagdurusang matindi. Si Allāh ay Makapangyarihan, May paghihiganti.(Qur'ān 3:3-4)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Sumampalataya ang Sugo sa anumang pinababa sa kanya mula sa Panginoon niya at ang mga mananampalataya [ay gayon din]. Bawat [isa] ay sumampalataya kay Allāh, sa mga anghel Niya, sa mga kasulatan Niya, at sa mga sugo Niya. [Sinabi:] "Hindi kami nagtatangi-tangi sa isa man sa mga sugo Niya." Nagsabi sila: "Nakarinig kami at tumalima kami. [Humihingi kami ng] pagpapatawad Mo, Panginoon namin. Tungo sa Iyo ang kahahantungan.""(Qur'ān 2:285)Nagsabi pa Siya (pagkataas-taas Siya):"Sabihin mo: "Sumampalataya kami kay Allāh, sa anumang pinababa sa amin, at sa anumang pinababa kina Abraham, Ismael, Isaac, Jacob, sa mga lipi, sa anumang ibinigay kina Moises at Jesus, at sa mga propeta mula sa Panginoon nila. Hindi kami nagtatangi-tangi sa isa sa kanila at kami sa Kanya ay mga Muslim.""(Qur'ān 3:84)Ikaapat: Ang pananampalataya sa lahat ng mga propeta at mga isinugo (sumakanila ang pagbati ng kapayapaan). Kaya kinakailangan ang pananampalataya sa lahat ng mga propeta at mga isinugo (sumakanila ang pagbati ng kapayapaan) at ang paniniwala na sila sa kabuuan nila ay mga sugo mula sa ganang kay Allāh, na nagpapaabot ng mga mensahe ni Allāh, relihiyon Niya, at batas Niya. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Sabihin ninyo: "Sumampalataya kami kay Allāh, sa pinababa sa amin, at sa pinababa kina Abraham, Ismael, Isaac, Jacob, sa mga lipi ng Israel, sa ibinigay kay Moises at kay Jesus, at sa ibinigay sa mga propeta mula sa Panginoon nila. Hindi kami nagtatangi-tangi sa isa kabilang sa kanila. Kami sa Kanya ay mga tagapagpasakop.""(Qur'an 2:136)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas

Siya):"Sumampalataya ang Sugo sa anumang pinababa sa kanya mula sa Panginoon niya at ang mga mananampalataya [ay gayon din]. Bawat [isa] ay sumampalataya kay Allāh, sa mga anghel Niya, sa mga kasulatan Niya, at sa mga sugo Niya. [Sinabi:] "Hindi kami nagtatangi-tangi sa isa man sa mga sugo Niya." Nagsabi sila: "Nakarinig kami at tumalima kami. [Humihingi kami ng] pagpapatawad Mo, Panginoon namin. Tungo sa Iyo ang kahahantungan.""(Qur'ān 2:285)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Sabihin mo: "Sumampalataya kami kay Allāh, sa anumang pinababa sa amin, at sa anumang pinababa kina Abraham, Ismael, Isaac, Jacob, sa mga lipi, sa anumang ibinigay kina Moises at Jesus, at sa mga propeta mula sa Panginoon nila. Hindi kami nagtatangi-tangi sa isa sa kanila at kami sa Kanya ay mga Muslim.""(Qur'ān 3:84)Na sumampalataya sa pangwakas sa kanila. Siya ay si Muḥammad, ang Sugo ni Allāh at ang pangwakas sa mga propeta at mga isinugo (sumakanila ang basbas at ang pagbati ng kapayapaan). Nagsabi Siya(pagkataas-taas Siya):"[Banggitin] noong gumawa si Allāh ng kasunduan sa mga propeta, [na nagsasaad]: "Talagang ang anumang ibinigay Ko sa inyo na kasulatan at karunungan, pagkatapos may dumating sa inyo na isang Sugo na tagapagpatotoo sa taglay ninyo, ay talagang sasampalataya nga kayo rito at talagang mag-aadya nga kayo rito." Nagsabi Siya: "Kumilala ba kayo at tumanggap ba kayo kaugnay roon sa kasunduan sa Akin?" Nagsabi sila: "Kumilala kami." Nagsabi Siya: "Kaya sumaksi kayo, at Ako ay kasama sa inyo kabilang sa mga tagasaksi.""(Qur'ān 3:81)Kaya ang Islām ay nag-oobliga ng pananampalataya sa lahat ng mga propeta at mga isinugo sa pangkalahatan at nag-oobliga ng pananampalataya sa pangwakas nila, ang Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan). Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Sabihin mo: "O mga May Kasulatan, kayo ay hindi batay sa anuman hanggang sa magpanatili kayo sa Torah, Ebanghelyo, at anumang pinababa sa inyo mula sa Panginoon ninyo.""(Qur'ān 5:68)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Sabihin mo: "O mga May Kasulatan, halikayo sa isang salitang magkatulad sa pagitan namin at ninyo: na hindi tayo sasamba kundi kay Allāh, hindi tayo magtatambal sa Kanya ng anuman, at hindi gagawa ang iba sa atin sa iba bilang mga panginoon bukod pa kay Allāh." Ngunit kung tumalikod sila ay sabihin ninyo: "Sumaksi kayo na kami ay mga Muslim.""(Qur'ān 3:64)Ang sinumang tumangging sumampalataya sa iisang propeta ay tumanggi ngang sumampalataya sa lahat ng mga propeta at mga isinugo (sumakanila ang pagbati ng kapayapaan). Dahil dito, nagsabi si Allāh habang nagpapabatid tungkol sa hatol niya sa mga kababayan ni Noe (ang pagbati ng kapayapaan):"Nagpasinungaling ang mga kababayan ni Noe sa mga isinugo"(Qur'ān 26:105)Nalalaman na si Noe (ang pagbati ng kapayapaan) ay hindi naunahan ng isang sugo. Sa kabila niyon, noong nagpasinungaling sa kanya ang mga kababayan niya, ang pagpapasinungaling na ito sa kanya mula sa kanila ay naging isang pagpapasinungaling sa lahat ng mga propeta at mga isinugo dahil ang paanyaya nila ay iisa at ang layon nila ay iisa.Ikalima: Ang pananampalataya sa Huling Araw. Ito ay ang Araw ng Pagbangon [ng mga patay]. Sa kahuli-hulihan ng makamundong buhay na ito, mag-uutos si Allāh kay Anghel Isrāfīl (ang pagbati ng kapayapaan) kaya iihip ito ng pag-ihip ng pagkahimatay kaya mahihimatay at mamamatay ang bawat sinumang loobin ni Allāh. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"At iihip sa tambuli saka mahihimatay ang sinumang nasa mga langit at ang sinumang nasa lupa maliban sa sinumang niloob ni Allāh. Pagkatapos iihip dito sa muli, saka biglang sila ay mga nakatayo, na nakatingin."(Qur'ān 39:68)Kapag nasawi ang lahat ng sinumang nasa mga langit at sinumang nasa lupa, maliban sa sinumang niloob ni Allāh, tunay na si Allāh ay magtutupi sa mga langit at lupa gaya ng sabi Niya (pagkataas-taas Siya):"sa Araw na magtutupi Kami sa langit gaya ng pagtupi ng pahina para sa mga talaan. Kung paanong nagsimula Kami ng unang paglikha ay magpapanumbalik Kami niyon, bilang pangako ukol sa Amin. Tunay na Kami ay laging magsasagawa."(Qur'ān 21:104)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"At hindi sila nagpahalaga kay Allāh nang totoong pagpapahalaga sa Kanya. Ang lupa sa kalahatan ay isang dakot Niya sa Araw ng Pagkabuhay at ang mga langit ay mga nakatupi sa kanang kamay Niya. Kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya higit sa anumang itinatambal nila sa Kanya."(Qur'ān 39:67)Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):Magtutupi si Allāh ng mga langit sa Araw ng Pagbangon. Pagkatapos kukuha Siya sa mga ito sa kanang kamay Niya. Pagkatapos magsasabi Siya: Ako ang Hari. Nasaan ang mga mapaniil? Nasaan ang mga nagpapakamalaki? Pagkatapos magtutupi Siya ng pitong lupa sa kanang [kamay] Niya. Pagkatapos magsasabi Siya: Ako ang Hari. Nasaan ang mga mapaniil? Nasaan ang mga nagpapakamalaki?Nagsalaysay nito si Imām Muslim.Pagkatapos mag-uutos si Allāh sa anghel kaya iihip ito rito isa sa muli kaya biglang sila ay mga nakatayo na nakatingin. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Iihip sa tambuli saka mamamatay ang sinumang nasa mga langit at ang sinumang nasa lupa maliban sa sinumang niloob ni Allāh. Pagkatapos iihip dito sa muli, saka biglang sila ay mga nakatayo, na nakatingin."(Qur'ān

39:68)Kaya binuhay ni Allāh ang mga nilikha, kakalapin Niya sila para sa pagtutuos. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"sa araw na magkakabiyak-biyak ang lupa palayo sa kanila habang nasa pagmamadali. Iyon ay isang pagkakalap, na sa Amin ay madali."(Qur'ān 50:44)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Sa Araw na sila ay mga lilitaw, walang nakakukubli kay Allāh mula sa kanila na anuman. Sa kanino ang paghahari sa Araw na ito? Sa kay Allāh, ang Nag-iisa, ang Palalupig."(Qur'an 40:16)Sa araw na ito, makikipagtuos si Allāh sa mga tao sa kabuuan nila at maghihiganti para sa bawat naapi sa nang-api dito at gaganti sa bawat tao ayon sa ginawa nito. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Sa Araw na ito, gagantihan ang bawat kaluluwa ayon sa nakamit nito. Walang kawalang-katarungan sa Araw na ito. Tunay na si Allāh ay Mabilis ang pagtutuos."(Qur'an 40:17)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Tunay na si Allāh ay hindi lumalabag sa katarungan na kasimbigat ng isang katiting. Kung may isang magandang gawa ay pag-iibayuhin Niya ito [sa gantimpala] at magbibigay Siya mula sa taglay Niya ng isang pabuyang mabigat."(Qur'an 4:40)Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya): 7. Kaya ang sinumang gumawa ng kasimbigat ng isang katiting na kabutihan ay makikita niya iyon,8. at ang sinumang gumawa ng kasimbigat ng isang katiting na kasamaan ay makikita niya iyon.(Qur'an 99:7-8)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Maglalagay Kami ng mga timbangang pangmakatarungan para sa Araw ng Pagbangon, kaya hindi lalabagin sa katarungan ang isang kaluluwa sa anuman. Kung ito man ay kasimbigat ng buto ng mustasa ay magtatanghal Kami nito. Nakasapat na Kami bilang Tagapagtuos."(Qur'an 21:47)Matapos ng pagbubuhay at pagtutuos ay mangyayari ang pagganti. Kaya ang sinumang gumawa ng kabutihan, ukol sa kanya ang Kaginhawahang mamamalagi na hindi maglalaho. Ang sinumang gumawa ng kasamaan at kawalang-pananampalataya, ukol sa kanya ang pagdurusa. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):56. Ang paghahari sa Araw na iyon ay sa kay Allāh; hahatol Siya sa pagitan nila. Kaya ang mga sumampalataya at gumawa ng mga maayos ay nasa mga hardin ng kaginhawahan.57. At ang mga tumangging sumampalataya at nagpasinungaling sa mga tanda Namin, ang mga iyon ay may ukol sa kanila na isang pagdurusang manghahamak.(Qur'an 22:56-57)Nalalaman natin na ang makamundong buhay, kahit pa man ito ay naging ang wakas, talagang ang buhay at ang kairalan ay naging dalisay na kawalang kabuluhan. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Kaya nagpalagay ba kayo na lumikha Kami sa inyo nang walang-kabuluhan lamang, at na kayo tungo sa Amin ay hindi pababalikin?"(Qur'an 23:115)Ikaanim: Ang pananampalataya sa pagtatadhana at pagtatakda. Kinakailangan ang pananampalataya na si Allāh ay nakaalam nga ng bawat anumang nangyari, anumang nangyayari, at anumang mangyayari sa Sansinukob na ito at na si Allāh ay nagtala nga ng lahat ng iyon bago ng pagkakalikha ng mga langit at lupa. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"At taglay Niya ang mga susi ng Lingid; walang nakaaalam sa mga iyon kundi Siya. Nalalaman Niya ang anumang nasa katihan at dagat. Walang nalalaglag na anumang dahon malibang nalalaman Niya ito. Walang butil sa mga kadiliman ng lupa at walang mahalumigmig ni tuyot malibang nasa isang aklat na malinaw."(Qur'an 6:59)Na si Allāh ay nakasaklaw sa bawat bagay sa kaalaman. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Si Allāh ay ang lumikha ng pitong langit at mula sa lupa ng tulad ng mga ito. Nagbababaan ang kautusan sa pagitan ng mga ito upang makaalam kayo na si Allāh sa bawat bagay ay May-kakayahan, at na si Allāh ay sumaklaw nga sa bawat bagay sa kaalaman."(Qur'an 65:12)Na walang nagaganap sa Sansinukob na ito na anuman malibang nagnais na nito si Allāh, lumuob na Siya, lumikha Siya nito, at nagpadali Siya ng mga kadahilanan nito. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"na sa Kanya ang paghahari sa mga langit at lupa. Hindi Siya gumawa ng anak, hindi Siya nagkaroon ng katambal sa paghahari, at lumikha Siya ng bawat bagay saka nagtakda Siya rito ayon sa isang pagtatakda."(Qur'an 25:2)Taglay Niya hinggil doon ang masidhing karunungan na hindi nakasasaklaw dito ang mga tao. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Isang masidhing karunungan, ngunit hindi nakapagpapakinabang ang mga mapagbabala."(Qur'ān 54:5)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"At Siya ay ang nagsisimula ng paglikha, pagkatapos nagpapanumbalik nito. Ito ay higit na madali sa Kanya. Sa Kanya ang katangiang pinakamataas sa mga langit at lupa. Siya ay ang Makapangyarihan, ang Marunong."(Qur'ān 30:27)Naglarawan si Allāh (pagkataas-taas Siya) sa sarili Niya ng karunungan at nagpangalan Siya sa sarili Niya ng Al-Ḥakim (Ang Marunong). Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Sumaksi si Allāh na walang Diyos kundi Siya, ang mga anghel, at ang mga may kaalaman, habang nagpapanatili sa pagkamakatarungan. Walang Diyos kundi Siya, ang Makapangyarihan, ang Marunong."(Qur'ān 3:18)Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya) habang nagpapabatid tungkol kay Jesus (ang pagbati ng kapayapaan) na siya ay makikipag-usap kay Allāh sa Araw ng Pagbangon, na magsasabi:"Kung pagdurusahin Mo sila, tunay na sila ay mga lingkod Mo; at kung magpapatawad Ka sa kanila, tunay na Ikaw ay ang Makapangyarihan, ang Marunong.""(Qur'ān 5:118)Nagsabi si Allāh

(pagkataas-taas Siya) kay Moises (ang pagbati ng kapayapaan) noong nanawagan Siya rito habang ito ay nasa gilid ng bundok:"O Moises, tunay na Ako ay si Allāh, ang Makapangyarihan, ang Marunong."(Qur'ān 27:9)Nailarawan ang Dakilang Qur'ān sa karunungan sapagkat nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Alif. Lām. Rā’. [Ito ay] isang Aklat na hinusto ang mga talata nito, pagkatapos dinetalye mula sa panig ng isang Marunong, isang Mapagbatid."(Qur'ān 11:1)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Iyon ay kabilang sa ikinasi sa iyo ng Panginoon mo na karunungan. Huwag kang gumawa kasama kay Allāh ng isang diyos na iba pa sapagkat maipupukol ka sa Impiyerno bilang sinisising pinalalayas."(Qur'ān 17:39)

# 22. Ang mga propeta ay mga naipagsanggalang (sumakanila ang pagbati ng kapayapaan) sa anumang ipinaaabot nila buhat kay Allāh at mga naipagsanggalang laban sa anumang sumasalungat sa isip o tinatanggihan ng maayos na kaasalan. Ang mga propeta ay ang mga naatangan ng pagpapaabot ng mga utos ni Allāh sa mga lingkod Niya. Ang mga propeta ay hindi nagkaroon ng isang bahagi mula sa mga kakanyahan ng pagkapanginoon o pagkadiyos, bagkus sila ay mga mortal gaya ng lahat ng mga mortal, na nagkasi si Allāh sa kanila ng mga mensahe Niya.

Ang mga propeta ay mga naipagsanggalang (sumakanila ang pagbati ng kapayapaan) sa anumang ipinaaabot nila buhat kay Allāh dahil si Allāh ay humihirang ng mga pili sa mga nilikha Niya upang magpaabot sila ng mga mensahe Niya. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Si Allāh ay humihirang mula sa mga anghel ng mga sugo at mula sa mga tao. Tunay na si Allāh ay Madinigin, Nakakikita."(Qur'ān 22:75)Nagsabi pa Siya (pagkataas-taas Siya):"Tunay na si Allāh ay humirang kay Adan, kay Noe, sa mag-anak ni Abraham, at sa mag-anak ni `Imrān higit sa mga nilalang –"(Qur'ān 3:33)Nagsabi pa Siya (pagkataas-taas Siya):"Nagsabi Siya: "O Moises, tunay na Ako ay humirang sa iyo sa mga tao sa mga pasugo Ko at sa pananalita Ko, kaya kunin mo ang ibinigay Ko sa iyo at maging kabilang ka sa mga tagapagpasalamat.""(Qur'ān 7:144)Ang mga sugo (sumakanila ang basbas at ang pagbati ng kapayapaan) ay nakaaalam na ang bumababa-baba sa kanila ay ang makadiyos na pagkasi at nakasasaksi sila sa mga anghel habang bumababa-baba ang mga ito kalakip ng kasi. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):26. [Siya] ang Nakaaalam sa Lingid, saka hindi Siya naghahayag sa Lingid Niya sa isa man,27. maliban sa sinumang kinalugdan Niya na isang sugo sapagkat tunay na Siya ay nagpapatahak mula sa harapan nito at mula sa likuran nito ng [mga anghel na nakatambang28. upang makaalam ito na nagpaabot nga sila ng mga pasugo ng Panginoon nila. Sumaklaw Siya sa anumang taglay nila at nag-isa-isa Siya sa bawat bagay sa bilang.(Qur'ān 72:26-28)Nag-utos sa kanila si Allāh ng pagpapaabot ng mga mensahe Niya. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"O Sugo, magpaabot ka ng pinababa sa iyo mula sa Panginoon mo. Kung hindi mo gagawin ay hindi ka nagpapaabot ng pasugo Niya. Si Allāh ay magsasanggalang sa iyo sa mga tao. Tunay na si Allāh ay hindi nagpapatnubay sa mga taong tagatangging sumampalataya."(Qur'ān 5:67)Nagsabi pa Siya (pagkataas-taas Siya):"[Nagsugo ng] mga sugo bilang mga tagapagbalita ng nakagagalak at mga tagapagbabala upang hindi magkaroon ang mga tao laban

kay Allāh ng isang katwiran matapos ng mga sugo. Laging si Allāh ay Makapangyarihan, Marunong."(Qur'ān 4:165)Ang mga sugo (sumakanila ang basbas at ang pagbati ng kapayapaan) ay natatakot kay Allāh nang pinakamatinding pagkatakot at nangangamba sa Kanya kaya hindi sila nagdaragdag sa mga mensahe Niya at hindi sila nagbabawas sa mga ito. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):44. Kung sakaling nagsabi-sabi siya laban sa Amin ng ilang mga sabi-sabi,45. talaga sanang dumaklot Kami sa kanya sa pamamagitan ng kanang kamay,46. pagkatapos talaga sanang pumutol Kami mula sa kanya ng ugat sa puso.47. Kaya walang kabilang sa inyo na isa man na para sa kanya ay mga tagahadlang.(Qur'ān 69:44-47)Nagsabi si Ibnu Kathīr (kaawaan siya ni Allāh):"Nagsasabi Siya (pagkataas-taas Siya): "Kung sakaling nagsabi-sabi siya laban sa Amin". Ibig sabihin: "Si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan), kung sakaling siya ay naging gaya ng inaangkin nila na gumawa-gawa [ng kasinungalingan] laban sa Amin kaya nagdagdag siya sa mensahe o nagbabawas siya mula rito o nagsabi siya ng isang bagay mula sa ganang kanya saka iniugnay niya sa Amin – at ito naman ay hindi gayon – talagang magmamadali Kami sa kanya sa kaparusahan." Dahil dito nagsabi Siya: "talaga sanang dumaklot Kami sa kanya sa pamamagitan ng kanang kamay". Sinasabi: Ang kahulugan nito ay "talaga sanang naghiganti Kami sa kanya sa pamamagitan ng kanang kamay dahil ito ay higit na matindi sa paghagupit." Sinasabi [rin na ang kahulugan nito ay]: "talaga sanang dumaklot Kami sa kanya sa kanang kamay niya.""Nagsabi pa Siya (pagkataas-taas Siya):"[Banggitin] kapag magsasabi si Allāh: "O Hesus na anak ni Maria, ikaw ba ay nagsabi sa mga tao: Gawin ninyo ako at ang ina ko bilang dalawang diyos bukod pa kay Allāh?" Magsasabi ito: "Kaluwalhatian sa Iyo! Hindi nagiging ukol sa akin na magsabi ako ng anumang wala akong karapatan. Kung nangyaring nagsabi ako niyon ay nakaalam Ka nga niyon. Nakaaalam Ka ng nasa sarili ko ngunit hindi ako nakaaalam ng nasa sarili Mo. Tunay na Ikaw ay ang Palaalam sa mga lingid. Hindi ako nagsabi sa kanila maliban ng ipinag-utos Mo sa akin na: Sumamba kayo kay Allāh na Panginoon ko at Panginoon ninyo. Ako noon sa kanila ay isang saksi hanggat nananatili ako sa piling nila; ngunit noong kumuha Ka sa akin, Ikaw ay ang Mapagmasid sa kanila. Ikaw sa bawat bagay ay Saksi."(Qur'ān 5:116-117)Bahagi ng kagandahang-loob ni Allāh sa mga propeta Niya at mga sugo Niya (sumakanila ang basbas at ang pagbati ng kapayapaan) na Siya ay nagpapatatag sa kanila sa pagpapaabot nila ng mga mensahe Niya. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya)54. Wala kaming sinasabi kundi nagpasapit sa iyo ang ilan sa mga diyos namin ng isang kasagwaan." Nagsabi siya: "Tunay na ako ay nagpapasaksi kay Allāh, at saksihan ninyo, na ako ay walang-kaugnayan sa anumang itinatambal ninyo 55. bukod pa sa Kanya. Kaya magpakana kayo laban sa akin sa kalahatan, pagkatapos huwag kayong magpalugit sa akin.56. Tunay na ako ay nanalig kay Allāh, ang Panginoon ko at ang Panginoon ninyo. Walang anumang gumagalaw na nilalang malibang Siya ay humahawak sa unahan ng noo nito. Tunay na ang Panginoon ko ay nasa isang landasing tuwid."(Qur'ān 11:54-56)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):73. Tunay na halos sila ay talagang tutukso sa iyo palayo sa ikinasi Namin sa iyo upang gumawa-gawa ka laban sa Amin ng iba pa rito [sa ikinasi]; at samakatuwid, talaga sanang gumawa sila sa iyo bilang matalik na kaibigan.74. Kung hindi dahil na nagpatatag Kami sa iyo, talaga ngang halos ikaw ay sumandal sa kanila nang bahagyang kaunti.75. Samakatuwid, talaga sanang nagpalasap Kami sa iyo ng ibayong [pagdurusa] sa buhay at ibayong [pagdurusa] sa pagkamatay. Pagkatapos hindi ka makatatagpo ukol sa iyo laban sa Amin ng isang mapag-adya.(Qur'ān 17:73-75)Ang mga talatang ito at ang bago pa ng mga ito ay tagasaksi at patunay na ang Qur'ān ay isang pagbababa ng Panginoon ng mga nilalang dahil kung sakaling ito ay mula sa ganang Sugong si Muḥammad lamang (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan), talaga sanang hindi naggarantiya sa kanya ang tulad sa pananalitang ito na itinuon sa kanya.Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya) ay nagsasanggalang sa mga sugo Niya laban sa mga tao. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"O Sugo, magpaabot ka ng pinababa sa iyo mula sa Panginoon mo. Kung hindi mo gagawin ay hindi ka nagpapaabot ng pasugo Niya. Si Allāh ay magsasanggalang sa iyo sa mga tao. Tunay na si Allāh ay hindi nagpapatnubay sa mga taong tagatangging sumampalataya."(Qur'ān 5:67)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Bigkasin mo sa kanila ang balita kay Noe noong nagsabi siya sa mga tao niya: "O mga tao ko, kung bumigat sa inyo ang pananatili ko at ang pagpapaalaala ko sa mga tanda ni Allāh ay kay Allāh naman ako nanalig. Kaya pagpasyahan ninyo ang balak ninyo kasama ng mga pantambal ninyo. Pagkatapos ang balak ninyo ay huwag sa inyo maging malabo. Pagkatapos humusga kayo sa akin at huwag kayong magpalugit sa akin."(Qur'ān 10:71)Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya) habang nagpapabatid tungkol sa sabi ni Moises (ang pagbati ng kapayapaan):"Nagsabi silang dalawa: "Panginoon namin, tunay na kami ay nangangamba na magdali-dali siya [sa pagpaparusa] sa amin o magmalabis siya." Nagsabi Siya: "Huwag kayong dalawang mangamba. Tunay na Ako ay kasama sa

inyong dalawa; nakaririnig Ako at nakakikita Ako."(Qur'ān 20:45-46)Kaya nilinaw ni Allāh na Siya ay mag-iingat sa mga sugo Niya (sumakanila ang pagbati ng kapayapaan) laban sa mga kaaway nila kaya hindi makapagpaabot ang mga ito sa kanila ng isang kasagwaan. Nagpabatid Siya ng katotohanan (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya) na Siya ay nag-iingat sa kasi Niya kaya hindi ito nadaragdagan at hindi ito nababawasan. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Tunay na Kami ay nagbaba ng Paalaala at tunay na Kami rito ay talagang mag-iingat."(Qur'ān 20:9)Ang mga propeta (sumakanila ang pagbati ng kapayapaan) ay mga naipagsanggalang laban sa anumang sumasalungat sa isip o kaasalan. Nagsabi si Allāh habang naninindigan sa dangal ng Propeta Niyang si Muḥammad:"Tunay na ikaw ay talagang nasa isang kaasalang sukdulan."(Qur'ān 20:4)Nagsabi rin si Allāh tungkol sa kanya:Ang kasamahan ninyo ay hindi isang baliw.(Qur'ān 81:22)Iyon ay upang magsagawa sila ng pagganap sa mensahe sa pinakamabuting pagsasagawa. Ang mga propeta (sumakanila ang pagbati ng kapayapaan) ay ang mga naatangan ng pagpapaabot ng mga utos ni Allāh sa mga lingkod Niya. Hindi sila nagkaroon ng isang bahagi mula sa mga kakanyahan ng pagkapanginoon o pagkadiyos, bagkus sila ay mga mortal gaya ng lahat ng mga mortal, na nagkasi si Allāh sa kanila ng mga mensahe Niya. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Nagsabi sa kanila ang mga sugo nila: "Walang iba kami kundi mga taong tulad ninyo, subalit si Allāh ay nagmamagandang-loob sa sinumang niloloob Niya kabilang sa mga lingkod Niya. Hindi naging ukol sa amin na magdala sa inyo ng isang katunayan malibang ayon sa pahintulot ni Allāh. Sa kay Allāh ay manalig ang mga mananampalataya."(Qur'ān 14:11)Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya) habang nag-uutos sa Sugo Niyang si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) na magsabi sa mga kababayan nito:"Sabihin mo: "Ako ay tao lamang tulad ninyo. Ikinakasi sa akin na ang Diyos ninyo ay Diyos na nag-iisa lamang. Kaya ang sinumang naging nag-aasam ng pakikipagkita sa Panginoon niya ay gumawa siya ng gawang maayos at huwag siyang magtambal sa pagsamba sa Panginoon Niya ng isa man.""(Qur'ān 18:110)

# 23. Ang Islām ay nag-aanyaya sa pagsamba kay Allāh lamang sa pamamagitan ng mga pinakamalaking batayan ng mga pagsamba. Ang mga ito ay ang pagdarasal na binubuo ng pagtayo, pagyukod, pagpapatirapa, pagbanggit kay Allāh, pagbubunyi sa Kanya, at panalangin. Nagdarasal nito ang tao limang beses sa bawat araw. Naglalaho rito ang mga pagkakaiba sapagkat ang mayaman at ang maralita at ang pinuno at ang pinamumunuan ay nasa iisang hanay ng pagdarasal. Ang zakāh – na isang kaunting halaga mula sa yaman alinsunod sa mga kundisyon at mga halaga na itinakda ni Allāh – ay isang tungkulin sa yaman ng mga mayaman, na ginugugol para sa mga maralita at iba pa sa kanila isang beses sa isang taon.

## Ang pag-aayuno ay ang pagtigil sa anumang tagasira ng ayuno sa maghapon ng buwan ng Ramaḍān. Nagpapalago ito sa kaluluwa ng pagnanais at pagtitiis. Ang ḥajj ay ang pagsadya sa Bahay ni Allāh sa Makkah Mukarramah isang beses sa tanang buhay para sa nakakakakaya. Sa ḥajj na ito, nagkakapantayan ang lahat sa pagtuon sa Tagalikha (kaluwalhatian sa Kanya) at naglalaho rito ang mga kaibahan at ang mga kinaaaniban.

Ang Islām ay nag-aanyaya sa pagsamba kay Allāh lamang sa pamamagitan ng mga pinakamalaking mga pagsamba at iba pa sa mga ito na mga pagsamba. Ang mga dakilang pagsambang ito ay inobliga nga ni Allāh sa lahat ng mga propeta at mga isinugo (sumakanila ang basbas at ang pagbati ng kapayapaan). Ang pinakadakila sa mga pagsamba ay ang sumusunod:

Una: Ang ṣalāh (dasal). Nagsatungkulin nito si Allāh sa mga Muslim gaya ng pagsasatungkulin Niya nito sa lahat ng mga propeta at mga isinugo (sumakanila ang basbas at ang pagbati ng kapayapaan). Nag-utos si Allāh sa propeta Niyang Matalik na Kaibigang si Abraham (ang pagbati ng kapayapaan) na magdalisay ito ng Bahay Niya para sa mga lumilibot, mga namimintuho, at mga nagpapatirapa. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"[Banggitin] noong gumawa Kami sa Bahay bilang balikan para sa mga tao at bilang katiwasayan. Gumawa kayo mula sa tayuan ni Abraham ng isang dasalan. Naghabilin Kami kina Abraham at Ismael na dalisayin nilang dalawa ang Bahay Ko para sa mga lumilibot, mga namimintuho, at mga yumuyukod na nagpapatirapa."(Qur'ān 2:125)Nag-obliga nito si Allāh kay Moises sa kauna-unahan sa panawagan kay Moises (ang pagbati ng kapayapaan). Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):12. tunay na Ako ay ang Panginoon mo. Kaya maghubad ka ng mga panyapak mo; tunay na ikaw ay nasa pinabanal na lambak ng Ṭuwā.13. Ako ay pumili sa iyo kaya makinig ka sa ikakasi:14. Tunay na Ako ay si Allāh; walang Diyos kundi Ako, kaya sumamba ka sa Akin at magpanatili ka sa pagdarasal para sa pag-alaala sa Akin.(Qur’an 20:12-14)Nagpabatid si Kristo Hesus (ang pagbati ng kapayapaan) na si Allāh ay nag-utos sa kanya ng pagdarasal at kawanggawa kaya nagsabi siya gaya ng ipinabatid ni Allāh (pagkataas-taas Siya):"Gumawa Siya sa akin bilang pinagpala saan man ako naroon at nagsatagubilin Siya sa akin ng pagdarasal at pagkakawanggawa hanggat nananatili akong buhay."(Qur'ān 19:31)Ang pagdarasal sa Islām ay [binubuo ng] pagtayo, pagyukod, pagpapatirapa, pagbanggit kay Allāh, pagbubunyi sa Kanya, at panalangin. Nagdarasal nito ang tao limang beses sa bawat araw. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Mangalaga kayo sa mga dasal at [lalo na] sa dasal na kalagitnaan. Tumayo kayo kay Allāh bilang mga masunurin."(Qur'ān 2:338)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Magpanatili ka ng pagdarasal mula sa paglilis [sa rurok] ng araw hanggang sa pagdilim ng gabi at ng [pagbigkas ng] Qur’ān sa madaling-araw; tunay na ang [pagbigkas ng] Qur’ān sa madaling-araw ay laging sinasaksihan [ng mga anghel]."Qur'ān 17:78)Nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Hinggil sa pagyukod, magdakila kayo rito sa Panginoon (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan). Hinggil sa pagpapatirapa, magsikap kayo sa pagdalangin sapagkat karapat-dapat na tugunin kayo."Ṣaḥīḥ Muslim.Ikalawa: Ang zakāh. Nagsatungkulin nito si Allāh sa mga Muslim gaya ng pagsasatungkulin Niya nito sa mga propeta at mga isinugong nauna (sumakanila ang basbas at ang pagbati ng kapayapaan). Ang zakāh – na isang kaunting halaga mula sa yaman alinsunod sa mga kundisyon at mga halaga na itinakda ni Allāh – ay isang tungkulin sa yaman ng mga mayaman, na

ibinibigay para sa mga maralita at iba pa sa kanila isang beses sa isang taon. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Kumuha ka mula sa mga yaman nila ng isang kawanggawang magdadalisay sa kanila at magpapalago sa kanila sa pamamagitan nito, at manalangin ka para sa kanila. Tunay na ang panalangin mo ay isang katiwasayan para sa kanila. Si Allāh ay Madinigin, Maalam."(Qur'ān 9:103)Noong nagsugo ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) kay Mu`ādh (malugod si Allāh sa kanya) sa Yemen, nagsabi siya rito:"Tunay na ikaw ay pupunta sa mga taong may kasulatan. Kaya mag-anyaya ka sa kanila sa pagsaksi na walang Diyos kundi si Allāh at na ako ay Sugo ni Allāh. Kaya kung sila ay tumalima sa iyo roon, ipaalam mo sa kanila na si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ay nagsatungkulin sa kanila ng limang pagdarasal sa bawat araw at gabi. Kaya kung tumalima sila sa iyo roon, ipaalam mo sa kanila na si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ay nagsatungkulin sa kanila ng isang kawanggawa sa mga yaman nila, na kinukuha mula sa mga mayaman nila at ibinabalik sa mga maralita nila. Kaya kung sila ay tumalima sa iyo roon, kaingat ka sa mamahalin sa mga yaman nila at mangilag ka sa panalangin ng naaapi sapagkat tunay na sa pagitan nito at ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ay walang tabing."(Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy: 625.)Ikatlo: Ang pag-aayuno. Nagsatungkulin nito si Allāh sa mga Muslim gaya ng pagsasatungkulin nito ni Allāh (pagkataas-taas Siya) sa mga propeta at mga isinugong nauna (sumakanila ang basbas at ang pagbati ng kapayapaan). Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"O mga sumampalataya, isinatungkulin sa inyo ang pag-aayuno kung paanong isinatungkulin ito sa mga nauna pa sa inyo, nang sa gayon kayo ay mangingilag magkasala."(Qur'ān 2:183)Ito ay ang pagtigil sa anumang tagasira ng ayuno sa maghapon ng buwan ng Ramaḍān. Ang pag-aayuno ay nagpapalago sa kaluluwa ng pagnanais at pagtitiis.Nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Nagsasabi si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan): Ang pag-aayuno ay para sa Akin at Ako ay gaganti sa kanya. Nag-iwan siya ng pagnanasa niya, pagkain niya, at inumin niya alang-alang sa Akin. Ang pag-aayuno ay panangga. Ang nag-aayuno ay may dalawang tuwa: tuwa kapag magtitigil-ayuno siya at tuwa kapag makatatagpo niya ang Panginoon niya."Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 7492.Ikaapat: Ang ḥajj. Nagsatungkulin nito si Allāh sa mga Muslim gaya ng pagsasatungkulin nito ni Allāh (pagkataas-taas Siya) sa mga propeta at mga isinugong nauna (sumakanila ang basbas at ang pagbati ng kapayapaan). Nag-utos si Allāh sa propeta Niyang si Abraham, ang Matalik na Kaibigan, (ang pagbati ng kapayapaan) na manawagan ng ḥajj. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Magpahayag ka sa mga tao ng ḥajj, pupunta sila sa iyo nang mga naglalakad at lulan ng bawat payat na kamelyo: pupunta ang mga ito mula sa bawat daanang malalim,"(Qur'ān 2:27)Nag-utos sa kanya si Allāh na magdalisay siya ng Matandang Bahay sa mga nagsasagawa ng ḥajj. Nagsabi si Allāh(pagkataas-taas Siya):"[Banggitin] noong nagtalaga Kami para kay Abraham ng pook ng Bahay, na [nagsasabi]: "Huwag kang magtambal sa Akin ng anuman at magdalisay ka ng Bahay Ko para sa mga pumapalibot, mga tumatayo [sa pagdarasal], at mga tagayukod na nagpapatirapa."(Qur'ān 2:26)Ang ḥajj ay ang pagsadya sa Bahay ni Allāh sa Makkah Mukarramah para sa mga gawaing nalalaman isang beses sa tanang buhay para sa nakakakaya. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Sa kay Allāh tungkulin ng mga tao ang pagsagawa ng ḥajj sa Bahay: ng sinumang nakayang [magkaroon] papunta roon ng isang daan."(Qur'ān 3:97)Sa ḥajj, nagtitipon ang mga Muslim na nagsasagawa ng ḥajj sa iisang lugar, na mga nagpapakawagas sa pagsamba sa Tagalikha (kaluwalhatian sa Kanya). Ang lahat ng mga nagsasagawa ng ḥajj ay nagsasagawa ng mga gawain ng ḥajj sa paraang nagkakatulad, na naglalaho rito ang mga kaibahan ng kapaligiran, kultura, at antas ng pamumuhay.

# 24. Kabilang sa pinakadakila sa nagtatangi sa mga pagsamba sa Islām ay na ang mga pamamaraan ng mga ito, ang mga oras ng mga ito, at ang mga kundisyon sa mga ito ay isinabatas ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya) at ipinaabot ng Sugo Niya

## (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan). Hindi nanghimasok sa mga ito ang sangkatauhan sa pagdaragdag ni sa pagbawas hanggang sa ngayon. Ang lahat ng pinakadakilang pagsambang ito ay ipinaanyaya ng lahat ng mga propeta (sumakanila ang pagbati ng kapayapaan).

Kabilang sa pinakadakila sa nagtatangi sa mga pagsamba sa Islām ay na ang mga pamamaraan ng mga ito, ang mga oras ng mga ito, at ang mga kundisyon sa mga ito ay isinabatas ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya) at ipinaabot ng Sugo Niya (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan). Hindi nanghimasok sa mga ito ang sangkatauhan sa pagdaragdag ni sa pagbawas hanggang sa ngayon. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Sa araw na ito bumuo Ako para sa inyo ng Relihiyon ninyo, lumubos Ako sa inyo ng biyaya Ko at nalugod Ako para sa inyo sa Islām bilang relihiyon."(Qur'ān 5:3)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Kaya mangunyapit ka sa ikinasi sa iyo; tunay na ikaw ay nasa isang landasing tuwid."(Qur'ān 5:43)Nagsabi naman si Allāh (pagkataas-taas Siya) tungkol sa pagdarasal:"Kaya kapag nagwakas kayo sa pagdarasal ay bumanggit kayo kay Allāh nang nakatayo, o nakaupo, o [nakahiga] sa mga tagiliran ninyo. Kaya kapag napanatag kayo ay magpanatili kayo ng pagdarasal. Tunay na ang pagdarasal, laging para sa mga mananampalataya, ay isang tungkuling tinakdaan ng panahon."(Qur'ān 4:103)Nagsabi naman Siya (pagkataas-taas Siya) tungkol sa mga pinaggugulan ng zakāh:"Ang mga kawanggawa ay ukol lamang sa mga maralita, mga dukha, mga manggagawa sa mga ito, napalulubag-loob ang mga puso, sa pagpapalaya ng alipin at mga nagkakautang, ayon sa landas ni Allāh, at manlalakbay na kinapos – bilang tungkulin mula kay Allāh. Si Allāh ay Maalam, Marunong."(Qur'ān 9:60)Nagsabi naman Siya (pagkataas-taas Siya) tungkol sa pag-aayuno:"Ang buwan ng Ramaḍān ay ang [buwang] pinababa rito ang Qur’ān bilang patnubay para sa mga tao at bilang mga malinaw na patunay mula sa patnubay at saligan. Kaya ang sinumang nakasaksi kabilang sa inyo sa buwan [ng Ramaḍān] ay mag-ayuno siya nito at ang sinumang maysakit o nasa isang paglalakbay ay [mag-aayuno ng mismong] bilang mula sa ibang mga araw. Nagnanais si Allāh sa inyo ng isang ginhawa at hindi Siya nagnanais sa inyo ng hirap at upang bumuo kayo ng bilang, upang dumakila kayo kay Allāh dahil nagpatnubay Siya sa inyo, at nang sa gayon kayo ay magpapasalamat."(Qur'ān 2:185)Nagsabi naman si Allāh (pagkataas-taas Siya) tungkol sa ḥajj:"Ang ḥajj ay [nasa] mga buwang nalalaman. Kaya ang sinumang nag-obliga [sa sarili] sa mga ito ng ḥajj ay walang pagtatalik, walang mga kasuwailan, at walang pakikipagtalo sa ḥajj. Ang anumang ginagawa ninyo na kabutihan ay nakaaalam nito si Allāh. Magbaon kayo, at tunay na ang pinakamabuting baon ay ang pangingilag magkasala. Mangilag kayong magkasala sa Akin, O mga may isip."(Qur'ān 2:197)Ang lahat ng dakilang pagsambang ito ay ipinaanyaya ng lahat ng mga propeta (sumakanila ang pagbati ng kapayapaan).

## 25. Ang Sugo ng Islām ay si Muḥammad bin `Abdullāh mula sa mga supling ni Ismael na anak ni Abraham (sumakanila ang pagbati ng kapayapaan). Ipinanganak siya sa Makkah noong taong 571, isinugo siya rito, at lumikas siya sa Madīnah. Hindi siya nakilahok sa mga

kababayan niya sa mga nauukol sa Paganismo, subalit siya ay lumalahok sa kanila sa mga gawaing kapita-pitagan. Siya noon ay nasa sa isang dakilang kaasalan bago ng pagsusugo sa kanya. Ang mga kababayan niya noon ay tumatawag sa kanya na Al-Amīn (Ang Mapagkakatiwalaan). Isinugo siya ni Allāh noong tumuntong siya sa edad na apatnapu. Inalalayan siya ni Allāh ng mga dakilang himala. Ang pinakadakila sa mga ito ay ang Marangal na Qur'ān. Ito ang pinakadakila sa mga himala ng mga propeta. Ito ang himalang nananatili mula sa mga himala ng mga propeta hanggang sa ngayon. Noong nabuo ni Allāh para sa Sugo (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ang relihiyon at naipaabot naman niya ito nang sukdulang pagpapaabot, pinapanaw siya nang ang edad niya ay 63 taon. Inilibing siya sa Madīnah Nabawīyah (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan). Ang Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay ang pangwakas sa mga propeta at mga isinugo. Nagpadala sa kanya si Allāh kalakip ng patnubay at relihiyon ng katotohanan upang magpalabas siya sa mga tao mula sa mga kadiliman ng Paganismo, Kawalang-pananampalataya, at Kamangmangan tungo sa liwanag ng

# Monoteismo at pananampalataya. Sumaksi si Allāh para sa kanya na siya ay ipinadala bilang tagapag-anyaya tungo kay Allāh ayon sa pahintulot ni Allāh.

Ang Sugo ng Islām ay si Muḥammad bin `Abdullāh mula sa mga supling ni Ismael na anak ni Abraham (sumakanila ang pagbati ng kapayapaan). Ipinanganak siya sa Makkah noong taong 571, isinugo siya rito, at lumikas siya sa Madīnah Nabawīyah. Ang mga kababayan niya noon ay tumatawag sa kanya na Al-Amīn (Ang Mapagkakatiwalaan). Hindi siya nakilahok sa mga kababayan niya sa mga nauukol sa Paganismo, subalit siya ay lumalahok sa kanila sa mga gawaing kapita-pitagan. Siya noon ay nasa sa isang dakilang kaasalan bago ng pagsusugo sa kanya. Inilarawan siya ng Panginoon niya sa dakilang kaasalan sapagkat nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya) tungkol sa kanya:"Tunay na ikaw ay talagang nasa isang kaasalang dakila."(Qur'ān 68:4)Isinugo siya ni Allāh noong tumuntong siya sa edad na apatnapu. Inalalayan siya ni Allāh ng mga dakilang himala. Ang pinakadakila sa mga ito ay ang Marangal na Qur'ān.Nagsabi ang Sugo Niya (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Walang kabilang sa mga propeta na isang propeta malibang ibinigay ang tulad nito, na natiwasay sa kanya ang tao. Tanging ang ibinigay sa akin noon ay isang kasi na ikinasi ni Allāh sa akin. Kaya nag-aasam ako na ako ay maging pinakamarami sa kanila sa tagasunod sa Araw ng Pagbangon."Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy.Ang Dakilang Qur'ān ay kasi ni Allāh sa Sugo Niya (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan). Nagsabi si Allāh tungkol dito:"Ang Aklat na ito ay walang alinlangan dito, isang patnubay ukol sa mga tagapangilag magkasala,"(Qur'ān 2:2)Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya) hinggil dito:"Kaya hindi ba sila nagmumuni-muni sa Qur’ān? Kung sakaling ito ay mula sa ganang iba pa kay Allāh, talaga sanang nakatagpo sila rito ng pagkakaiba-ibang marami."(Qur'ān 4:82)Humamon si Allāh sa jinn at tao na maglahad sila ng tulad nito. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Sabihin mo: "Talagang kung nagtipon ang tao at ang jinn para maglahad ng tulad ng Qur’ān na ito ay hindi sila makapaglalahad ng tulad nito at kahit pa ang iba sa kanila para sa iba pa ay naging tagapagtaguyod."(Qur'ān 17:88)Humamon si Allāh na maglahad sila ng sampung kabanata kabilang sa tulad nito. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"O nagsasabi ba sila na ginawa-gawa niya ito? Sabihin mo: "Kaya maglahad kayo ng sampung kabanata kabilang sa tulad nito na mga ginawa-gawa at tumawag kayo ng sinumang nakaya ninyo bukod pa kay Allāh kung kayo ay mga tapat.""(Qur'ān 11:13)Bagkus, humamon si Allāh na maglahad sila ng isang kabanata kabilang sa tulad nito. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Kung kayo ay nasa isang pag-aalinlangan sa ibinaba Namin sa Lingkod Namin, maglahad kayo ng isang kabanata kabilang sa tulad nito at tumawag kayo ng mga saksi ninyo bukod pa kay Allāh kung kayo ay mga tapat."(Qur'ān 2:23)

(Qur'ān 17:88)

Humamon si Allāh na maglahad sila ng sampung kabanata kabilang sa tulad nito. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"O nagsasabi ba sila na ginawa-gawa niya ito? Sabihin mo: "Kaya maglahad kayo ng sampung kabanata kabilang sa tulad nito na mga ginawa-gawa at tumawag kayo ng sinumang nakaya ninyo bukod pa kay Allāh kung kayo ay mga tapat.""

(Qur'ān 11:13)

Bagkus, humamon si Allāh na maglahad sila ng isang kabanata kabilang sa tulad nito. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Kung kayo ay nasa isang pag-aalinlangan sa ibinaba Namin sa Lingkod Namin, maglahad kayo ng isang kabanata kabilang sa tulad nito at tumawag kayo ng mga saksi ninyo bukod pa kay Allāh kung kayo ay mga tapat."

(Qur'ān 2:23)

Ang Dakilang Qur'ān ay ang himalang mag-isang nanatili mula sa mga himala ng mga propeta hanggang sa ngayon. Noong nabuo ni Allāh para sa Sugo (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ang relihiyon at nakapagpaabot siya nito ng sukdulang pagpapaabot, pinapanaw ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) nang ang edad niya ay 63 taon. Inilibing siya sa Madīnah Nabawīyah (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan).

Ang Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay ang pangwakas sa mga propeta at mga isinugo. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Si Muḥammad ay hindi ama ng isa sa mga lalaki ninyo subalit ang Sugo ni Allāh at ang pangwakas sa mga propeta. Laging si Allāh sa bawat bagay ay Maalam."(Qur'ān 33:40)Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya), ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay nagsabi:"Tunay na ang paghahalintulad sa akin at ang paghahalintulad sa mga propeta noong bago ko ay gaya ng paghahalintulad sa isang lalaking nagpatayo ng isang bahay saka nagpahusay siya nito at nagparikit siya nito maliban sa isang lagayan ng ladrilyo sa isang panulukan. Kaya nagsimula ang mga tao na pumapalibot doon, humahanga doon, at nagsasabi: Bakit kaya hindi inilagay ang ladrilyong ito? Nagsabi siya: Kaya ako ay ang ladrilyo at ako ay ang pangwakas sa mga propeta."Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy.Sa Ebanghelyo ay nagsabi si Kristo (ang pagbati ng kapayapaan) habang nagbabalita ng nakagagalak hinggil sa Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Nagpatuloy si Hesus, "Hindi ba ninyo nabasa sa Kasulatan? 'Ang batong itinakwil ng mga tagapagtayo ng bahay ang siyang naging batong-panulukan. Ginawa ito ng Panginoon, at ito'y kahanga-hangang pagmasdan!" (Mateo 21:42) Sa Torah na umiiral ngayon, nasaad dito ang sabi ni Allāh kay Moises (ang pagbati ng kapayapaan): "Aking palilitawin sa kanila ang isang propeta sa gitna ng kanilang mga kapatid, na gaya mo; at aking ilalagay ang aking mga salita sa bibig niya, at kaniyang sasalitain sa kanila ang lahat ng aking iuutos sa kaniya."(Deuteronomio 18:18 )Ang Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay ipinadala ni Allāh kalakip ng patnubay at relihiyon ng katotohanan. Sumaksi si Allāh para sa kanya na siya ay ipinadala bilang tagapag-anyaya tungo kay Allāh ayon sa pahintulot ni Allāh. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya)"Subalit si Allāh ay sumasaksi sa pinababa Niya sa iyo. Nagpababa Siya nito kalakip ng kaalaman Niya habang ang mga anghel ay sumasaksi. Nakasapat si Allāh bilang Saksi."(Qur'ān 4:166)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Siya ay ang nagsugo sa Sugo Niya kalakip ng patnubay at Relihiyon ng Katotohanan upang magpangibabaw Siya nito sa relihiyon sa kabuuan nito. Nakasapat si Allāh bilang Saksi."(Qur'ān 48:28)Nagpadala sa kanya si Allāh kalakip ng patnubay at relihiyon ng katotohanan upang magpalabas siya sa mga tao mula sa mga kadiliman ng Paganismo, Kawalang-pananampalataya, at Kamangmangan tungo sa liwanag ng Monoteismo at pananampalataya. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"na nagpapatnubay sa pamamagitan nito si Allāh sa sinumang sumunod sa kaluguran Niya, na mga landas ng kapayapaan, nagpapalabas Siya sa kanila mula sa mga kadiliman tungo sa liwanag ayon sa pahintulot Niya, at nagpapatnubay Siya sa kanila tungo sa landasing tuwid."(Qur'ān 5:16)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Alif. Lām. Rā’. [Ito ay] isang Aklat na pinababa Namin sa iyo upang magpalabas ka sa mga tao mula sa mga kadiliman tungo sa liwanag ayon sa pahintulot ng Panginoon nila tungo sa landasin ng Makapangyarihan, Kapuri-puri:"(Qur'ān 14:1)

"Si Muḥammad ay hindi ama ng isa sa mga lalaki ninyo subalit ang Sugo ni Allāh at ang pangwakas sa mga propeta. Laging si Allāh sa bawat bagay ay Maalam."

(Qur'ān 33:40)

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya), ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay nagsabi:

"Tunay na ang paghahalintulad sa akin at ang paghahalintulad sa mga propeta noong bago ko ay gaya ng paghahalintulad sa isang lalaking nagpatayo ng isang bahay saka nagpahusay siya nito at nagparikit siya nito maliban sa isang lagayan ng ladrilyo sa isang panulukan. Kaya nagsimula ang mga tao na pumapalibot doon, humahanga doon, at nagsasabi: Bakit kaya hindi inilagay ang ladrilyong ito? Nagsabi siya: Kaya ako ay ang ladrilyo at ako ay ang pangwakas sa mga propeta."

Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy.

Sa Ebanghelyo ay nagsabi si Kristo (ang pagbati ng kapayapaan) habang nagbabalita ng nakagagalak hinggil sa Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):

"Nagpatuloy si Hesus, "Hindi ba ninyo nabasa sa Kasulatan? 'Ang batong itinakwil ng mga tagapagtayo ng bahay ang siyang naging batong-panulukan. Ginawa ito ng Panginoon, at ito'y kahanga-hangang pagmasdan!" (Mateo 21:42) Sa Torah na umiiral ngayon, nasaad dito ang sabi ni Allāh kay Moises (ang pagbati ng kapayapaan): "Aking palilitawin sa kanila ang isang propeta sa gitna ng kanilang mga kapatid, na gaya mo; at aking ilalagay ang aking mga salita sa bibig niya, at kaniyang sasalitain sa kanila ang lahat ng aking iuutos sa kaniya."(Deuteronomio 18:18 )

Ang Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay ipinadala ni Allāh kalakip ng patnubay at relihiyon ng katotohanan. Sumaksi si Allāh para sa kanya na siya ay ipinadala bilang tagapag-anyaya tungo kay Allāh ayon sa pahintulot ni Allāh. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya)

"Subalit si Allāh ay sumasaksi sa pinababa Niya sa iyo. Nagpababa Siya nito kalakip ng kaalaman Niya habang ang mga anghel ay sumasaksi. Nakasapat si Allāh bilang Saksi."

(Qur'ān 4:166)

Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Siya ay ang nagsugo sa Sugo Niya kalakip ng patnubay at Relihiyon ng Katotohanan upang magpangibabaw Siya nito sa relihiyon sa kabuuan nito. Nakasapat si Allāh bilang Saksi."

(Qur'ān 48:28)

Nagpadala sa kanya si Allāh kalakip ng patnubay at relihiyon ng katotohanan upang magpalabas siya sa mga tao mula sa mga kadiliman ng Paganismo, Kawalang-pananampalataya, at Kamangmangan tungo sa liwanag ng Monoteismo at pananampalataya. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"na nagpapatnubay sa pamamagitan nito si Allāh sa sinumang sumunod sa kaluguran Niya, na mga landas ng kapayapaan, nagpapalabas Siya sa kanila mula sa mga kadiliman tungo sa liwanag ayon sa pahintulot Niya, at nagpapatnubay Siya sa kanila tungo sa landasing tuwid."

(Qur'ān 5:16)

Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Alif. Lām. Rā’. [Ito ay] isang Aklat na pinababa Namin sa iyo upang magpalabas ka sa mga tao mula sa mga kadiliman tungo sa liwanag ayon sa pahintulot ng Panginoon nila tungo sa landasin ng Makapangyarihan, Kapuri-puri:"

(Qur'ān 14:1)

# 26. Ang Batas ng Islām na inihatid ng Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay ang pangwakas sa mga mensaheng makadiyos at mga batas na makapanginoon. Ito ang batas ng kalubusan. Narito ang kaayusan ng relihiyon ng mga tao at ng Mundo nila. Ito ay nangangalaga sa unang antas sa mga relihiyon ng mga tao, mga buhay nila, mga ari-arian nila, mga isip nila, at mga supling nila. Ito ay tagapagpawalang-bisa sa

# bawat naunang batas, gaya ng pagpapawalang-bisa ng mga naunang batas sa isa't isa.

Ang Batas ng Islām na inihatid ng Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay ang pangwakas sa mga mensaheng makadiyos at mga batas na makapanginoon. Binuo ni Allāh sa pamamagitan ng mensaheng ito ang relihiyon at nalubos ang biyaya sa mga tao dahil sa pagkapadala sa Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan). Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Sa araw na ito kinumpleto Ko para sa inyo ang Relihiyon ninyo, lumubos Ako sa inyo ng biyaya Ko at nalugod Ako para sa inyo sa Islām bilang relihiyon."(Qur'ān 5:3)Ang Batas ng Islām ay ang batas ng kalubusan. Narito ang kaayusan ng relihiyon ng mga tao at ng Mundo nila dahil ito ay nagtipon sa lahat ng nasa mga naunang pagbabatas, kumumpleto ng mga ito, at lumubos ng mga ito. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Tunay na ang Qur’ān na ito ay nagpapatnubay para sa siyang pinakaangkop at nagbabalita ng nakagagalak sa mga mananampalataya na gumagawa ng mga maayos na ukol sa kanila ay isang pabuyang malaki,"(Qur'ān 17:9)Nag-alis ang Batas ng Islām sa mga tao ng pabigat dating nasa mga naunang kalipunan. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"na mga sumusunod sa Sugo na Propetang iliterato, na nakatatagpo sila sa kanya na nakasulat sa ganang kanila sa Torah at Ebanghelyo, na nag-uutos sa kanila sa nakabubuti, sumasaway sa kanila sa nakasasama, nagpapahintulot sa kanila ng mga kaaya-aya, nagbabawal sa kanila ng mga karima-rimarim, at nag-aalis sa kanila ng pabigat sa kanila at mga kulyar na dating nasa kanila. Kaya ang mga sumampalataya sa kanya, nagpitagan sa kanya, nag-adya sa kanya, at sumunod sa liwanag na pinababa kasama sa kanya, ang mga iyon ay ang mga magtatagumpay.""(Qur'ān 7:157)Ang Batas ng Islām ay tagapagpawalang-bisa sa bawat naunang batas. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Nagpababa Kami sa iyo ng Aklat kalakip ng katotohanan bilang tagapagpatotoo para sa nauna rito na kasulatan at bilang tagapangibabaw rito. Kaya humatol ka sa pagitan nila ng ayon sa pinababa ni Allāh at huwag kang sumunod sa mga pithaya nila kapalit ng dumating sa iyo na katotohanan. Para sa bawat kabilang sa inyo ay gumawa Kami ng isang pagbabatas at isang pamamaraan. Kung sakaling niloob ni Allāh ay talaga sanang gumawa Siya sa inyo na nag-iisang kalipunang subalit [pinag-iiba kayo] upang sumubok Siya sa inyo sa ibinigay Niya sa inyo. Kaya mag-unahan kayo sa mga kabutihan. Tungo kay Allāh ang babalikan ninyo sa kalahatan saka magbabalita Siya sa inyo hinggil sa anumang kayo dati kaugnay roon ay nagkakaiba-iba."(Qur’an 5:48)Kaya ang Marangal na Qur'ān na naglaman ng Batas ng Islām ay dumating bilang tagapagpatotoo ng nauna rito na mga makadiyos na kasulatan, bilang tagahatol sa mga iyon, at bilang tagapagpawalang-bisa sa mga iyon.

"Sa araw na ito kinumpleto Ko para sa inyo ang Relihiyon ninyo, lumubos Ako sa inyo ng biyaya Ko at nalugod Ako para sa inyo sa Islām bilang relihiyon."

(Qur'ān 5:3)

Ang Batas ng Islām ay ang batas ng kalubusan. Narito ang kaayusan ng relihiyon ng mga tao at ng Mundo nila dahil ito ay nagtipon sa lahat ng nasa mga naunang pagbabatas, kumumpleto ng mga ito, at lumubos ng mga ito. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Tunay na ang Qur’ān na ito ay nagpapatnubay para sa siyang pinakaangkop at nagbabalita ng nakagagalak sa mga mananampalataya na gumagawa ng mga maayos na ukol sa kanila ay isang pabuyang malaki,"

(Qur'ān 17:9)

Nag-alis ang Batas ng Islām sa mga tao ng pabigat dating nasa mga naunang kalipunan. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"na mga sumusunod sa Sugo na Propetang iliterato, na nakatatagpo sila sa kanya na nakasulat sa ganang kanila sa Torah at Ebanghelyo, na nag-uutos sa kanila sa nakabubuti, sumasaway sa kanila sa nakasasama, nagpapahintulot sa kanila ng mga kaaya-aya, nagbabawal sa kanila ng mga karima-rimarim, at nag-aalis sa kanila ng pabigat sa kanila at mga kulyar na dating nasa kanila. Kaya ang

mga sumampalataya sa kanya, nagpitagan sa kanya, nag-adya sa kanya, at sumunod sa liwanag na pinababa kasama sa kanya, ang mga iyon ay ang mga magtatagumpay.""

(Qur'ān 7:157)

Ang Batas ng Islām ay tagapagpawalang-bisa sa bawat naunang batas. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Nagpababa Kami sa iyo ng Aklat kalakip ng katotohanan bilang tagapagpatotoo para sa nauna rito na kasulatan at bilang tagapangibabaw rito. Kaya humatol ka sa pagitan nila ng ayon sa pinababa ni Allāh at huwag kang sumunod sa mga pithaya nila kapalit ng dumating sa iyo na katotohanan. Para sa bawat kabilang sa inyo ay gumawa Kami ng isang pagbabatas at isang pamamaraan. Kung sakaling niloob ni Allāh ay talaga sanang gumawa Siya sa inyo na nag-iisang kalipunang subalit [pinag-iiba kayo] upang sumubok Siya sa inyo sa ibinigay Niya sa inyo. Kaya mag-unahan kayo sa mga kabutihan. Tungo kay Allāh ang babalikan ninyo sa kalahatan saka magbabalita Siya sa inyo hinggil sa anumang kayo dati kaugnay roon ay nagkakaiba-iba."

(Qur’an 5:48)

Kaya ang Marangal na Qur'ān na naglaman ng Batas ng Islām ay dumating bilang tagapagpatotoo ng nauna rito na mga makadiyos na kasulatan, bilang tagahatol sa mga iyon, at bilang tagapagpawalang-bisa sa mga iyon.

# 27. Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya) ay hindi tumatanggap ng isang relihiyon na iba pa sa Islām na inihatid ng Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan). Ang sinumang yumayakap ng iba pa sa Islām bilang relihiyon ay hindi ito matatanggap mula sa kanya.

Hindi tumatanggap si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya) matapos ng pagkapadala kay Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ng isang relihiyon na iba pa sa Islām na inihatid ng Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan). Ang sinumang naghahangad ng iba pa sa Islām bilang relihiyon ay hindi ito matatanggap mula sa kanya.Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Ang sinumang naghahangad ng iba pa sa Islām bilang relihiyon ay hindi ito matatanggap mula sa kanya at siya sa Kabilang-buhay ay kabilang sa mga malulugi."(Qur'ān 3:85)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Tunay na ang relihiyon sa ganang kay Allāh ay ang Islām. Hindi nagkaiba-iba ang mga binigyan ng kasulatan kundi nang matapos na dumating sa kanila ang kaalaman dala ng paglabag sa pagitan nila. Ang sinumang tatangging sumampalataya sa mga tanda ni Allāh, tunay na si Allāh ay mabilis ang pagtutuos."(Qur'ān 3:19)Ang Islām na ito ay ang kapaniwalaan ni Abraham, ang matalik na kaibigan [ni Allāh] (ang pagbati ng kapayapaan). Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Sino ang nasusuya sa kapaniwalaan ni Abraham kundi ang nagpahangal sa sarili niya? Talaga ngang humirang Kami sa kanya sa Mundo. Tunay na siya sa Kabilang-buhay ay talagang kabilang sa mga maayos."(Qur’an 2:130)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Sino ang higit na maganda sa relihiyon kaysa sa sinumang nagpasakop ng mukha niya kay Allāh habang siya ay tagagawa ng maganda at sumunod sa kapaniwalaan ni Abraham bilang makatotoo. Gumawa si Allāh kay Abraham bilang matalik na kaibigan."(Qur’an 4:125)Nag-utos si Allāh sa Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) na magsabi:"Sabihin mo: "Tunay na ako ay pinatnubayan ng Panginoon ko tungo sa landasing tuwid – isang relihiyong tama, na kapaniwalaan ni Abraham bilang makatotoo. Hindi siya naging kabilang sa mga tagapagtambal.""(Qur’an 46:161)

Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Ang sinumang naghahangad ng iba pa sa Islām bilang relihiyon ay hindi ito matatanggap mula sa kanya at siya sa Kabilang-buhay ay kabilang sa mga malulugi."

(Qur'ān 3:85)

Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Tunay na ang relihiyon sa ganang kay Allāh ay ang Islām. Hindi nagkaiba-iba ang mga binigyan ng kasulatan kundi nang matapos na dumating sa kanila ang kaalaman dala ng paglabag sa pagitan nila. Ang sinumang tatangging sumampalataya sa mga tanda ni Allāh, tunay na si Allāh ay mabilis ang pagtutuos."

(Qur'ān 3:19)

Ang Islām na ito ay ang kapaniwalaan ni Abraham, ang matalik na kaibigan [ni Allāh] (ang pagbati ng kapayapaan). Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Sino ang nasusuya sa kapaniwalaan ni Abraham kundi ang nagpahangal sa sarili niya? Talaga ngang humirang Kami sa kanya sa Mundo. Tunay na siya sa Kabilang-buhay ay talagang kabilang sa mga maayos."

(Qur’an 2:130)

Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Sino ang higit na maganda sa relihiyon kaysa sa sinumang nagpasakop ng mukha niya kay Allāh habang siya ay tagagawa ng maganda at sumunod sa kapaniwalaan ni Abraham bilang makatotoo. Gumawa si Allāh kay Abraham bilang matalik na kaibigan."

(Qur’an 4:125)

Nag-utos si Allāh sa Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) na magsabi:

"Sabihin mo: "Tunay na ako ay pinatnubayan ng Panginoon ko tungo sa landasing tuwid – isang relihiyong tama, na kapaniwalaan ni Abraham bilang makatotoo. Hindi siya naging kabilang sa mga tagapagtambal.""

(Qur’an 46:161)

# 28. Ang Marangal na Qur'ān ay ang Aklat na ikinasi ni Allāh sa Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan). Ito ang Pananalita ng Panginoon ng mga nilalang. Humamon si Allāh sa tao at jinn na maglahad ng tulad nito o ng isang kabanata na tulad nito. Hindi tumitigil ang hamon sa pag-iral hanggang sa ngayon. Ang Marangal na Qur'ān ay sumasagot sa maraming mahalagang tanong na lumilito sa

**milyun-milyong tao. Ang Dakilang Qur'ān ay pinag-iingatan hanggang sa ngayon sa wikang Arabe na pinagbabaan nito. Walang nabawas mula rito na isang titik. Ito ay nakalimbag at nakalathala. Ito ay isang dakilang Aklat na mahimala na nararapat sa pagbigkas o pagbabasa ng salin ng mga kahulugan nito. Ang Sunnah ng Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan), ang mga katuruan niya, at ang talambuhay niya ay pinag-iingatan at naipaabot alinsunod sa isang kawing ng mga tagapagsalaysay na mapananaligan. Ang mga ito ay nakalimbag sa wikang Arabe na sinasalita ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) at naisalin sa maraming wika. Ang Marangal na Qur'ān at ang Sunnah ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay ang nag-iisang pinagkukunan ng mga patakaran ng Islām at mga pagbabatas nito. Kaya ang Islām ay hindi kinukuha mula sa mga inaasta ng mga indibiduwal na nakaugnay sa Islām. Kinukuha lamang ito mula sa makadiyos na kasi, ang Dakilang Qur'ān at ang Pampropetang Sunnah.**

Ang Marangal na Qur'ān ay ang Aklat na ikinasi ni Allāh sa Sugong Arabe na si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) sa wikang Arabe. Ito ang Pananalita ng Panginoon ng mga nilalang. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):192. Tunay na [ang Qur’ān na] ito ay talagang pagbababa ng Panginoon ng mga nilalang.193. Bumaba kalakip nito ang Espiritung Mapagkakatiwalaan194. sa puso mo upang ikaw ay maging kabilang sa mga tagapagbabala195. sa pamamagitan ng wikang Arabeng malinaw.(Qur'ān 26:192-195)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas

Siya):"Tunay na ikaw ay talagang ginagawaran ng Qur'ān mula sa panig ng Marunong, Maalam."(Qur'ān 27:6)Ang Qur'ān na ito ay isang pagbababa mula kay Allāh at pagpapatotoo sa nauna rito na mga makadiyos na kasulatan. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Hindi nangyaring ang Qur'ān na ito ay magawa-gawa ng bukod pa kay Allāh, subalit [naging] pagpapatotoo sa nauna rito at pagdedetalye sa Kasulatan, na walang pag-aalinlangan hinggil dito mula sa Panginoon ng mga nilalang."(Qur'ān 10:37)Ang Dakilang Qur'ān ay nagpapasya sa pinakamarami sa mga usapin na nagkaiba-iba hinggil sa mga ito ang mga Hudyo at ang mga Kristiyano sa relihiyon nila. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Tunay na itong Qur'ān ay nagsasalaysay sa mga anak ni Israel ng higit na marami sa [bagay na] sila hinggil doon ay nagkakaiba-iba."(Qur'ān 27:76)Ang Dakilang Qur'ān ay naglaman ng mga patunay at mga patotoo na naglalatag sa pamamagitan nito ng katwiran sa mga tao sa kalahatan sa pag-alam sa mga katotohanang nakaugnay kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya), sa relihiyon Niya, at pagganti Niya. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Talaga ngang naglahad Kami para sa mga tao sa Qur'ān na ito ng bawat paghahalintulad nang sa gayon sila ay magsasaalaala."(Qur'ān 39:27)Nagsabi pa Siya (pagkataas-taas Siya):"Nagbaba Kami sa iyo ng Aklat bilang pagpapalinaw para sa bawat bagay, bilang patnubay, bilang awa, at bilang balitang nakagagalak para sa mga Muslim."(Qur'ān 16:89)Ang Marangal na Qur'ān ay sumasagot sa maraming mahalagang tanong na lumilito sa milyun-milyong tao. Ang Marangal na Qur'ān ay naglilinaw kung papaano lumikha si Allāh ng mga langit at lupa. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya):"Hindi ba nakaalam ang mga tumangging sumampalataya na ang mga langit at ang lupa dati ay magkasanib, saka nagpawatak-watak Kami sa mga ito? Gumawa Kami mula sa tubig ng bawat bagay na buhay. Kaya hindi ba sila sumasampalataya?"(Qur'ān 21:30)[Ang Marangal na Qur'ān ay naglilinaw kung] papaano lumikha si Allāh ng tao. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya):"O mga tao, kung kayo ay nasa isang pag-aalinlangan sa pagbubuhay, tunay na Kami ay lumikha sa inyo mula sa alabok, pagkatapos mula sa isang patak, pagkatapos mula sa isang malalinta, pagkatapos mula sa isang kimpal na laman na inanyuan at hindi inanyuan, upang maglinaw Kami para sa inyo. Nagpapanatili Kami sa mga sinapupunan ng niloloob Namin hanggang sa isang taning na tinukoy, pagkatapos nagpapalabas Kami sa inyo bilang bata, pagkatapos upang umabot kayo sa kalakasan ninyo. Mayroon sa inyo na pinapapanaw at mayroon sa inyo na pinaaabot sa pinakahamak na gulang upang hindi siya makaalam, noong matapos ng isang kaalaman, ng anuman. Nakakikita ka na ang lupa ay patay, ngunit kapag nagpababa Kami sa ibabaw nito ng tubig ay gumalaw-galaw ito, lumalago ito, at nagpapatubo ito ng bawat uring marilag."(Qur'ān 22:5) Ano ang kahahantungan ng tao? Ano ang ganti sa tagagawa ng maganda at tagagawa ng masagwa matapos ng buhay na ito? Nauna na ang pagbanggit sa mga patunay sa usaping ito sa parapo numero 20. Ang kairalang ito kaya ay dumating dala ng isang pagkakataon o pinairal ito dahil sa isang marangal na layon?Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Hindi ba sila tumingin sa kaharian ng mga langit at lupa at nilikha ni Allāh na bagay, at na marahil maging napalapit na ang taning nila? Kaya sa aling pag-uusap matapos nito sasampalataya sila?"(Qur'ān 7:185)Nagsabi pa Siya (pagkataas-taas Siya):"Kaya nagpalagay ba kayo na lumikha Kami sa inyo nang walang-kabuluhan lamang, at na kayo tungo sa Amin ay hindi pababalikin?"(Qur'an 23:115)Ang Dakilang Qur'ān ay pinag-iingatan hanggang sa ngayon sa wikang pinagbabaan nito. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Tunay na Kami ay nagbaba ng Paalaala at tunay na Kami rito ay talagang mag-iingat."(Qur'ān 15:9)Walang nabawas mula rito na isang titik at imposible na masadlak ito sa salungatan o pagkabawas o pagpapalit. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Kaya hindi ba sila nagmumuni-muni sa Qur'ān? Kung sakaling ito ay mula sa ganang iba pa kay Allāh, talaga sanang nakatagpo sila rito ng pagkakaiba-ibang marami."(Qur'ān 4:82)Ito ay nakalimbag at nakalathala. Ito ay isang dakilang Aklat na mahimala na nararapat sa pagbigkas o pakikinig o pagbabasa ng salin ng mga kahulugan nito. Ang Sunnah ng Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan), ang mga katuruan niya, at ang talambuhay niya ay pinag-iingatan at naipaabot alinsunod sa isang kawing ng mga tagapagsalaysay na mapananaligan. Ang mga ito ay nakalimbag sa wikang Arabe na sinasalita ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) at naisalin sa maraming wika. Ang Marangal na Qur'ān at ang Sunnah ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay ang nag-iisang pinagkukunan ng mga patakaran ng Islām at mga pagbabatas nito. Kaya ang Islām ay hindi kinukuha mula sa mga inaasta ng mga indibiduwal na nakaugnay sa Islām. Kinukuha lamang ito mula sa makadiyos na kasi na naipagsanggalang, ang Dakilang Qur'ān at ang Pampropetang Sunnah. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya) hinggil sa pumapatungkol sa Qur'ān:"Tunay na ang mga tumangging sumampalataya sa paalaala noong dumating ito sa kanila [ay parurusahan.] Tunay na ito ay talagang isang Aklat na makapangyarihan. Hindi pumupunta rito ang kabulaanan mula sa harapan nito ni mula sa likuran nito.

[Ito ay] isang pagbababa mula sa Marunong, Kapuri-puri."(Qur'ān 41:41-42)Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya) hinggil sa pumapatungkol sa Pampropetang Sunnah at na ito ay kasi mula kay Allāh:"Ang anumang ibinigay sa inyo ng Sugo ay kunin ninyo at ang anumang sinaway niya sa inyo ay tigilan ninyo. Mangilag kayong magkasala kay Allāh; tunay na si Allāh ay matindi ang parusa."(Qur'ān 59:7)

192. Tunay na [ang Qur’ān na] ito ay talagang pagbababa ng Panginoon ng mga nilalang.

193. Bumaba kalakip nito ang Espiritung Mapagkakatiwalaan

194. sa puso mo upang ikaw ay maging kabilang sa mga tagapagbabala

195. sa pamamagitan ng wikang Arabeng malinaw.

(Qur'ān 26:192-195)

Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Tunay na ikaw ay talagang ginagawaran ng Qur’ān mula sa panig ng Marunong, Maalam."

(Qur'ān 27:6)

Ang Qur'ān na ito ay isang pagbababa mula kay Allāh at pagpapatotoo sa nauna rito na mga makadiyos na kasulatan. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Hindi nangyaring ang Qur’ān na ito ay magawa-gawa ng bukod pa kay Allāh, subalit [naging] pagpapatotoo sa nauna rito at pagdedetalye sa Kasulatan, na walang pag-aalinlangan hinggil dito mula sa Panginoon ng mga nilalang."

(Qur'ān 10:37)

Ang Dakilang Qur'ān ay nagpapasya sa pinakamarami sa mga usapin na nagkaiba-iba hinggil sa mga ito ang mga Hudyo at ang mga Kristiyano sa relihiyon nila. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Tunay na itong Qur’ān ay nagsasalaysay sa mga anak ni Israel ng higit na marami sa [bagay na] sila hinggil doon ay nagkakaiba-iba."

(Qur'ān 27:76)

Ang Dakilang Qur'ān ay naglaman ng mga patunay at mga patotoo na naglalatag sa pamamagitan nito ng katwiran sa mga tao sa kalahatan sa pag-alam sa mga katotohanang nakaugnay kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya), sa relihiyon Niya, at pagganti Niya. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Talaga ngang naglahad Kami para sa mga tao sa Qur’ān na ito ng bawat paghahalintulad nang sa gayon sila ay magsasaalaala."

(Qur'ān 39:27)

Nagsabi pa Siya (pagkataas-taas Siya):

"Nagbaba Kami sa iyo ng Aklat bilang pagpapalinaw para sa bawat bagay, bilang patnubay, bilang awa, at bilang balitang nakagagalak para sa mga Muslim."

(Qur'ān 16:89)

Ang Marangal na Qur'ān ay sumasagot sa maraming mahalagang tanong na lumilito sa milyun-milyong tao. Ang Marangal na Qur'ān ay naglilinaw kung papaano lumikha si Allāh ng mga langit at lupa. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya):

"Hindi ba nakaalam ang mga tumangging sumampalataya na ang mga langit at ang lupa dati ay magkasanib, saka nagpawatak-watak Kami sa mga ito? Gumawa Kami mula sa tubig ng bawat bagay na buhay. Kaya hindi ba sila sumasampalataya?"

(Qur'ān 21:30)

[Ang Marangal na Qur'ān ay naglilinaw kung] papaano lumikha si Allāh ng tao. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya):

"O mga tao, kung kayo ay nasa isang pag-aalinlangan sa pagbubuhay, tunay na Kami ay lumikha sa inyo mula sa alabok, pagkatapos mula sa isang patak, pagkatapos mula sa isang malalinta, pagkatapos mula sa isang kimpal na laman na inanyuan at hindi inanyuan, upang maglinaw Kami para sa inyo. Nagpapanatili Kami sa mga sinapupunan ng niloloob Namin hanggang sa isang taning na tinukoy, pagkatapos nagpapalabas Kami sa inyo bilang bata, pagkatapos upang umabot kayo sa kalakasan ninyo. Mayroon sa inyo na pinapapanaw at mayroon sa inyo na pinaaabot sa pinakahamak na gulang upang hindi siya makaalam, noong matapos ng isang kaalaman, ng anuman. Nakakikita ka na ang lupa ay patay, ngunit kapag nagpababa Kami sa ibabaw nito ng tubig ay gumalaw-galaw ito, lumalago ito, at nagpapatubo ito ng bawat uring marilag."

(Qur'ān 22:5) Ano ang kahahantungan ng tao? Ano ang ganti sa tagagawa ng maganda at tagagawa ng masagwa matapos ng buhay na ito? Nauna na ang pagbanggit sa mga patunay sa usaping ito sa parapo numero 20. Ang kairalang ito kaya ay dumating dala ng isang pagkakataon o pinairal ito dahil sa isang marangal na layon?

Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Hindi ba sila tumingin sa kaharian ng mga langit at lupa at nilikha ni Allāh na bagay, at na marahil maging napalapit na ang taning nila? Kaya sa aling pag-uusap matapos nito sasampalataya sila?"

(Qur'ān 7:185)

Nagsabi pa Siya (pagkataas-taas Siya):

"Kaya nagpalagay ba kayo na lumikha Kami sa inyo nang walang-kabuluhan lamang, at na kayo tungo sa Amin ay hindi pababalikin?"

(Qur'an 23:115)

Ang Dakilang Qur'ān ay pinag-iingatan hanggang sa ngayon sa wikang pinagbabaan nito. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Tunay na Kami ay nagbaba ng Paalaala at tunay na Kami rito ay talagang mag-iingat."

(Qur'ān 15:9)

Walang nabawas mula rito na isang titik at imposible na masadlak ito sa salungatan o pagkabawas o pagpapalit. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Kaya hindi ba sila nagmumuni-muni sa Qur'ān? Kung sakaling ito ay mula sa ganang iba pa kay Allāh, talaga sanang nakatagpo sila rito ng pagkakaiba-ibang marami."

(Qur'ān 4:82)

Ito ay nakalimbag at nakalathala. Ito ay isang dakilang Aklat na mahimala na nararapat sa pagbigkas o pakikinig o pagbabasa ng salin ng mga kahulugan nito. Ang Sunnah ng Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan), ang mga katuruan niya, at ang talambuhay niya ay pinag-iingatan at naipaabot alinsunod sa isang kawing ng mga tagapagsalaysay na mapananaligan. Ang mga ito ay nakalimbag sa wikang Arabe na sinasalita ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) at naisalin sa maraming wika. Ang Marangal na Qur'ān at ang Sunnah ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay ang nag-iisang pinagkukunan ng mga patakaran ng Islām at mga pagbabatas nito. Kaya ang Islām ay hindi kinukuha mula sa mga inaasta ng mga indibiduwal na nakaugnay sa Islām. Kinukuha lamang ito mula sa makadiyos na kasi na naipagsanggalang, ang Dakilang Qur'ān at ang Pampropetang Sunnah. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya) hinggil sa pumapatungkol sa Qur'ān:

"Tunay na ang mga tumangging sumampalataya sa paalaala noong dumating ito sa kanila [ay parurusahan.] Tunay na ito ay talagang isang Aklat na makapangyarihan. Hindi pumupunta rito ang kabulaanan mula sa harapan nito ni mula sa likuran nito. [Ito ay] isang pagbababa mula sa Marunong, Kapuri-puri."

(Qur'ān 41:41-42)

Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya) hinggil sa pumapatungkol sa Pampropetang Sunnah at na ito ay kasi mula kay Allāh:

"Ang anumang ibinigay sa inyo ng Sugo ay kunin ninyo at ang anumang sinaway niya sa inyo ay tigilan ninyo. Mangilag kayong magkasala kay Allāh; tunay na si Allāh ay matindi ang parusa."

(Qur'ān 59:7)

# 29. Ang Islām ay nag-uutos ng paggawa ng maganda sa mga magulang kahit pa man sila ay hindi mga Muslim at ng pagtatagubilin sa mga anak.

29. Ang Islām ay nag-uutos ng paggawa ng maganda sa mga magulang. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Nagtadhana ang Panginoon mo na huwag kayong sumamba maliban sa Kanya at sa mga magulang ay [mag-ukol ng] paggawa ng maganda. Kung aabutan nga sa piling mo ng katandaan ang isa sa kanilang dalawa o ang kapwa sa kanilang dalawa ay huwag kang magsabi sa kanilang dalawa ng nakasusuya at huwag kang bumulyaw sa kanilang dalawa. Magsabi ka sa kanilang dalawa ng salitang marangal."(Qur'ān17:23)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Nagtagubilin Kami sa tao hinggil sa mga magulang niya – nagdalang-tao sa kanya ang ina niya sa isang panlalata sa ibabaw ng isang panlalata at ang pag-awat sa kanya ay sa dalawang taon – na [nagsasabi]: "Magpasalamat ka sa Akin at sa mga magulang mo. Tungo sa Akin ang kahahantungan."(Qur'ān 31:14)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Nagtagubilin Kami sa tao hinggil sa mga magulang niya ng paggawa ng maganda. Nagdalang-tao sa kanya ang ina niya sa hirap at nagsilang ito sa kanya sa hirap. Ang pagdadalang-tao sa kanya at ang pag-awat sa kanya ay tatlumpong buwan. Hanggang sa nang umabot siya sa kalakasan niya at umabot siya sa apatnapung taong gulang ay nagsabi siya: "Panginoon ko, udyukan Mo ako na magpasalamat ako sa biyaya Mo na ibiniyaya Mo sa akin at sa mga magulang ko, na gumawa ako ng maayos na kalulugdan Mo, at magsaayos Ka para sa akin sa mga supling ko; tunay na ako ay nagbabalik-loob sa Iyo at tunay na ako ay kabilang sa mga Muslim.""(Qur'ān 46:15)Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: "May dumating na isang lalaki sa Sugo ni Allāh(basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) saka nagsabi ito: O Sugo ni Allāh, sino po ang higit na may karapatan sa mga tao sa kagandahan ng pakikisama ko? Nagsabi siya: Ang ina mo. Nagsabi ito: Pagkatapos sino po? Nagsabi siya: Pagkatapos ang ina mo. Nagsabi ito: Pagkatapos sino po? Nagsabi siya: Pagkatapos ang ina mo. Pagkatapos sino po? Nagsabi siya: Pagkatapos ang ama mo."Ṣaḥīḥ Muslim.Ang usaping ito ng tagubilin sa mga magulang maging sila man ay mga Muslim o hindi mga Muslim,Ayon kay Asmā’ bint Abū Bakr na nagsabi: "Dumating ang ina ko kasama ng anak nito sa panahon ng Quraysh at yugto nila – noong nakipagkasunduan sila sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan). Kaya sumangguni ako sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) kaya nagsabi ako: Tunay na ang ina ko ay dumating at siya ay naghahangad [ng isang bagay], kaya makikipag-ugnayan ba ako sa kanya? Nagsabi siya: Oo, makipag-ugnayan ka sa ina mo."Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy.Bagkus kung sakaling nagtangka ang mga magulang at nagpunyagi silang dalawa na malipat ang anak mula sa Islām tungo sa kawalang-pananampalataya, tunay na ang Islām ay nag-uutos sa kanya – habang ang kalagayan ay ganito – na huwag siyang tumalima sa kanilang dalawa, manatili siyang mananampalataya kay Allāh, gumawa siya ng maganda sa kanilang dalawa, at makisama siya sa kanilang dalawa ayon sa nakabubuti. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Kung nakipagpunyagi silang dalawa sa iyo na magtambal ka sa Akin ng wala kang kaalaman hinggil doon ay huwag kang tumalima sa kanilang dalawa. Makisama ka sa kanilang dalawa sa Mundo ayon sa nakabubuti. Sumunod ka sa landas ng sinumang nagsisising nanumbalik tungo sa Akin. Pagkatapos tungo sa Akin ang babalikan ninyo saka magbabalita Ako sa inyo hinggil sa anumang dati ninyong ginagawa.""(Qur'ān 31:15)Ang Islām ay hindi pumipigil sa Muslim sa paggawa ng maganda sa kamag-anakan niyang mga tagapagtambal o hindi kamag-anakan niya kapag sila ay hindi mga nakikidigma sa kanya. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Hindi sumasaway sa inyo si Allāh, sa

mga hindi nakipaglaban sa inyo sa Relihiyon at hindi nagpalisan sa inyo mula sa mga tahanan ninyo, na magpakabuti kayo sa kanila at magpakamakatarungan kayo sa kanila. Tunay na si Allāh ay umiibig sa mga nagpapakamakatarungan."(Qur'ān 31:8)Ang Islām ay nag-uutos ng pagtatagubilin sa mga anak. Ang pinakadakila sa ipinag-uutos ng Islām sa magulang ay na magturo siya sa mga anak niya ng mga karapatan ng Panginoon nila sa kanila, gaya ng sinabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) sa anak ng tiyuhin sa ama niya na si `Abdullāh bin `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa):"O bata, O munting bata, hindi ba ako magtuturo sa iyo ng mga pangungusap na magpapakinabang sa iyo si Allāh sa pamamagitan ng mga ito? Kaya nagsabi ako: Opo. Kaya nagsabi siya: Ingatan mo si Allāh, iingatan ka Niya. Ingatan mo si Allāh, matatagpuan mo Siya sa harapan mo. Kilalanin mo Siya sa karangyaan, makikilala Ka niya sa kagipitan. Kapag humingi ka, humingi ka kay Allāh. Kapag nagpatulong ka, magpatulong ka kay Allāh."Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad: 4/287.Nag-utos si Allāh sa mga magulang na magturo silang dalawa sa mga anak nilang dalawa ng magpapakinabang sa kanila sa mga nauukol sa relihiyon nila at Mundo nila. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya):"O mga sumampalataya, magsanggalang kayo sa mga sarili ninyo at mga mag-anak ninyo sa Apoy na ang panggatong nito ay ang mga tao at ang mga bato, na sa ibabaw nito ay may mga anghel na mababagsik na matitindi na hindi sumusuway kay Allāh sa anumang ipinag-utos Niya sa kanila at gumagawa sa anumang inuutos sa kanila."(Qur'ān 66:6)Ayon kay `Alīy (malugod si Allāh sa kanya) hinggil sa sabi Niya (pagkataas-taas Siya):"magsanggalang kayo sa mga sarili ninyo at mga mag-anak ninyo sa isang apoy"Nagsasabi siya: "Magdisiplina kayo sa kanila at magturo kayo sa kanila."Nag-utos ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) sa magulang na magturo siya sa anak niya ng pagdarasal upang mahubog ito roon sapagkat nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Mag-utos kayo sa mga anak ninyo ng pagdarasal habang sila ay mga pitong taong gulang."Nagsalaysay nito si Imām Abū Dāwud.Nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Lahat kayo ay tagapag-alaga at lahat kayo ay pinananagot sa alaga niya. Ang tagapanguna ay tagapag-alaga at pinananagot sa alaga niya. Ang lalaki ay tagapag-alaga sa mag-anak niya at siya ay pinananagot sa alaga niya. Ang babae ay tagapag-alaga sa bahay ng asawa niya at pinananagot sa alaga niya. Ang tagapaglingkod ay tagapag-alaga sa ari-arian ng amo niya at pinananagot sa alaga niya. Lahat kayo ay tagapag-alaga at pinananagot sa alaga niya."Ṣaḥīḥ Ibnu Ḥibbān: 4490.Nag-utos ang Islām sa ama ng paggugol sa mga anak niya at maybahay niya. Nauna na ang pagbanggit ng ilan tungkol doon sa parapo numero 18. Nilinaw ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ang kainaman ng paggugol sa mga anak sapagkat nagsabi siya:"Ang pinakamainam na salaping ginugugol ng lalaki ay salaping ginugugol niya sa mag-anak niya, salaping ginugugol ng lalaki sa sasakyang hayop niya sa landas ni Allāh, at salaping ginugugol niya sa mga kasamahan niya sa landas ni Allāh." Nagsabi si Abū Qilābah: "Nagsimula siya sa mag-anak." Pagkatapos nagsabi si Abū Qilābah: "Aling lalaki ang higit na mabigat sa pabuya kaysa sa isang lalaking gumugugol sa mag-anak na mga bata, na pumipigil sa kanila [sa panghihingi] o nagpapakinabang sa kanila si Allāh sa pamamagitan nito at nagpapayaman Siya sa kanila."Ṣaḥīḥ Muslim: 994.

"Nagtadhana ang Panginoon mo na huwag kayong sumamba maliban sa Kanya at sa mga magulang ay [mag-ukol ng] paggawa ng maganda. Kung aabutan nga sa piling mo ng katandaan ang isa sa kanilang dalawa o ang kapwa sa kanilang dalawa ay huwag kang magsabi sa kanilang dalawa ng nakasusuya at huwag kang bumulyaw sa kanilang dalawa. Magsabi ka sa kanilang dalawa ng salitang marangal."

(Qur'ān17:23)

Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Nagtagubilin Kami sa tao hinggil sa mga magulang niya – nagdalang-tao sa kanya ang ina niya sa isang panlalata sa ibabaw ng isang panlalata at ang pag-awat sa kanya ay sa dalawang taon – na [nagsasabi]: "Magpasalamat ka sa Akin at sa mga magulang mo. Tungo sa Akin ang kahahantungan."

(Qur'ān 31:14)

Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Nagtagubilin Kami sa tao hinggil sa mga magulang niya ng paggawa ng maganda. Nagdalang-tao sa kanya ang ina niya sa hirap at nagsilang ito sa kanya sa hirap. Ang pagdadalang-tao sa kanya at ang

pag-awat sa kanya ay tatlumpong buwan. Hanggang sa nang umabot siya sa kalakasan niya at umabot siya sa apatnapung taong gulang ay nagsabi siya: "Panginoon ko, udyukan Mo ako na magpasalamat ako sa biyaya Mo na ibiniyaya Mo sa akin at sa mga magulang ko, na gumawa ako ng maayos na kalulugdan Mo, at magsaayos Ka para sa akin sa mga supling ko; tunay na ako ay nagbabalik-loob sa Iyo at tunay na ako ay kabilang sa mga Muslim.""

(Qur'ān 46:15)

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: "May dumating na isang lalaki sa Sugo ni Allāh(basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) saka nagsabi ito: O Sugo ni Allāh, sino po ang higit na may karapatan sa mga tao sa kagandahan ng pakikisama ko? Nagsabi siya: Ang ina mo. Nagsabi ito: Pagkatapos sino po? Nagsabi siya: Pagkatapos ang ina mo. Nagsabi ito: Pagkatapos sino po? Nagsabi siya: Pagkatapos ang ina mo. Pagkatapos sino po? Nagsabi siya: Pagkatapos ang ama mo."

Ṣaḥīḥ Muslim.

Ang usaping ito ng tagubilin sa mga magulang maging sila man ay mga Muslim o hindi mga Muslim,

Ayon kay Asmā’ bint Abū Bakr na nagsabi: "Dumating ang ina ko kasama ng anak nito sa panahon ng Quraysh at yugto nila – noong nakipagkasunduan sila sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan). Kaya sumangguni ako sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) kaya nagsabi ako: Tunay na ang ina ko ay dumating at siya ay naghahangad [ng isang bagay], kaya makikipag-ugnayan ba ako sa kanya? Nagsabi siya: Oo, makipag-ugnayan ka sa ina mo."

Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy.

Bagkus kung sakaling nagtangka ang mga magulang at nagpunyagi silang dalawa na malipat ang anak mula sa Islām tungo sa kawalang-pananampalataya, tunay na ang Islām ay nag-uutos sa kanya – habang ang kalagayan ay ganito – na huwag siyang tumalima sa kanilang dalawa, manatili siyang mananampalataya kay Allāh, gumawa siya ng maganda sa kanilang dalawa, at makisama siya sa kanilang dalawa ayon sa nakabubuti. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Kung nakipagpunyagi silang dalawa sa iyo na magtambal ka sa Akin ng wala kang kaalaman hinggil doon ay huwag kang tumalima sa kanilang dalawa. Makisama ka sa kanilang dalawa sa Mundo ayon sa nakabubuti. Sumunod ka sa landas ng sinumang nagsisising nanumbalik tungo sa Akin. Pagkatapos tungo sa Akin ang babalikan ninyo saka magbabalita Ako sa inyo hinggil sa anumang dati ninyong ginagawa.""

(Qur'ān 31:15)

Ang Islām ay hindi pumipigil sa Muslim sa paggawa ng maganda sa kamag-anakan niyang mga tagapagtambal o hindi kamag-anakan niya kapag sila ay hindi mga nakikidigma sa kanya. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Hindi sumasaway sa inyo si Allāh, sa mga hindi nakipaglaban sa inyo sa Relihiyon at hindi nagpalisan sa inyo mula sa mga tahanan ninyo, na magpakabuti kayo sa kanila at magpakamakatarungan kayo sa kanila. Tunay na si Allāh ay umiibig sa mga nagpapakamakatarungan."

(Qur'ān 31:8)

Ang Islām ay nag-uutos ng pagtatagubilin sa mga anak. Ang pinakadakila sa ipinag-uutos ng Islām sa magulang ay na magturo siya sa mga anak niya ng mga karapatan ng Panginoon nila sa kanila, gaya ng sinabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) sa anak ng tiyuhin sa ama niya na si `Abdullāh bin `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa):

"O bata, O munting bata, hindi ba ako magtuturo sa iyo ng mga pangungusap na magpapakinabang sa iyo si Allāh sa pamamagitan ng mga ito? Kaya nagsabi ako: Opo. Kaya nagsabi siya: Ingatan mo si Allāh, iingatan ka Niya. Ingatan mo si Allāh, matatagpuan mo Siya sa harapan mo. Kilalanin mo

Siya sa karangyaan, makikilala Ka niya sa kagipitan. Kapag humingi ka, humingi ka kay Allāh. Kapag nagpatulong ka, magpatulong ka kay Allāh."

Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad: 4/287.

Nag-utos si Allāh sa mga magulang na magturo silang dalawa sa mga anak nilang dalawa ng magpapakinabang sa kanila sa mga nauukol sa relihiyon nila at Mundo nila. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya):

"O mga sumampalataya, magsanggalang kayo sa mga sarili ninyo at mga mag-anak ninyo sa Apoy na ang panggatong nito ay ang mga tao at ang mga bato, na sa ibabaw nito ay may mga anghel na mababagsik na matitindi na hindi sumusuway kay Allāh sa anumang ipinag-utos Niya sa kanila at gumagawa sa anumang inuutos sa kanila."

(Qur'ān 66:6)

Ayon kay `Alīy (malugod si Allāh sa kanya) hinggil sa sabi Niya (pagkataas-taas Siya):

"magsanggalang kayo sa mga sarili ninyo at mga mag-anak ninyo sa isang apoy"

Nagsasabi siya: "Magdisiplina kayo sa kanila at magturo kayo sa kanila."

Nag-utos ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) sa magulang na magturo siya sa anak niya ng pagdarasal upang mahubog ito roon sapagkat nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):

"Mag-utos kayo sa mga anak ninyo ng pagdarasal habang sila ay mga pitong taong gulang."

Nagsalaysay nito si Imām Abū Dāwud.

Nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):

"Lahat kayo ay tagapag-alaga at lahat kayo ay pinananagot sa alaga niya. Ang tagapanguna ay tagapag-alaga at pinananagot sa alaga niya. Ang lalaki ay tagapag-alaga sa mag-anak niya at siya ay pinananagot sa alaga niya. Ang babae ay tagapag-alaga sa bahay ng asawa niya at pinananagot sa alaga niya. Ang tagapaglingkod ay tagapag-alaga sa ari-arian ng amo niya at pinananagot sa alaga niya. Lahat kayo ay tagapag-alaga at pinananagot sa alaga niya."

Ṣaḥīḥ Ibnu Ḥibbān: 4490.

Nag-utos ang Islām sa ama ng paggugol sa mga anak niya at maybahay niya. Nauna na ang pagbanggit ng ilan tungkol doon sa parapo numero 18. Nilinaw ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ang kainaman ng paggugol sa mga anak sapagkat nagsabi siya:

"Ang pinakamainam na salaping ginugugol ng lalaki ay salaping ginugugol niya sa mag-anak niya, salaping ginugugol ng lalaki sa sasakyang hayop niya sa landas ni Allāh, at salaping ginugugol niya sa mga kasamahan niya sa landas ni Allāh." Nagsabi si Abū Qilābah: "Nagsimula siya sa mag-anak." Pagkatapos nagsabi si Abū Qilābah: "Aling lalaki ang higit na mabigat sa pabuya kaysa sa isang lalaking gumugugol sa mag-anak na mga bata, na pumipigil sa kanila [sa panghihingi] o nagpapakinabang sa kanila si Allāh sa pamamagitan nito at nagpapayaman Siya sa kanila."

Ṣaḥīḥ Muslim: 994.

# 30. Ang Islām ay nag-uutos ng katarungan sa salita at gawa kahit pa man sa mga kaaway.

Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya) ay nailalarawan sa katarungan at pagkamakatarungan sa mga gawa Niya at pangangasiwa Niya sa mga lingkod Niya. Siya ay nasa isang landasing tuwid sa ipinag-uutos Niya at sinasaway Niya at sa nilikha Niya at itinakda Niya. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Sumaksi si Allāh na walang Diyos kundi Siya, ang mga anghel, at ang mga may kaalaman, habang nagpapanatili sa pagkamakatarungan. Walang Diyos

kundi Siya, ang Makapangyarihan, ang Marunong."(Qur'ān 3:18)Si Allāh ay nag-uutos ng katarungan. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Nag-utos ang Panginoon ko ng pagkamakatarungan"(Qur'ān 7:29)Ang lahat ng mga sugo at mga propeta (sumakanila ang basbas at ang pagbati ng kapayapaan) ay naghatid ng katarungan. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Talaga ngang nagsugo Kami ng mga sugo Namin kalakip ng mga malinaw na patunay at nagpababa Kami kasama sa kanila ng kasulatan at timbangan upang magpanatili ang mga tao ng pagkamakatarungan."(Qur'ān 57:25)Ang timbangan ay ang katarungan sa mga sinasabi at mga ginagawa.Ang Islām ay nag-uutos ng katarungan sa salita at gawa kahit pa man sa mga kaaway. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"O mga sumampalataya, kayo ay maging mga tagapagpanatili ng pagkamakatarungan, mga saksi para kay Allāh kahit pa laban sa mga sarili ninyo o mga magulang at mga pinakamalapit na kaanak. Kung naging isang mayaman o isang maralita, si Allāh ay higit na karapat-dapat sa kanilang dalawa. Kaya huwag kayong sumunod sa pithaya, na baka lumihis kayo. Kung magbabaluktot kayo [ng pagsasaksi] o aayaw kayo, tunay na si Allāh laging sa anumang ginagawa ninyo ay Mapagbatid."(Qur'ān 4:135)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Huwag ngang mag-uudyok sa inyo ang pagkasuklam sa ilang tao na sumagabal sa inyo sa Masjid na Pinakababanal na lumabag kayo. Magtulungan kayo sa pagpapakabuti at pangingilag magkasala at huwag kayong magtulungan sa kasalanan at paglabag. Mangilag kayong magkasala kay Allāh. Tunay na si Allāh ay matindi ang parusa."(Qur'ān 5:2)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"O mga sumampalataya, kayo ay maging mga mapagpanatili para kay Allāh, mga saksi sa pagkamakatarungan. Huwag ngang mag-uudyok sa inyo ang pagkasuklam sa ilang tao upang hindi kayo magmakatarungan. Magmakatarungan kayo; ito ay pinakamalapit sa pangingilag magkasala."(Qur'ān 5:8)Kaya nakatatagpo ka kaya sa mga batas ng mga bansa sa ngayon o sa mga relihiyon ng mga tao ng tulad ng pag-uutos na ito sa pagsaksi sa katotohanan at pagsasabi ng katapatan kahit pa laban sa sarili, mga magulang, at mga kamag-anak, at ng pag-uutos ng katarungan sa kaaway at kaibigan?Nag-utos ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ng katarungan sa pagitan ng mga anak.Ayon kay `Āmir na nagsabi: Nakarinig ako kay An-Nu`mān bin Bashīr (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) habang siya ay nasa pulpito na nagsasabi: "Nagbigay sa akin ang ama ko ng isang regalo ngunit nagasabi [ang ina kong] si `Amrah bint Rawāḥah: Hindi ako malulugod hanggang sa magpasaksi ka sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan)." Kaya pumunta [ang ama] sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) saka nagsabi: "Tunay na ako ay nagbigay sa anak ko kay `Amrah bint Rawāḥah ng isang regalo ngunit nag-utos siya sa akin na magpasaksi ako sa iyo, o Sugo ni Allāh." Nagsabi siya: "Nagbigay ka sa nalalabi sa mga anak mo ng tulad niyan?" Nagsabi ito: "Hindi po." Nagsabi siya: "Kaya mangilag kang magkasala kay Allāh at magmakatarungan ka sa mga anak mo." Kaya bumalik ito saka binawi nito ang regalo niya.Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 2587.

"Sumaksi si Allāh na walang Diyos kundi Siya, ang mga anghel, at ang mga may kaalaman, habang nagpapanatili sa pagkamakatarungan. Walang Diyos kundi Siya, ang Makapangyarihan, ang Marunong."

(Qur'ān 3:18)

Si Allāh ay nag-uutos ng katarungan. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Nag-utos ang Panginoon ko ng pagkamakatarungan"

(Qur'ān 7:29)

Ang lahat ng mga sugo at mga propeta (sumakanila ang basbas at ang pagbati ng kapayapaan) ay naghatid ng katarungan. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Talaga ngang nagsugo Kami ng mga sugo Namin kalakip ng mga malinaw na patunay at nagpababa Kami kasama sa kanila ng kasulatan at timbangan upang magpanatili ang mga tao ng pagkamakatarungan."

(Qur'ān 57:25)

Ang timbangan ay ang katarungan sa mga sinasabi at mga ginagawa.

Ang Islām ay nag-uutos ng katarungan sa salita at gawa kahit pa man sa mga kaaway. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"O mga sumampalataya, kayo ay maging mga tagapagpanatili ng pagkamakatarungan, mga saksi para kay Allāh kahit pa laban sa mga sarili ninyo o mga magulang at mga pinakamalapit na kaanak. Kung naging isang mayaman o isang maralita, si Allāh ay higit na karapat-dapat sa kanilang dalawa. Kaya huwag kayong sumunod sa pithaya, na baka lumihis kayo. Kung magbabaluktot kayo [ng pagsasaksi] o aayaw kayo, tunay na si Allāh laging sa anumang ginagawa ninyo ay Mapagbatid."

(Qur'ān 4:135)

Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Huwag ngang mag-uudyok sa inyo ang pagkasuklam sa ilang tao na sumagabal sa inyo sa Masjid na Pinakababanal na lumabag kayo. Magtulungan kayo sa pagpapakabuti at pangingilag magkasala at huwag kayong magtulungan sa kasalanan at paglabag. Mangilag kayong magkasala kay Allāh. Tunay na si Allāh ay matindi ang parusa."

(Qur'ān 5:2)

Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"O mga sumampalataya, kayo ay maging mga mapagpanatili para kay Allāh, mga saksi sa pagkamakatarungan. Huwag ngang mag-uudyok sa inyo ang pagkasuklam sa ilang tao upang hindi kayo magmakatarungan. Magmakatarungan kayo; ito ay pinakamalapit sa pangingilag magkasala."

(Qur'ān 5:8)

Kaya nakatatagpo ka kaya sa mga batas ng mga bansa sa ngayon o sa mga relihiyon ng mga tao ng tulad ng pag-uutos na ito sa pagsaksi sa katotohanan at pagsasabi ng katapatan kahit pa laban sa sarili, mga magulang, at mga kamag-anak, at ng pag-uutos ng katarungan sa kaaway at kaibigan?

Nag-utos ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ng katarungan sa pagitan ng mga anak.

Ayon kay `Āmir na nagsabi: Nakarinig ako kay An-Nu`mān bin Bashīr (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) habang siya ay nasa pulpito na nagsasabi: "Nagbigay sa akin ang ama ko ng isang regalo ngunit nagasabi [ang ina kong] si `Amrah bint Rawāḥah: Hindi ako malulugod hanggang sa magpasaksi ka sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan)." Kaya pumunta [ang ama] sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) saka nagsabi: "Tunay na ako ay nagbigay sa anak ko kay `Amrah bint Rawāḥah ng isang regalo ngunit nag-utos siya sa akin na magpasaksi ako sa iyo, o Sugo ni Allāh." Nagsabi siya: "Nagbigay ka sa nalalabi sa mga anak mo ng tulad niyan?" Nagsabi ito: "Hindi po." Nagsabi siya: "Kaya mangilag kang magkasala kay Allāh at magmakatarungan ka sa mga anak mo." Kaya bumalik ito saka binawi nito ang regalo niya.

Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 2587.

Iyon ay dahil hindi mananatili ang kapakanan ng mga tao at ng mga estado malibang sa pamamagitan ng katarungan. Hindi natitiwasay ang mga tao sa mga relihiyon nila, mga buhay nila, mga supling nila, mga dangal nila, mga ari-arian nila, at mga bayan nila malibang sa pamamagitan ng katarungan. Dahil dito natatagpuan natin na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan), noong nanggipit ang mga tagatangging sumampalataya ng Makkah sa mga Muslim sa Makkah, ay nag-utos sa kanila na lumikas sa Ethiopia. Nagbigay-matuwid siya niyon na doon ay may isang haring makatarungan na hindi nalalabag sa katarungan sa ganang kanya ang isang tao.

# 31. Ang Islām ay nag-uutos ng paggawa ng maganda sa nilikha sa kalahatan at nag-aanyaya sa mararangal sa mga kaasalan at magaganda sa mga gawa.

Ang Islām ay nag-uutos ng paggawa ng maganda sa nilikha sa kalahatan. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Tunay na si Allāh ay nag-uutos ng katarungan, paggawa ng maganda, at pagbibigay sa may pagkakamag-anak;"(Qur'ān 16:90)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"na mga gumugugol sa kariwasaan at kariwaraan, mga nagpipigil ng ngitngit, at mga nagpapaumanhin sa mga tao. Si Allāh ay umiibig sa mga tagagawa ng maganda,"(Qur'ān 3:134)Nagsabi ang Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Tunay na si Allāh ay nagsatungkulin ng pagpaganda sa lahat ng bagay. Kaya kapag pumatay kayo, pagandahin ninyo ang pagkapatay. Kapag kumatay kayo, pagandahin ninyo ang pagkatay. Hasain ng isa sa inyo ang patalim niya saka pagpahingain niya ang kakatayin niya."Ṣaḥīḥ Muslim: 1955.Ang Islām ay nag-aanyaya sa mararangal sa mga kaasalan at magaganda sa mga gawa. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya) hinggil sa paglalarawan sa Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) sa mga naunang kasulatan:"na mga sumusunod sa Sugo na Propetang iliterato, na nakatatagpo sila sa kanya na nakasulat sa ganang kanila sa Torah at Ebanghelyo, na nag-uutos sa kanila sa nakabubuti, sumasaway sa kanila sa nakasasama, nagpapahintulot sa kanila ng mga kaaya-aya, nagbabawal sa kanila ng mga karima-rimarim, at nag-aalis sa kanila ng pabigat sa kanila at mga kulyar na dating nasa kanila. Kaya ang mga sumampalataya sa kanya, nagpitagan sa kanya, nag-adya sa kanya, at sumunod sa liwanag na pinababa kasama sa kanya, ang mga iyon ay ang mga magtatagumpay.""(Qur'ān 7:157)Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"O `Ā’ishah, tunay na si Allāh ay Malumay na umiibig sa kalumayan at nagbibigay Siya dahil sa kalumayan ng hindi Niya ibinibigay dahil sa karahasan at ng hindi Niya ibinibigay dahil sa iba rito."Ṣaḥīḥ Muslim: 2593.Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Tunay na si Allāh ay nagbawal sa inyo ng kasuwailan sa mga ina at paglilibing nang buhay sa mga babaing anak, pumigil sa pagkakait ng karapatan, at nasuklam para sa inyo ng pagsasabi-sabi, damit ng panghihingi, at pagsasayang ng yaman."Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 2408.Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Hindi kayo papasok sa Paraiso malibang sumampalataya kayo at hindi kayo sumampalataya hanggang sa magmahalan kayo. Hindi ba ako magtuturo sa inyo ng isang bagay na kapag ginawa ninyo ito ay magmamahalan kayo? Ipalaganap ninyo ang [pagbati ng] kapayapaan sa pagitan ninyo."Ṣaḥīḥ Muslim: 54.

"Tunay na si Allāh ay nag-uutos ng katarungan, paggawa ng maganda, at pagbibigay sa may pagkakamag-anak;"

(Qur'ān 16:90)

Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"na mga gumugugol sa kariwasaan at kariwaraan, mga nagpipigil ng ngitngit, at mga nagpapaumanhin sa mga tao. Si Allāh ay umiibig sa mga tagagawa ng maganda,"

(Qur'ān 3:134)

Nagsabi ang Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):

"Tunay na si Allāh ay nagsatungkulin ng pagpaganda sa lahat ng bagay. Kaya kapag pumatay kayo, pagandahin ninyo ang pagkapatay. Kapag kumatay kayo, pagandahin ninyo ang pagkatay. Hasain ng isa sa inyo ang patalim niya saka pagpahingain niya ang kakatayin niya."

Ṣaḥīḥ Muslim: 1955.

Ang Islām ay nag-aanyaya sa mararangal sa mga kaasalan at magaganda sa mga gawa. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya) hinggil sa paglalarawan sa Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) sa mga naunang kasulatan:

"na mga sumusunod sa Sugo na Propetang iliterato, na nakatatagpo sila sa kanya na nakasulat sa ganang kanila sa Torah at Ebanghelyo, na nag-uutos sa kanila sa nakabubuti, sumasaway sa kanila sa nakasasama, nagpapahintulot sa kanila ng mga kaaya-aya, nagbabawal sa kanila ng mga karima-rimarim, at nag-aalis sa kanila ng pabigat sa kanila at mga kulyar na dating nasa kanila. Kaya ang mga sumampalataya sa kanya, nagpitagan sa kanya, nag-adya sa kanya, at sumunod sa liwanag na pinababa kasama sa kanya, ang mga iyon ay ang mga magtatagumpay.""

(Qur'ān 7:157)

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):

"O `Ā'ishah, tunay na si Allāh ay Malumay na umiibig sa kalumayan at nagbibigay Siya dahil sa kalumayan ng hindi Niya ibinibigay dahil sa karahasan at ng hindi Niya ibinibigay dahil sa iba rito."

Ṣaḥīḥ Muslim: 2593.

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):

"Tunay na si Allāh ay nagbawal sa inyo ng kasuwailan sa mga ina at paglilibing nang buhay sa mga babaing anak, pumigil sa pagkakait ng karapatan, at nasuklam para sa inyo ng pagsasabi-sabi, damit ng panghihingi, at pagsasayang ng yaman."

Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 2408.

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):

"Hindi kayo papasok sa Paraiso malibang sumampalataya kayo at hindi kayo sumampalataya hanggang sa magmahalan kayo. Hindi ba ako magtuturo sa inyo ng isang bagay na kapag ginawa ninyo ito ay magmamahalan kayo? Ipalaganap ninyo ang [pagbati ng] kapayapaan sa pagitan ninyo."

Ṣaḥīḥ Muslim: 54.

# 32. Ang Islām ay nag-uutos ng mga kaasalang pinapupurihan gaya ng katapatan, pagganap sa ipinagkatiwala, kalinisang-puri, pagkakaroon ng hiya, katapangan, pagkakaloob, pagkamapagbigay, pagtulong sa nangangailangan, pagsaklolo sa naliligalig, pagpapakain sa nagugutom, kagandahan ng pagkakapitbahay, pag-ugnay sa mga pagkakaanak, at kalumayan sa hayop.

Ang Islām ay nag-uutos ng mga kaasalang pinapupurihan. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Ipinadala lamang ako upang maglubos ako ng maayos sa mga kaasalan."Ṣaḥīḥ Al-Adab Al-Mufrad: 207.Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Tunay na kabilang sa pinakakaibig-ibig sa inyo sa akin at pinakamalapit sa inyo sa akin sa upuan sa Araw ng Pagbangon ay ang mga pinakamaganda sa inyo sa mga kaasalan. Tunay na ang pinakakamuhi-muhi sa inyo sa akin at ang pinakamalayo sa inyo sa akin sa upuan sa Araw ng Pagbangon ay ang mga madaldal, ang mga tagasatsat, at ang mga tagapangalandakan." Nagsabi sila: "Nalaman na namin ang mga madaldal at ang mga tagasatsat, ngunit ano naman po ang mga tagapangalandakan?" Nagsabi Siya: "Ang mga nagpapakamalaki."As-Silsilah Aṣ-Ṣaḥīḥ 791:Ayon kay `Abdullāh bin `Amr bin Al-`Āṣṣ (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay hindi naging mahalay at nagpapakahalay. Siya noon ay nagsasabi: "Tunay na kabilang sa mga pinakamabuti sa inyo ay ang pinakamaganda sa inyo sa mga kaasalan."Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 3559.Mayroon pang iba na mga talata ng Qur'ān at mga ḥadīth na nagpapatunay na ang Islām ay humihimok sa mararangal sa mga kaasalan at magaganda sa mga gawa sa pangkalahatan.Kabilang sa ipinag-uutos ng Islām ang katapatan. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Manatili kayo sa katapatan sapagkat tunay na ang katapatan ay nagpapatnubay sa pagpapakabuti at tunay na ang pagpapakabuti ay nagpapatnubay sa Paraiso. Hindi tumitigil ang lalaki na nagpapakatapat at naglalayon ng katapatan hanggang sa itala siya sa ganang kay Allāh bilang pagkatapat-tapat."Ṣaḥīḥ Muslim: 2607.Kabilang sa ipinag-uutos ng

Islām ang pagganap sa ipinagkatiwala. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Tunay na si Allāh ay nag-uutos sa inyo na gampanan ninyo ang mga ipinagkatiwala sa mga kinauukulan ng mga ito."(Qur'ān 4:58)Kabilang sa ipinag-uutos ng Islām ang kalinisang-puri. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"May tatlong nagindapat kay Allāh ang pagtulong sa kanila. Bumanggit Siya na kabilang sa kanila ang nag-aasawa na nagnanais ng kalinisang-puri."Sunan At-Tirmidhīy: 1655.Kabilang noon sa panalangin niya (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay na siya noon ay nagsaabi:"O Allāh, tunay na ako ay humihingi sa iyo ng patnubay, pangingilag magkasala, kalinisang-puri, at kasapatan."Ṣaḥīḥ Muslim: 2721.Kabilang sa ipinag-uutos ng Islām ang pagkakaroon ng hiya. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):Ang pagkakaroon ng hiya ay hindi nagdadala maliban ng isang kabutihan."Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 6117.Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Bawat relihiyon ay may kaasalan at ang kaasalang Islām ay ang pagkakaroon ng hiya."Nagtala nito si Imām Al-Bayhaqīy sa Shi`b Al-Īmān 6/2619.Kabilang sa ipinag-uutos ng Islām ang katapangan sapagkat ayon kay Anas (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi:"Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) noon ay ang pinakamahusay sa mga tao, at ang pinakamatapang sa mga tao, ang pinakamapagbigay sa mga tao. Talaga ngang nahintakutan minsan ang mga naninirahan sa Madīnah ngunit ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) nakauna sa kanila [sa pagpunta] sakay ng isang kabayo."Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 2820.Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay nagpapakupkop kay Allāh laban sa karuwagan sapagkat siya noon ay nagsasabi:"O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa karuwagan."Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 6374.Kabilang sa ipinag-uutos ng Islām ang pagkakaloob at ang pagkamapagbigay. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Ang paghahalintulad sa mga gumugugol ng mga salapi nila sa landas ni Allāh ay katulad ng isang butil na nagpatubo ng pitong puso, na sa bawat puso ay may isandaang butil. Si Allāh ay nagpapaibayo para sa sinumang niloloob Niya. Si Allāh ay Malawak, Maalam."(Qur'ān 2:261)Ang kaasalan ng Sugo ni Allāh noon (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay ang pagkamapagbigay sapagkat ayon kay Ibnu `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi:"Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) noon ay ang pinakamapagbigay sa mga tao sa kabutihan. Siya noon ay ang pinakamapagbigay sa anumang nasa Ramaḍān nang nakikipagkita sa kanya si Anghel Gabriel. Si Anghel Gabriel noon (ang pagbati ng kapayapaan) ay nakikipagkita sa kanya sa bawat gabi sa Ramaḍān hanggang sa magwakas ito. Naglalahad sa kanya ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ng Qur'ān. Kaya kapag nakikipagkita sa kanya si Anghel Gabriel (ang pagbati ng kapayapaan), siya noon ay pinakamapagbigay sa kabutihan kaysa sa hanging pinawalan."Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 1902.Kabilang sa ipinag-uutos ng Islām ang pagtulong sa nangangailangan, ang pagsaklolo sa naliligalig, ang pagpapakain sa nagugutom, ang kagandahan ng pagkakapitbahay, ang pag-ugnay sa mga pagkakaanak, at ang kalumayan sa hayop.Ayon kay `Abdullāh bin `Amr Al-`Āṣṣ, (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): Na may isang lalaking nagtanong sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan): "Aling Islām po ang pinakamabuti?" Nagsabi siya: "Magpapakain ka ng pagkain at babati ka ng kapayapaan sa sinumang nakilala mo at sinumang hindi mo nakilala."Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 12.Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Samantalang may isang lalaking naglalakad sa isang daan, tumindi sa kanya ang uhaw. Nakatagpo siya ng isang balon kaya bumaba siya roon saka uminom. Pagkatapos lumabas siya, saka biglang may isang aso na naglalawit-lawit [ng dila], na kumakain ng lupang mahalumigmig dahil sa uhaw. Kaya nagsabi ang lalaki: Talaga ngang umabot ang asong ito sa uhaw tulad ng umabot sa akin. Kaya bumaba siya sa balon saka pinuno niya ang balat na medyas niya. Pagkatapos humawak siya sa aso sa nguso nito saka pinainom niya ang aso. Kaya kumilala si Allāh sa kabutihan niya, saka nagpatawad sa kanya." Nagsabi sila: "O Sugo ni Allāh, tunay na may pabuyang ukol sa amin dahil sa mga hayop?" Kaya nagsabi siya: "Oo; sa bawat may basang atay ay may pabuya."Ṣaḥīḥ Ibnu Ḥibbān: 544.Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Ang tagapagpunyagi sa balo at maralita ay gaya ng nakikibaka sa landas ni Allāh o nagdarasal sa gabi na nag-aayuno sa maghapon."Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 5353.Ang Islām ay nagbibigay-diin sa mga karapatan ng mga pagkakaanak at nag-oobliga ng pag-ugnay sa mga may pagkakaanak. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Ang Propeta ay higit na karapat-dapat sa mga mananampalataya kaysa sa mga sarili nila. Ang mga maybahay niya ay mga ina nila. Ang mga may mga pagkakaanak, ang iba sa kanila ay higit na karapat-dapat sa iba [sa pagmamana] ayon sa Kautusan ni Allāh kaysa sa mga mananampalataya at mga lumikas, maliban na gumawa kayo sa mga katangkilik ninyo ng isang nakabubuti. Noon pa, iyon sa Talaan ay nakatitik na."(Qur'ān 33:6)Nagbigay-babala Siya laban sa pagkaputol ng

pagkakaanak at nag-ugnay Siya nito sa panggugulo sa lupa. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):22. Kaya marahil kayo kaya, kung tumalikod kayo, ay manggugulo sa lupa at magpuputul-putol ng mga pagkakaanak ninyo?23. Ang mga iyon ay ang mga isinumpa ni Allāh, kaya bumingi Siya sa kanila at bumulag Siya sa mga paningin nila.(Qur'ān 47:22-23)Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan): "Hindi papasok sa Paraiso ang isang tagaputol ng pagkakaanak."Ṣaḥīḥ Muslim: 2556.Ang mga magkakaanak na kinakailangan ang pag-ugnay sa kanila ay ang mga magulang, ang mga kapatid, ang mga tiyuhin sa ama, ang mga tiyahin sa ama, ang mga tiyuhin sa ina, at ang mga tiyahin sa ina,Ang Islām ay nagbibigay-diin sa karapatan ng kapitbahay kahit pa man siya ay di-Muslim. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Sumamba kayo Allāh at huwag kayong magtambal sa Kanya ng anuman. Sa mga magulang ay [mag-ukol ng] paggawa ng maganda, at sa may pagkakamag-anak, mga ulila, mga dukha, kapit-bahay na may pagkakamag-anak, kapit-bahay na malayo, kasamahan sa tabi, kinapos sa daan, at minay-ari ng mga kanang kamay ninyo. Tunay na si Allāh ay hindi umiibig sa sinumang hambog na mayabang."(Qur'ān 4:36)Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Hindi tumigil si Jibrīl na nagtatagubilin sa akin hinggil sa kapitbahay hanggang sa magpalagay ako na siya ay gagawa rito bilang tagapagmana."Ṣaḥīḥ Abī Dāwud 5152.

"Ipinadala lamang ako upang maglubos ako ng maayos sa mga kaasalan."

Ṣaḥīḥ Al-Adab Al-Mufrad: 207.

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):

"Tunay na kabilang sa pinakakaibig-ibig sa inyo sa akin at pinakamalapit sa inyo sa akin sa upuan sa Araw ng Pagbangon ay ang mga pinakamaganda sa inyo sa mga kaasalan. Tunay na ang pinakakamuhi-muhi sa inyo sa akin at ang pinakamalayo sa inyo sa akin sa upuan sa Araw ng Pagbangon ay ang mga madaldal, ang mga tagasatsat, at ang mga tagapangalandakan." Nagsabi sila: "Nalaman na namin ang mga madaldal at ang mga tagasatsat, ngunit ano naman po ang mga tagapangalandakan?" Nagsabi Siya: "Ang mga nagpapakamalaki."

As-Silsilah Aṣ-Ṣaḥīḥ 791:

Ayon kay `Abdullāh bin `Amr bin Al-`Āṣṣ (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay hindi naging mahalay at nagpapakahalay. Siya noon ay nagsasabi: "Tunay na kabilang sa mga pinakamabuti sa inyo ay ang pinakamaganda sa inyo sa mga kaasalan."

Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 3559.

Mayroon pang iba na mga talata ng Qur'ān at mga ḥadīth na nagpapatunay na ang Islām ay humihimok sa mararangal sa mga kaasalan at magaganda sa mga gawa sa pangkalahatan.

Kabilang sa ipinag-uutos ng Islām ang katapatan. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):

"Manatili kayo sa katapatan sapagkat tunay na ang katapatan ay nagpapatnubay sa pagpapakabuti at tunay na ang pagpapakabuti ay nagpapatnubay sa Paraiso. Hindi tumitigil ang lalaki na nagpapakatapat at naglalayon ng katapatan hanggang sa itala siya sa ganang kay Allāh bilang pagkatapat-tapat."

Ṣaḥīḥ Muslim: 2607.

Kabilang sa ipinag-uutos ng Islām ang pagganap sa ipinagkatiwala. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Tunay na si Allāh ay nag-uutos sa inyo na gampanan ninyo ang mga ipinagkatiwala sa mga kinauukulan ng mga ito."

(Qur'ān 4:58)

Kabilang sa ipinag-uutos ng Islām ang kalinisang-puri. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):

"May tatlong nagindapat kay Allāh ang pagtulong sa kanila. Bumanggit Siya na kabilang sa kanila ang nag-aasawa na nagnanais ng kalinisang-puri."

Sunan At-Tirmidhīy: 1655.

Kabilang noon sa panalangin niya (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay na siya noon ay nagsaabi:

"O Allāh, tunay na ako ay humihingi sa iyo ng patnubay, pangingilag magkasala, kalinisang-puri, at kasapatan."

Ṣaḥīḥ Muslim: 2721.

Kabilang sa ipinag-uutos ng Islām ang pagkakaroon ng hiya. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):

Ang pagkakaroon ng hiya ay hindi nagdadala maliban ng isang kabutihan."

Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 6117.

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):

"Bawat relihiyon ay may kaasalan at ang kaasalang Islām ay ang pagkakaroon ng hiya."

Nagtala nito si Imām Al-Bayhaqīy sa Shi`b Al-Īmān 6/2619.

Kabilang sa ipinag-uutos ng Islām ang katapangan sapagkat ayon kay Anas (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi:

"Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) noon ay ang pinakamahusay sa mga tao, at ang pinakamatapang sa mga tao, ang pinakamapagbigay sa mga tao. Talaga ngang nahintakutan minsan ang mga naninirahan sa Madīnah ngunit ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) nakauna sa kanila [sa pagpunta] sakay ng isang kabayo."

Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 2820.

Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay nagpapakupkop kay Allāh laban sa karuwagan sapagkat siya noon ay nagsasabi:

"O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa karuwagan."

Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 6374.

Kabilang sa ipinag-uutos ng Islām ang pagkakaloob at ang pagkamapagbigay. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Ang paghahalintulad sa mga gumugugol ng mga salapi nila sa landas ni Allāh ay katulad ng isang butil na nagpatubo ng pitong puso, na sa bawat puso ay may isandaang butil. Si Allāh ay nagpapaibayo para sa sinumang niloloob Niya. Si Allāh ay Malawak, Maalam."

(Qur'ān 2:261)

Ang kaasalan ng Sugo ni Allāh noon (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay ang pagkamapagbigay sapagkat ayon kay Ibnu `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi:

"Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) noon ay ang pinakamapagbigay sa mga tao sa kabutihan. Siya noon ay ang pinakamapagbigay sa anumang nasa Ramaḍān nang nakikipagkita sa kanya si Anghel Gabriel. Si Anghel Gabriel noon (ang pagbati ng kapayapaan) ay nakikipagkita sa kanya sa bawat gabi sa Ramaḍān hanggang sa magwakas ito. Naglalahad sa kanya ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ng Qur'ān. Kaya kapag nakikipagkita sa kanya si Anghel Gabriel (ang pagbati ng kapayapaan), siya noon ay pinakamapagbigay sa kabutihan kaysa sa hanging pinawalan."

Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 1902.

Kabilang sa ipinag-uutos ng Islām ang pagtulong sa nangangailangan, ang pagsaklolo sa naliligalig, ang pagpapakain sa nagugutom, ang kagandahan ng pagkakapitbahay, ang pag-ugnay sa mga pagkakaanak, at ang kalumayan sa hayop.

Ayon kay `Abdullāh bin `Amr Al-`Āṣṣ, (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): Na may isang lalaking nagtanong sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan): "Aling Islām po ang pinakamabuti?" Nagsabi siya: "Magpapakain ka ng pagkain at babati ka ng kapayapaan sa sinumang nakilala mo at sinumang hindi mo nakilala."

Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 12.

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):

"Samantalang may isang lalaking naglalakad sa isang daan, tumindi sa kanya ang uhaw. Nakatagpo siya ng isang balon kaya bumaba siya roon saka uminom. Pagkatapos lumabas siya, saka biglang may isang aso na naglalawit-lawit [ng dila], na kumakain ng lupang mahalumigmig dahil sa uhaw. Kaya nagsabi ang lalaki: Talaga ngang umabot ang asong ito sa uhaw tulad ng umabot sa akin. Kaya bumaba siya sa balon saka pinuno niya ang balat na medyas niya. Pagkatapos humawak siya sa aso sa nguso nito saka pinainom niya ang aso. Kaya kumilala si Allāh sa kabutihan niya, saka nagpatawad sa kanya." Nagsabi sila: "O Sugo ni Allāh, tunay na may pabuyang ukol sa amin dahil sa mga hayop?" Kaya nagsabi siya: "Oo; sa bawat may basang atay ay may pabuya."

Ṣaḥīḥ Ibnu Ḥibbān: 544.

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):

"Ang tagapagpunyagi sa balo at maralita ay gaya ng nakikibaka sa landas ni Allāh o nagdarasal sa gabi na nag-aayuno sa maghapon."

Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 5353.

Ang Islām ay nagbibigay-diin sa mga karapatan ng mga pagkakaanak at nag-oobliga ng pag-ugnay sa mga may pagkakaanak. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Ang Propeta ay higit na karapat-dapat sa mga mananampalataya kaysa sa mga sarili nila. Ang mga maybahay niya ay mga ina nila. Ang mga may mga pagkakaanak, ang iba sa kanila ay higit na karapat-dapat sa iba [sa pagmamana] ayon sa Kautusan ni Allāh kaysa sa mga mananampalataya at mga lumikas, maliban na gumawa kayo sa mga katangkilik ninyo ng isang nakabubuti. Noon pa, iyon sa Talaan ay nakatitik na."

(Qur'ān 33:6)

Nagbigay-babala Siya laban sa pagkaputol ng pagkakaanak at nag-ugnay Siya nito sa panggugulo sa lupa. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

22. Kaya marahil kayo kaya, kung tumalikod kayo, ay manggugulo sa lupa at magpuputul-putol ng mga pagkakaanak ninyo?

23. Ang mga iyon ay ang mga isinumpa ni Allāh, kaya bumingi Siya sa kanila at bumulag Siya sa mga paningin nila.

(Qur'ān 47:22-23)

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan): "Hindi papasok sa Paraiso ang isang tagaputol ng pagkakaanak."

Ṣaḥīḥ Muslim: 2556.

Ang mga magkakaanak na kinakailangan ang pag-ugnay sa kanila ay ang mga magulang, ang mga kapatid, ang mga tiyuhin sa ama, ang mga tiyahin sa ama, ang mga tiyuhin sa ina, at ang mga tiyahin sa ina,

Ang Islām ay nagbibigay-diin sa karapatan ng kapitbahay kahit pa man siya ay di-Muslim. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Sumamba kayo Allāh at huwag kayong magtambal sa Kanya ng anuman. Sa mga magulang ay [mag-ukol ng] paggawa ng maganda, at sa may pagkakamag-anak, mga ulila, mga dukha, kapit-bahay na may pagkakamag-anak, kapit-bahay na malayo, kasamahan sa tabi, kinapos sa daan, at minay-ari ng mga kanang kamay ninyo. Tunay na si Allāh ay hindi umiibig sa sinumang hambog na mayabang."

(Qur'ān 4:36)

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):

"Hindi tumigil si Jibrīl na nagtatagubilin sa akin hinggil sa kapitbahay hanggang sa magpalagay ako na siya ay gagawa rito bilang tagapagmana."

Ṣaḥīḥ Abī Dāwud 5152.

# 33. Ang Islām ay nagpahintulot ng mga kaaya-ayang pagkain at inumin at nag-utos ng kadalisayan ng puso, katawan, at tahanan. Dahil doon, nagpahintulot ito ng pag-aasawa gaya ng pag-uutos doon ng mga propeta (sumakanila ang pagbati ng kapayapaan) sapagkat sila ay nag-uutos ng bawat kaaya-aya.

Ang Islām ay nagpahintulot ng mga kaaya-ayang pagkain at inumin. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"O mga tao, tunay na si Allāh ay kaaya-aya na hindi tumatanggap kundi ng kaaya-aya. Tunay na si Allāh ay nag-utos sa mga mananampalataya ng iniutos Niya sa mga isinugo. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya): "O mga sugo, kumain kayo mula sa mga kaaya-ayang bagay at gumawa kayo ng maayos. Tunay na Ako sa anumang ginagawa ninyo ay Maalam." (Qur'ān 23:51) Nagsabi pa Siya (pagkataas-taas Siya): "O mga sumampalataya, kumain kayo mula sa mga kaaya-aya na itinustos sa inyo. Magpasalamat kayo kay Allāh, kung kayo ay sa Kanya sumasamba." (Qur'ān2:172)." Pagkatapos bumanggit siya ng isang lalaking nagpahaba ng paglalakbay, na nagulo [ang buhok], na naalikabukan, na nag-uunat ng mga kamay niya sa langit: "O Panginoon ko, O Panginoon ko," samantalang ang kinakain niya ay bawal, ang isinusuot niya ay bawal, ang iniinom niya ay bawal, pinakakain siya sa bawal, kaya papaanong tutugunin siya roon?"Ṣaḥīḥ Muslim: 1015.Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Sabihin mo: "Sino ang nagbawal sa gayak ni Allāh na pinalabas Niya para sa mga lingkod Niya at sa mga kaaya-aya mula sa panustos?" Sabihin mo: "Ito ay para sa mga sumampalataya sa [sandali ng] buhay sa Mundo samantalang nakalaan [sa kanila] sa Araw ng Pagbangon." Gayon Kami nagdedetalye ng mga tanda para sa mga taong umaalam."(Qur'ān 4:32)Ang Islām ay nag-utos ng kadalisayan ng puso, katawan, at tahanan. Dahil doon, nagpahintulot ito ng pag-aasawa gaya ng pag-uutos niyon ng mga propeta at mga isinugo (sumakanila ang pagbati ng kapayapaan) sapagkat sila ay nag-uutos ng bawat kaaya-aya. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Si Allāh ay gumawa para sa inyo mula sa mga sarili ninyo ng mga asawa, gumawa para sa inyo mula sa mga asawa ninyo ng mga anak at mga apo, at tumustos sa inyo mula sa mga kaaya-ayang bagay. Kaya ba sa kabulaanan sumasampalataya kayo at sa biyaya ni Allāh kayo ay tumatangging kumilala?"(Qur'ān 16:72)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):4. Sa mga kasuutan mo ay magdalisay ka.5. Sa kasalaulaan ay lumayo ka.(Qur'ān 16:4-5)Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Hindi papasok sa Paraiso ang sinumang nasa puso niya ay may kasimbigat ng isang katiting na pagmamalaki." May nagsabing isang lalaki: "Tunay na ang lalaki ay nakaiibig na ang kasuutan niya ay maging maganda at ang sandalyas niya ay maging maganda." Nagsabi siya: "Tunay na si Allāh ay Marikit at nakaiibig

sa karikitan. Ang pagmamalaki ay ang pagdusta sa katotohanan at pagmamaliit sa mga tao."Ṣaḥīḥ Muslim: 91.

"O mga tao, tunay na si Allāh ay kaaya-aya na hindi tumatanggap kundi ng kaaya-aya. Tunay na si Allāh ay nag-utos sa mga mananampalataya ng iniutos Niya sa mga isinugo. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya): "O mga sugo, kumain kayo mula sa mga kaaya-ayang bagay at gumawa kayo ng maayos. Tunay na Ako sa anumang ginagawa ninyo ay Maalam." (Qur'ān 23:51) Nagsabi pa Siya (pagkataas-taas Siya): "O mga sumampalataya, kumain kayo mula sa mga kaaya-aya na itinustos sa inyo. Magpasalamat kayo kay Allāh, kung kayo ay sa Kanya sumasamba." (Qur'ān2:172)." Pagkatapos bumanggit siya ng isang lalaking nagpahaba ng paglalakbay, na nagulo [ang buhok], na naalikabukan, na nag-uunat ng mga kamay niya sa langit: "O Panginoon ko, O Panginoon ko," samantalang ang kinakain niya ay bawal, ang isinusuot niya ay bawal, ang iniinom niya ay bawal, pinakakain siya sa bawal, kaya papaanong tutugunin siya roon?"

Ṣaḥīḥ Muslim: 1015.

Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Sabihin mo: "Sino ang nagbawal sa gayak ni Allāh na pinalabas Niya para sa mga lingkod Niya at sa mga kaaya-aya mula sa panustos?" Sabihin mo: "Ito ay para sa mga sumampalataya sa [sandali ng] buhay sa Mundo samantalang nakalaan [sa kanila] sa Araw ng Pagbangon." Gayon Kami nagdedetalye ng mga tanda para sa mga taong umaalam."

(Qur'ān 4:32)

Ang Islām ay nag-utos ng kadalisayan ng puso, katawan, at tahanan. Dahil doon, nagpahintulot ito ng pag-aasawa gaya ng pag-uutos niyon ng mga propeta at mga isinugo (sumakanila ang pagbati ng kapayapaan) sapagkat sila ay nag-uutos ng bawat kaaya-aya. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Si Allāh ay gumawa para sa inyo mula sa mga sarili ninyo ng mga asawa, gumawa para sa inyo mula sa mga asawa ninyo ng mga anak at mga apo, at tumustos sa inyo mula sa mga kaaya-ayang bagay. Kaya ba sa kabulaanan sumasampalataya kayo at sa biyaya ni Allāh kayo ay tumatangging kumilala?"

(Qur'ān 16:72)

Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):

4. Sa mga kasuutan mo ay magdalisay ka.

5. Sa kasalaulaan ay lumayo ka.

(Qur'ān 16:4-5)

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):

"Hindi papasok sa Paraiso ang sinumang nasa puso niya ay may kasimbigat ng isang katiting na pagmamalaki." May nagsabing isang lalaki: "Tunay na ang lalaki ay nakaiibig na ang kasuutan niya ay maging maganda at ang sandalyas niya ay maging maganda." Nagsabi siya: "Tunay na si Allāh ay Marikit at nakaiibig sa karikitan. Ang pagmamalaki ay ang pagdusta sa katotohanan at pagmamaliit sa mga tao."

Ṣaḥīḥ Muslim: 91.

# 34. Ang Islām ay nagbawal sa mga batayan ng mga ipinagbabawal gaya ng pagtatambal kay Allāh, kawalang-pananampalataya, pagsamba sa mga anito, pagsasabi hinggil kay Allāh nang

## walang kaalaman, pagpatay sa mga anak, pagpatay sa kaluluwang iginagalang, panggugulo sa lupa, panggagaway, mga mahalay na nakalantad at nakakubli, pangangalunya, at sodomiya. Nagbawal ito ng patubo (interes). Nagbawal ito ng pagkain ng hayop na hindi nakatay at anumang inialay sa mga anito at mga diyus-diyusan. Nagbawal ito ng karne ng baboy at lahat ng mga karumihan at mga karima-rimarim. Nagbawal ito ng pangangamkam ng ari-arian ng ulila, at pag-uumit-umit sa takal at timbang. Nagbawal ito ng pagputol ng mga pagkakaanak. Ang mga propeta (sumakanila ang pagbati ng kapayapaan) ay lahat nagkakaisa sa pagbabawal ng mga ipinagbabawal na ito.

Ang Islām ay nagbawal sa mga batayan ng mga ipinagbabawal gaya ng pagtatambal kay Allāh, kawalang-pananampalataya, pagsamba sa mga anito, pagsasabi hinggil kay Allāh nang walang kaalaman, at pagpatay sa mga anak. Nagsabi si Allāh(pagkataas-taas Siya):151. Sabihin mo: "Halikayo, bibigkas ako ng ipinagbawal ng Panginoon ninyo sa inyo: na huwag kayong magtambal sa Kanya ng anuman; sa mga magulang ay [mag-ukol ng] paggawa ng maganda; huwag kayong pumatay ng mga anak ninyo dahil sa isang paghihikahos, Kami ay nagtutustos sa inyo at sa kanila; huwag kayong lumapit sa mga malaswa: anumang nalantad mula sa mga ito at anumang nakubli; at huwag kayong pumatay ng buhay na ipinagbawal ni Allāh malibang ayon sa karapatan." Iyon ay itinagubilin Niya sa inyo, nang sa gayon kayo ay makapag-uunawa.152. Huwag kayong lumapit sa yaman ng ulila kundi sa [paraang] pinakamaganda hanggang sa umabot siya sa kalakasan niya. Magpalubus-lubos kayo ng pagtatakal at [pagtitimbang sa] timbangan ayon sa pagkamakatarungan. Hindi Kami nag-aatang sa isang kaluluwa malibang ayon sa kakayahan nito. Kapag nagsabi kayo ay magpakamakatarungan kayo kahit pa sa isang may pagkakamag-anak. Sa kasunduan kay Allāh ay magpatupad kayo. Iyon ay itinagubilin Niya sa inyo, nang sa gayon kayo ay magsasaalaala.(Qur'ān 6:151-152)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Sabihin mo: "Nagbawal lamang ang Panginoon ko ng mga malaswa: anumang nalantad sa mga ito at anumang nakubli, ng kasalanan, ng paglabag nang walang karapatan, na magtambal kayo kay Allāh ng anumang hindi naman Siya nagbaba roon ng isang katunayan, at na magsabi kayo hinggil kay Allāh ng hindi ninyo nalalaman.""(Qur'ān 7:33)Nagbawal ang Islām ng pagpatay sa kaluluwang iginagalang. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Huwag kayong pumatay ng buhay na ipinagbawal ni Allāh [na patayin] malibang ayon sa karapatan. Ang sinumang pinatay na nilabag sa katarungan ay nagtalaga Kami sa katangkilik niya ng isang kapamahalaan, ngunit huwag siyang magpakalabis kaugnay sa pagpatay. Tunay na siya ay laging maiaadya."(Qur'ān 17:33)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"[Sila] ang mga hindi nananalangin kasama kay Allāh sa isang diyos na iba pa, hindi pumapatay ng taong ipinagbawal ni

Allāh malibang ayon sa karapatan, at hindi nangangalunya. Ang sinumang gumawa niyon ay makatatagpo siya ng kaparusahan sa kasalanan:"(Qur'ān 25:68)Nagbawal ang Islām ng panggugulo sa lupa. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Huwag kayong manggulo sa lupa matapos ng pagsasaayos nito."(Qur'ān 7:56)Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya) habang nagpapabatid tungkol kay Propeta Shu`ayb (ang pagbati ng kapayapaan) na nagsabi sa mga kababayan niya:"Nagsabi siya: "O mga kalipi ko, sumamba kayo kay Allāh; walang ukol sa inyo na anumang Diyos na iba pa sa Kanya. May dumating nga sa inyo na isang malinaw na patunay mula sa Panginoon ninyo. Kaya magpalubus-lubos kayo ng pagtatakal at [pagtitimbang sa] timbangan, huwag kayong magpakulang sa mga tao sa mga bagay-bagay nila, at huwag kayong manggulo sa lupa matapos ng pagsasaayos nito. Iyon ay higit na mabuti para sa inyo kung kayo ay mga mananampalataya."(Qur’an 7:85)Nagbawal ang Islām ng panggagaway. Nagsabi si Allāh ng totoo (Napakamaluwalhati Niya at pagkataas-taas Niya):"Magpukol ka ng nasa kanang kamay mo, lalamon ito sa niyari nila. Yumari lamang sila ng isang pakana ng isang manggagaway at hindi nagtatagumpay ang manggagaway saanman siya pumunta."(Qur’an 20:69)Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Umiwas kayo sa pitong tagapagpasawi." Nagsabi sila: "O Sugo ni Allāh, at ano po ang mga ito?" Nagsabi siya: "Ang pagtatambal kay Allāh, ang panggagaway, ang pagpatay sa kaluluwang ipinagbawal ni Allāh malibang ayon sa katwiran, ang pagkain ng patubo (interes), ang pagkain ng yaman ng ulila, ang pagtalikod sa araw ng labanan, at ang paninirang-puri sa mga malinis na nakapag-asawang babae, na mga inosente, na mga mananampalataya."Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 6857.Nagbawal ang Islām ng mga mahalay na nakalantad at nakakubli, pangangalunya, at sodomiya. Nauna na sa simula ng parapong ito ang pagbanggit sa mga talata ng Qur'ān na nagpapatunay roon. Nagbawal ang Islām ng patubo (interes). Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):278. O mga sumampalataya, mangilag kayong magkasala kay Allāh at iwan ninyo ang anumang natira mula sa patubo kung kayo ay mga mananampalataya.279. Ngunit kung hindi ninyo ginawa, tumiyak kayo ng isang digmaan mula kay Allāh at sa Sugo Niya. Kung nagbalik-loob kayo ay ukol sa inyo ang mga puhunan ng mga salapi ninyo. Hindi kayo lalabag sa katarungan at hindi kayo lalabagin sa katarungan.(Qur’an 2:278-279)Hindi nagbabanta si Allāh ng digmaan sa isang tagapagtaglay ng pagsuway gaya ng pagbabanta Niya sa tagapagtaglay ng patubo dahil sa patubo ay may pagkasira ng mga relihiyon, mga bayan, at mga ari-arian ng mga tao.Nagbawal ang Islām ng pagkain ng hayop na hindi nakatay at anumang inialay sa mga anito at mga diyus-diyusan. Nagbawal ito ng karne ng baboy. Nagsabi si Allāh(pagkataas-taas Siya):"Ipinagbawal sa inyo ang namatay [bago nakatay], ang dugo, ang laman ng baboy, ang anumang inihandog sa iba pa kay Allāh, ang nasakal, ang hinambalos, ang nalaglag, ang nasuwag, ang anumang kinainan ng mabangis na hayop maliban sa nakatay ninyo [bago namatay], ang inialay sa mga dambana, at na magsapalaran kayo sa pamamagitan ng mga tagdan. Iyon ay kasuwailan. Sa araw na ito ay nawalan ang mga tumangging sumampalataya ng pag-asa [na tatalikod kayo] sa Relihiyon ninyo, kaya huwag kayong matakot sa kanila at matakot kayo sa Akin. Sa araw na ito bumuo Ako para sa inyo ng Relihiyon ninyo, lumubos Ako sa inyo ng biyaya Ko at nalugod Ako para sa inyo sa Islām bilang relihiyon. Ngunit ang sinumang napilitan dahil sa kagutuman, nang hindi nagkakahilig sa pagkakasala, tunay na si Allāh ay Mapagpatawad, Maawain."(Qur'ān 5:3)Nagbawal ang Islām ng pag-inom ng alak at lahat ng mga karumihan at mga karima-rimarim. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):90. O mga sumampalataya, ang alak, ang pagpusta, ang [pag-aalay sa] mga dambana, at [ang pagsasapalaran gamit] ang mga tagdan ng palaso ay kasalaulaan lamang kabilang sa gawain ng demonyo, kaya umiwas kayo rito, nang sa gayon kayo ay magtatagumpay.91. Nagnanais lamang ang demonyo na magsadlak sa pagitan ninyo ng poot at suklam dahil sa alak at pagpusta, at humadlang sa inyo sa pag-alaala kay Allāh at sa pagdarasal, kaya kayo ba ay mga titigil?(Qur'ān 5:90-91)Nauna na si parapo numero 31 ang pagbanggit ng pagpapabatid ni Allāh na kabilang sa mga paglalarawan sa Sugo (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) sa Torah ay na siya ay nagbabawal ng mga karima-rimarim. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"na mga sumusunod sa Sugo na Propetang iliterato, na nakatatagpo sila sa kanya na nakasulat sa ganang kanila sa Torah at Ebanghelyo, na nag-uutos sa kanila sa nakabubuti, sumasaway sa kanila sa nakasasama, nagpapahintulot sa kanila ng mga kaaya-aya, nagbabawal sa kanila ng mga karima-rimarim, at nag-aalis sa kanila ng pabigat sa kanila at mga kulyar na dating nasa kanila. Kaya ang mga sumampalataya sa kanya, nagpitagan sa kanya, nag-adya sa kanya, at sumunod sa liwanag na pinababa kasama sa kanya, ang mga iyon ay ang mga magtatagumpay.""(Qur'ān 7:157)Nagbawal ang Islām ng pangangamkam ng ari-arian ng ulila. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Ibigay ninyo sa mga ulila ang mga yaman nila. Huwag ninyong ipalit ang karima-rimarim ng kaaya-aya. Huwag ninyong kainin ang mga yaman nila kasama

sa mga yaman ninyo. Tunay na ito ay laging isang kasalanang malaki."(Qur'ān 4:2)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Tunay na ang mga kumakain ng mga yaman ng mga ulila dala ng paglabag sa katarungan ay kumakain lamang sa mga tiyan nila ng apoy at masusunog sila sa isang liyab."(Qur'ān 4:10)Nagbawal ang Islām ng pag-uumit-umit sa takal at timbang. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):1. Kapighatian ay ukol sa mga tagapag-umit-umit,2. na kapag nagpatakal sila sa mga tao ay nagpapalubos sila,3. at kapag tumakal sila sa mga ito o tumimbang sila sa mga ito ay nanlulugi sila.4. Hindi ba inaakala ng mga yaon na sila ay bubuhaying muli.(Qur'ān 4:1-4)

151. Sabihin mo: "Halikayo, bibigkas ako ng ipinagbawal ng Panginoon ninyo sa inyo: na huwag kayong magtambal sa Kanya ng anuman; sa mga magulang ay [mag-ukol ng] paggawa ng maganda; huwag kayong pumatay ng mga anak ninyo dahil sa isang paghihikahos, Kami ay nagtutustos sa inyo at sa kanila; huwag kayong lumapit sa mga malaswa: anumang nalantad mula sa mga ito at anumang nakubli; at huwag kayong pumatay ng buhay na ipinagbawal ni Allāh malibang ayon sa karapatan." Iyon ay itinagubilin Niya sa inyo, nang sa gayon kayo ay makapag-uunawa.

152. Huwag kayong lumapit sa yaman ng ulila kundi sa [paraang] pinakamaganda hanggang sa umabot siya sa kalakasan niya. Magpalubus-lubos kayo ng pagtatakal at [pagtitimbang sa] timbangan ayon sa pagkamakatarungan. Hindi Kami nag-aatang sa isang kaluluwa malibang ayon sa kakayahan nito. Kapag nagsabi kayo ay magpakamakatarungan kayo kahit pa sa isang may pagkakamag-anak. Sa kasunduan kay Allāh ay magpatupad kayo. Iyon ay itinagubilin Niya sa inyo, nang sa gayon kayo ay magsasaalaala.

(Qur'ān 6:151-152)

Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Sabihin mo: "Nagbawal lamang ang Panginoon ko ng mga malaswa: anumang nalantad sa mga ito at anumang nakubli, ng kasalanan, ng paglabag nang walang karapatan, na magtambal kayo kay Allāh ng anumang hindi naman Siya nagbaba roon ng isang katunayan, at na magsabi kayo hinggil kay Allāh ng hindi ninyo nalalaman.""

(Qur'ān 7:33)

Nagbawal ang Islām ng pagpatay sa kaluluwang iginagalang. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Huwag kayong pumatay ng buhay na ipinagbawal ni Allāh [na patayin] malibang ayon sa karapatan. Ang sinumang pinatay na nilabag sa katarungan ay nagtalaga Kami sa katangkilik niya ng isang kapamahalaan, ngunit huwag siyang magpakalabis kaugnay sa pagpatay. Tunay na siya ay laging maiaadya."

(Qur'ān 17:33)

Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"[Sila] ang mga hindi nananalangin kasama kay Allāh sa isang diyos na iba pa, hindi pumapatay ng taong ipinagbawal ni Allāh malibang ayon sa karapatan, at hindi nangangalunya. Ang sinumang gumawa niyon ay makatatagpo siya ng kaparusahan sa kasalanan:"

(Qur'ān 25:68)

Nagbawal ang Islām ng panggugulo sa lupa. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Huwag kayong manggulo sa lupa matapos ng pagsasaayos nito."

(Qur'ān 7:56)

Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya) habang nagpapabatid tungkol kay Propeta Shu`ayb (ang pagbati ng kapayapaan) na nagsabi sa mga kababayan niya:

"Nagsabi siya: "O mga kalipi ko, sumamba kayo kay Allāh; walang ukol sa inyo na anumang Diyos na iba pa sa Kanya. May dumating nga sa inyo na isang malinaw na patunay mula sa Panginoon ninyo. Kaya magpalubus-lubos kayo ng pagtatakal at [pagtitimbang sa] timbangan, huwag kayong

magpakulang sa mga tao sa mga bagay-bagay nila, at huwag kayong manggulo sa lupa matapos ng pagsasaayos nito. Iyon ay higit na mabuti para sa inyo kung kayo ay mga mananampalataya."

(Qur’an 7:85)

Nagbawal ang Islām ng panggagaway. Nagsabi si Allāh ng totoo (Napakamaluwalhati Niya at pagkataas-taas Niya):

"Magpukol ka ng nasa kanang kamay mo, lalamon ito sa niyari nila. Yumari lamang sila ng isang pakana ng isang manggagaway at hindi nagtatagumpay ang manggagaway saanman siya pumunta."

(Qur’an 20:69)

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):

"Umiwas kayo sa pitong tagapagpasawi." Nagsabi sila: "O Sugo ni Allāh, at ano po ang mga ito?" Nagsabi siya: "Ang pagtatambal kay Allāh, ang panggagaway, ang pagpatay sa kaluluwang ipinagbawal ni Allāh malibang ayon sa katwiran, ang pagkain ng patubo (interes), ang pagkain ng yaman ng ulila, ang pagtalikod sa araw ng labanan, at ang paninirang-puri sa mga malinis na nakapag-asawang babae, na mga inosente, na mga mananampalataya."

Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 6857.

Nagbawal ang Islām ng mga mahalay na nakalantad at nakakubli, pangangalunya, at sodomiya. Nauna na sa simula ng parapong ito ang pagbanggit sa mga talata ng Qur'ān na nagpapatunay roon. Nagbawal ang Islām ng patubo (interes). Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

278. O mga sumampalataya, mangilag kayong magkasala kay Allāh at iwan ninyo ang anumang natira mula sa patubo kung kayo ay mga mananampalataya.

279. Ngunit kung hindi ninyo ginawa, tumiyak kayo ng isang digmaan mula kay Allāh at sa Sugo Niya. Kung nagbalik-loob kayo ay ukol sa inyo ang mga puhunan ng mga salapi ninyo. Hindi kayo lalabag sa katarungan at hindi kayo lalabagin sa katarungan.

(Qur’an 2:278-279)

Hindi nagbabanta si Allāh ng digmaan sa isang tagapagtaglay ng pagsuway gaya ng pagbabanta Niya sa tagapagtaglay ng patubo dahil sa patubo ay may pagkasira ng mga relihiyon, mga bayan, at mga ari-arian ng mga tao.

Nagbawal ang Islām ng pagkain ng hayop na hindi nakatay at anumang inialay sa mga anito at mga diyus-diyusan. Nagbawal ito ng karne ng baboy. Nagsabi si Allāh(pagkataas-taas Siya):

"Ipinagbawal sa inyo ang namatay [bago nakatay], ang dugo, ang laman ng baboy, ang anumang inihandog sa iba pa kay Allāh, ang nasakal, ang hinambalos, ang nalaglag, ang nasuwag, ang anumang kinainan ng mabangis na hayop maliban sa nakatay ninyo [bago namatay], ang inialay sa mga dambana, at na magsapalaran kayo sa pamamagitan ng mga tagdan. Iyon ay kasuwailan. Sa araw na ito ay nawalan ang mga tumangging sumampalataya ng pag-asa [na tatalikod kayo] sa Relihiyon ninyo, kaya huwag kayong matakot sa kanila at matakot kayo sa Akin. Sa araw na ito bumuo Ako para sa inyo ng Relihiyon ninyo, lumubos Ako sa inyo ng biyaya Ko at nalugod Ako para sa inyo sa Islām bilang relihiyon. Ngunit ang sinumang napilitan dahil sa kagutuman, nang hindi nagkakahilig sa pagkakasala, tunay na si Allāh ay Mapagpatawad, Maawain."

(Qur'ān 5:3)

Nagbawal ang Islām ng pag-inom ng alak at lahat ng mga karumihan at mga karima-rimarim. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

90. O mga sumampalataya, ang alak, ang pagpusta, ang [pag-aalay sa] mga dambana, at [ang pagsasapalaran gamit] ang mga tagdan ng palaso ay kasalaulaan lamang kabilang sa gawain ng demonyo, kaya umiwas kayo rito, nang sa gayon kayo ay magtatagumpay.

91. Nagnanais lamang ang demonyo na magsadlak sa pagitan ninyo ng poot at suklam dahil sa alak at pagpusta, at humadlang sa inyo sa pag-alaala kay Allāh at sa pagdarasal, kaya kayo ba ay mga titigil?

(Qur'ān 5:90-91)

Nauna na si parapo numero 31 ang pagbanggit ng pagpapabatid ni Allāh na kabilang sa mga paglalarawan sa Sugo (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) sa Torah ay na siya ay nagbabawal ng mga karima-rimarim. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"na mga sumusunod sa Sugo na Propetang iliterato, na nakatatagpo sila sa kanya na nakasulat sa ganang kanila sa Torah at Ebanghelyo, na nag-uutos sa kanila sa nakabubuti, sumasaway sa kanila sa nakasasama, nagpapahintulot sa kanila ng mga kaaya-aya, nagbabawal sa kanila ng mga karima-rimarim, at nag-aalis sa kanila ng pabigat sa kanila at mga kulyar na dating nasa kanila. Kaya ang mga sumampalataya sa kanya, nagpitagan sa kanya, nag-adya sa kanya, at sumunod sa liwanag na pinababa kasama sa kanya, ang mga iyon ay ang mga magtatagumpay.""

(Qur'ān 7:157)

Nagbawal ang Islām ng pangangamkam ng ari-arian ng ulila. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Ibigay ninyo sa mga ulila ang mga yaman nila. Huwag ninyong ipalit ang karima-rimarim ng kaaya-aya. Huwag ninyong kainin ang mga yaman nila kasama sa mga yaman ninyo. Tunay na ito ay laging isang kasalanang malaki."

(Qur'ān 4:2)

Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Tunay na ang mga kumakain ng mga yaman ng mga ulila dala ng paglabag sa katarungan ay kumakain lamang sa mga tiyan nila ng apoy at masusunog sila sa isang liyab."

(Qur'ān 4:10)

Nagbawal ang Islām ng pag-uumit-umit sa takal at timbang. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

1. Kapighatian ay ukol sa mga tagapag-umit-umit,

2. na kapag nagpatakal sila sa mga tao ay nagpapalubos sila,

3. at kapag tumakal sila sa mga ito o tumimbang sila sa mga ito ay nanlulugi sila.

4. Hindi ba inaakala ng mga yaon na sila ay bubuhaying muli.

(Qur'ān 4:1-4)

Nagbawal ang Islām ng pagputol ng mga pagkakaanak. Nauna na sa parapo numero 38 ang pagbanggit sa mga talata ng Qur'ān at mga ḥadīth na nagpapatunay roon. Ang mga propeta at ang mga isinugo (sumakanila ang pagbati ng kapayapaan) ay lahat nagkakaisa sa pagbabawal ng mga ipinagbabawal na ito.

# 35. Ang Islām ay sumasaway ng mga kaasalang napupulaan gaya ng pagsisinungaling, pandaraya, katrayduran, kataksilan, panlilinlang, inggit, pakanang masagwa, pagnanakaw, paglabag, at

## kawalang-katarungan. Sumasaway ito ng bawat kaasalang karima-rimarim.

Ang Islām ay sumasaway ng mga kaasalang napupulaan sa pangkalahatan. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya):"Huwag kang mag-iwas ng pisngi mo sa mga tao at huwag kang maglakad sa lupa dala ng pagpapakatuwa [sa sarili]. Tunay na si Allāh ay hindi umiibig sa bawat mayabang na hambog."(Qur'ān 31:18)Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Tunay na kabilang sa pinakakaibig-ibig sa inyo sa akin at pinakamalapit sa inyo sa akin sa upuan sa Araw ng Pagbangon ay ang mga pinakamaganda sa inyo sa mga kaasalan. Tunay na ang kamuhi-muhi sa inyo sa akin at ang pinakamalayo sa inyo sa akin sa upuan sa Araw ng Pagbangon ay ang mga madaldal, ang mga tagasatsat, at ang mga tagapangalandakan." Nagsabi sila: "Nalaman na namin ang mga madaldal at ang mga tagasatsat, ngunit ano naman ang mga tagapangalandakan?" Nagsabi Siya: "Ang mga nagpapakamalaki."As-Silsilah Aṣ-Ṣaḥīḥah: 791.Ang Islām ay sumasaway ng pagsisinungaling. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya):"Tunay na si Allāh ay hindi nagpapatnubay sa sinumang siya ay nagpapakalabis na palasinungaling."(Qur'ān 40:28)Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Kaingat kayo sa pagsisinungaling sapagkat tunay na ang pagsisinungaling ay nagpapatnubay sa pagpapakasamang-loob at tunay na ang pagpapakasamang-loob ay nagpapatnubay sa Apoy. Hindi tumitigil ang lalaki na nagsisinungaling at naglalayon ng pagsisinungaling hanggang sa itala siya sa ganang kay Allāh bilang palasinungaling."Ṣaḥīḥ Muslim: 2607.Nagsabi ang Sugo ni Allāh (pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan):"Ang tanda ng mapagpaimbabaw ay tatlo. Kapag nagsalita siya, nagsisinungaling siya. Kapag nangako siya, sumisira siya. Kapag pinagkatiwalaan siya, nagtataksil siya."Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 6095.Ang Islām ay nagbabawal ng pandaraya.Nasaad sa ḥadīth na ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay naparaan sa isang bunton ng pagkain, saka nagpasok siya ng kamay niya roon, kaya nakasalat ang mga daliri niya ng pagkabasa, kaya nagsabi siya: "Ano ito, o may-ari ng pagkain?" Nagsabi ito: "Tumama po riyan ang ulan, o Sugo ni Allāh." Nagsabi siya: "Kaya ba hindi mo inilagay iyan sa ibabaw ng pagkain upang makita ng mga tao? Ang sinumang nandaya ay hindi kabilang sa akin."Ṣaḥīḥ Muslim: 102.Ang Islām ay sumasaway ng katrayduran, kataksilan, at panlilinlang. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"O mga sumampalataya, huwag kayong magtaksil kay Allāh at sa Sugo at magtaksil sa mga ipinagkatiwala sa inyo habang kayo ay nakaaalam."(Qur'ān 40:27)Nagsabi pa Siya (pagkataas-taas Siya):"na mga nagpapatupad sa kasunduan kay Allāh at hindi kumakalas sa tipan,"(Qur'ān 13:20)Ang Sugo ni Allāh noon (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay nagsasabi sa mga hukbo niya kapag lumisan sila:"Lumusob kayo, huwag kayong magnakaw sa nasamsam, huwag kayong magtraydor, huwag kayong manluray, at huwag kayong pumatay ng paslit."Ṣaḥīḥ Muslim: 1731.Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"May apat na ang sinumang ang mga ito ay naging nasa kanya, siya ay naging mapagpaimbabaw na lantay; at ang sinumang naging nasa kanya ang isang katangian mula sa mga ito, naging nasa kanya ang isang katangian mula sa pagpapaimbabaw hanggang sa mag-iwan siya nito: kapag pinagkatiwalaan siya, nagtataksil siya; kapag nagsalita siya, nagsisinungaling siya; kapag nakipagkasunduan siya, nagtatraydor siya; kapag nakipag-alitan siya, nagmamasamang-loob siya."Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 34.Ang Islām ay sumasaway ng inggit. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya):"O naiinggit ba sila sa mga tao dahil sa ibinigay ni Allāh sa mga ito mula sa kabutihang-loob Niya? Nagbigay nga Kami sa angkan ni Abraham ng Kasulatan at Karunungan, at nagbigay Kami sa mga ito ng isang paghaharing dakila."(Qur'ān 4:54)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Inasam ng marami sa mga May Kasulatan na kung sana magpapanauli sila sa inyo, nang matapos ng pagsampalataya ninyo, bilang mga tagatangging sumampalataya dala ng inggit mula sa ganang mga sarili nila nang matapos na luminaw para sa kanila ang katotohanan. Kaya magpaumanhin kayo at magpawalang-sala kayo hanggang sa magparating si Allāh ng utos Niya. Tunay na si Allāh sa bawat bagay ay May-kakayahan."(Qur'ān 2:109)Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Gumapang papunta sa inyo ang karamdaman ng mga kalipunan bago ninyo: ang inggit at ang pagkamuhi ay ang tagapag-ahit. Hindi ako nagsasabi na nag-aahit ito ng buhok, subalit nag-aahit ito ng relihiyon. Sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ko ay nasa kamay Niya, hindi kayo papasok sa Paraiso hanggang sa sumampalataya kayo, hindi kayo sasampalataya hanggang sa mag-ibigan kayo. Kaya hindi ba ako magbabalita sa inyo ng magpapatatag niyon para sa inyo? Magpalaganap kayo ng pagbati ng kapayapaan sa gitna

ninyo."Sunan At-Tirmidhīy: 2510.Ang Islām ay sumasaway ng pakanang masagwa. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya):"Gayon Kami nagtalaga para sa bawat pamayanan ng pinakamalaki sa mga salarin nito upang manlansi sila rito ngunit hindi sila nanlalansi maliban sa mga sarili nila ngunit hindi sila nakararamdam."(Qur'ān 6:123)Nagpabatid si Allāh (pagkataas-taas Siya) na ang mga Hudyo ay nagtangka ng pagpatay kay Kristo (ang pagbati ng kapayapaan para sa kanya) at nagpakana. Subalit si Allāh ay nagpakana sa kanila. Nilinaw ni Allāh na ang pakanang masagwa ay hindi pumapaligid maliban sa mga kampon nito. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):52. Ngunit noong nakadama si Hesus mula sa kanila ng kawalang-pananampalataya ay nagsabi siya: "Sino ang mga tagaadya ko tungo kay Allāh?" Nagsabi ang mga disipulo: "Kami ay ang mga tagaadya ni Allāh; sumampalataya kami kay Allāh, at sumaksi ka na kami ay mga Muslim.53. Panginoon namin, sumampalataya kami sa pinababa Mo at sumunod kami sa sugo kaya isulat Mo kami kasama sa mga tagasaksi."54. Nagpakana sila at nagpakana si Allāh, ngunit Si Allāh ay ang pinakamabuti sa mga tagapagpakana.55. [Banggitin] noong nagsabi si Allāh: "O Hesus, tunay na Ako ay hahango sa iyo, mag-aangat sa iyo tungo sa Akin, magdadalisay sa iyo laban sa mga tumangging sumampalataya, at gagawa sa mga sumunod sa iyo na higit sa mga tumangging sumampalataya hanggang sa Araw ng Pagbangon. Pagkatapos tungo sa Akin ang babalikan ninyo, saka hahatol Ako sa pagitan ninyo sa anumang dati kayo hinggil doon ay nagkakaiba-iba.(Qur'ān 3:52-55)Nagpabatid si Allāh (pagkataas-taas Siya) na ang mga kababayan ni Propeta Ṣaliḥ (ang pagbati ng kapayapaan) ay nagnais na pumatay sa kanya sa isang pakana. Kaya nagpakana sila ng isang pakana ngunit nagpakana si Allāh sa kanila at dumurog sa kanila at mga kababayan nila nang magkakasama. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):49. Nagsabi sila: "Magsumpaan kayo kay Allāh na talagang susugod nga tayo sa gabi sa kanya at sa mag-anak niya, pagkatapos talagang magsasabi nga tayo sa katangkilik niya: "Hindi kami nakasaksi sa pagkapahamak ng mag-anak niya. Tunay na kami ay talagang mga tapat."50. Nagpakana sila ng isang pakana at nagpakana Kami ng isang pakana samantalang sila ay hindi nakararamdam.Kaya tumingin ka kung papaano naging ang kinahinatnan ng pakana nila, na Kami ay nagwasak sa kanila at sa mga kalipi nila nang magkakasama.(Qur'ān 27:49-51)Ang Islām ay sumasaway ng pagnanakaw. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Hindi nangangalunya ang tagapangalunya nang nangangalunya siya habang siya ay mananampalataya, hindi siya nagnanakaw nang nagnanakaw siya habang siya ay mananampalataya, at hindi siya umiinom nang umiinom siya habang siya ay mananampalataya. Ang pagbabalik-loob ay nakaalok matapos [niyon]."Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 6810.Ang Islām ay sumasaway ng paglabag. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Tunay na si Allāh ay nag-uutos ng katarungan, paggawa ng maganda, at pagbibigay sa may pagkakamag-anak; at sumasaway sa kahalayan, nakasasama, at paglabag. Nangangaral Siya sa inyo nang sa gayon kayo ay magsasaalaala."(Qur'ān 16:90)Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Tunay na si Allāh ay nagkasi sa akin na magpakumbaba kayo hanggang sa hindi lumabag ang isa sa isa at hindi magmayabang ang isa sa isa.Ṣaḥīḥ Abī Dāwud 4895.Ang Islām ay sumasaway ng kawalang-katarungan. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya):"Si Allāh ay hindi umiibig sa mga tagalabag sa katarungan."(Qur'ān 3:57)Nagsabi pa Siya (pagkataas-taas Siya):Tunay na hindi nagtatagumpay ang mga tagalabag sa katarungan.(Qur'ān 6:21)Nagsabi pa Siya (pagkataas-taas Siya):"samantalang sa mga tagalabag sa katarungan ay naghanda Siya para sa kanila ng isang pagdurusang masakit."(Qur'ān 76:31)Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"May tatlong hindi tinatanggihan ang panalangin nila: ang pinunong makatarungan at ang tagapag-ayuno hanggang sa magtigil-ayuno siya. Ang panalangin ng nalabag sa katarungan ay binubuhat sa mga ulap, binubuksan para rito ang mga pintuan ng mga langit, at nagsasabi ang Panginoon (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan): Sumpa man sa kamahalan Ko, talagang mag-aadya nga Ako sa iyo, kahit pa matapos ng isang saglit."Nagtala nito sina Imām Muslim: 2749 nang pinaikli nang may kaunting pagkakaiba, Imām At-Tirmidhīy: 2526 nang may kaunting pagkakaiba, at Imām Aḥmad: 8043 at ang pananalita ay sa kanya.Nang nagsugo ang Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) kay Mu`ādh sa Yemen, kabilang sa sinabi niya rito:"mangilag ka sa panalangin ng naaapi sapagkat tunay na sa pagitan nito at ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ay walang tabing."Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 1496.Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Pansinin, ang sinumang umapi sa isang nakipagkasunduan o nagpakulang sa ukol sa kanya o nag-atang sa kanya ng [gawaing] higit sa kaya niya o kumuha mula sa kanya ng isang bagay nang walang kasiyahan ng sarili, ako ay ang tagapangatwiran niya sa Araw ng Pagbangon."Sunan Abī Dāwud: 3052.Kaya ang Islām, gaya ng

nakita mo, ay sumasaway ng bawat kaasalang karima-rimarim o transaksiyong lumalabag sa katarungan o mapaniil.

"Huwag kang mag-iwas ng pisngi mo sa mga tao at huwag kang maglakad sa lupa dala ng pagpapakatuwa [sa sarili]. Tunay na si Allāh ay hindi umiibig sa bawat mayabang na hambog."

(Qur'ān 31:18)

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):

"Tunay na kabilang sa pinakakaibig-ibig sa inyo sa akin at pinakamalapit sa inyo sa akin sa upuan sa Araw ng Pagbangon ay ang mga pinakamaganda sa inyo sa mga kaasalan. Tunay na ang kamuhi-muhi sa inyo sa akin at ang pinakamalayo sa inyo sa akin sa upuan sa Araw ng Pagbangon ay ang mga madaldal, ang mga tagasatsat, at ang mga tagapangalandakan." Nagsabi sila: "Nalaman na namin ang mga madaldal at ang mga tagasatsat, ngunit ano naman ang mga tagapangalandakan?" Nagsabi Siya: "Ang mga nagpapakamalaki."

As-Silsilah Aṣ-Ṣaḥīḥah: 791.

Ang Islām ay sumasaway ng pagsisinungaling. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya):

"Tunay na si Allāh ay hindi nagpapatnubay sa sinumang siya ay nagpapakalabis na palasinungaling."

(Qur'ān 40:28)

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):

"Kaingat kayo sa pagsisinungaling sapagkat tunay na ang pagsisinungaling ay nagpapatnubay sa pagpapakasamang-loob at tunay na ang pagpapakasamang-loob ay nagpapatnubay sa Apoy. Hindi tumitigil ang lalaki na nagsisinungaling at naglalayon ng pagsisinungaling hanggang sa itala siya sa ganang kay Allāh bilang palasinungaling."

Ṣaḥīḥ Muslim: 2607.

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan):

"Ang tanda ng mapagpaimbabaw ay tatlo. Kapag nagsalita siya, nagsisinungaling siya. Kapag nangako siya, sumisira siya. Kapag pinagkatiwalaan siya, nagtataksil siya."

Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 6095.

Ang Islām ay nagbabawal ng pandaraya.

Nasaad sa ḥadīth na ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay naparaan sa isang bunton ng pagkain, saka nagpasok siya ng kamay niya roon, kaya nakasalat ang mga daliri niya ng pagkabasa, kaya nagsabi siya: "Ano ito, o may-ari ng pagkain?" Nagsabi ito: "Tumama po riyan ang ulan, o Sugo ni Allāh." Nagsabi siya: "Kaya ba hindi mo inilagay iyan sa ibabaw ng pagkain upang makita ng mga tao? Ang sinumang nandaya ay hindi kabilang sa akin."

Ṣaḥīḥ Muslim: 102.

Ang Islām ay sumasaway ng katrayduran, kataksilan, at panlilinlang. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"O mga sumampalataya, huwag kayong magtaksil kay Allāh at sa Sugo at magtaksil sa mga ipinagkatiwala sa inyo habang kayo ay nakaaalam."

(Qur'ān 40:27)

Nagsabi pa Siya (pagkataas-taas Siya):

"na mga nagpapatupad sa kasunduan kay Allāh at hindi kumakalas sa tipan,"

(Qur'ān 13:20)

Ang Sugo ni Allāh noon (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay nagsasabi sa mga hukbo niya kapag lumisan sila:

"Lumusob kayo, huwag kayong magnakaw sa nasamsam, huwag kayong magtraydor, huwag kayong manluray, at huwag kayong pumatay ng paslit."

Ṣaḥīḥ Muslim: 1731.

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):

"May apat na ang sinumang ang mga ito ay naging nasa kanya, siya ay naging mapagpaimbabaw na lantay; at ang sinumang naging nasa kanya ang isang katangian mula sa mga ito, naging nasa kanya ang isang katangian mula sa pagpapaimbabaw hanggang sa mag-iwan siya nito: kapag pinagkatiwalaan siya, nagtataksil siya; kapag nagsalita siya, nagsisinungaling siya; kapag nakipagkasunduan siya, nagtatraydor siya; kapag nakipag-alitan siya, nagmamasamang-loob siya."

Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 34.

Ang Islām ay sumasaway ng inggit. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya):

"O naiinggit ba sila sa mga tao dahil sa ibinigay ni Allāh sa mga ito mula sa kabutihang-loob Niya? Nagbigay nga Kami sa angkan ni Abraham ng Kasulatan at Karunungan, at nagbigay Kami sa mga ito ng isang paghaharing dakila."

(Qur'ān 4:54)

Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Inasam ng marami sa mga May Kasulatan na kung sana magpapanauli sila sa inyo, nang matapos ng pagsampalataya ninyo, bilang mga tagatangging sumampalataya dala ng inggit mula sa ganang mga sarili nila nang matapos na luminaw para sa kanila ang katotohanan. Kaya magpaumanhin kayo at magpawalang-sala kayo hanggang sa magparating si Allāh ng utos Niya. Tunay na si Allāh sa bawat bagay ay May-kakayahan."

(Qur'ān 2:109)

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):

"Gumapang papunta sa inyo ang karamdaman ng mga kalipunan bago ninyo: ang inggit at ang pagkamuhi ay ang tagapag-ahit. Hindi ako nagsasabi na nag-aahit ito ng buhok, subalit nag-aahit ito ng relihiyon. Sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ko ay nasa kamay Niya, hindi kayo papasok sa Paraiso hanggang sa sumampalataya kayo, hindi kayo sasampalataya hanggang sa mag-ibigan kayo. Kaya hindi ba ako magbabalita sa inyo ng magpapatatag niyon para sa inyo? Magpalaganap kayo ng pagbati ng kapayapaan sa gitna ninyo."

Sunan At-Tirmidhīy: 2510.

Ang Islām ay sumasaway ng pakanang masagwa. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya):

"Gayon Kami nagtalaga para sa bawat pamayanan ng pinakamalaki sa mga salarin nito upang manlansi sila rito ngunit hindi sila nanlalansi maliban sa mga sarili nila ngunit hindi sila nakararamdam."

(Qur'ān 6:123)

Nagpabatid si Allāh (pagkataas-taas Siya) na ang mga Hudyo ay nagtangka ng pagpatay kay Kristo (ang pagbati ng kapayapaan para sa kanya) at nagpakana. Subalit si Allāh ay nagpakana sa kanila. Nilinaw ni Allāh na ang pakanang masagwa ay hindi pumapaligid maliban sa mga kampon nito. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

52. Ngunit noong nakadama si Hesus mula sa kanila ng kawalang-pananampalataya ay nagsabi siya: "Sino ang mga tagaadya ko tungo kay Allāh?" Nagsabi ang mga disipulo: "Kami ay ang mga tagaadya ni Allāh; sumampalataya kami kay Allāh, at sumaksi ka na kami ay mga Muslim.

53. Panginoon namin, sumampalataya kami sa pinababa Mo at sumunod kami sa sugo kaya isulat Mo kami kasama sa mga tagasaksi."

54. Nagpakana sila at nagpakana si Allāh, ngunit Si Allāh ay ang pinakamabuti sa mga tagapagpakana.

55. [Banggitin] noong nagsabi si Allāh: "O Hesus, tunay na Ako ay hahango sa iyo, mag-aangat sa iyo tungo sa Akin, magdadalisay sa iyo laban sa mga tumangging sumampalataya, at gagawa sa mga sumunod sa iyo na higit sa mga tumangging sumampalataya hanggang sa Araw ng Pagbangon. Pagkatapos tungo sa Akin ang babalikan ninyo, saka hahatol Ako sa pagitan ninyo sa anumang dati kayo hinggil doon ay nagkakaiba-iba.

(Qur'ān 3:52-55)

Nagpabatid si Allāh (pagkataas-taas Siya) na ang mga kababayan ni Propeta Ṣaliḥ (ang pagbati ng kapayapaan) ay nagnais na pumatay sa kanya sa isang pakana. Kaya nagpakana sila ng isang pakana ngunit nagpakana si Allāh sa kanila at dumurog sa kanila at mga kababayan nila nang magkakasama. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

49. Nagsabi sila: "Magsumpaan kayo kay Allāh na talagang susugod nga tayo sa gabi sa kanya at sa mag-anak niya, pagkatapos talagang magsasabi nga tayo sa katangkilik niya: "Hindi kami nakasaksi sa pagkapahamak ng mag-anak niya. Tunay na kami ay talagang mga tapat."

50. Nagpakana sila ng isang pakana at nagpakana Kami ng isang pakana samantalang sila ay hindi nakararamdam.

Kaya tumingin ka kung papaano naging ang kinahinatnan ng pakana nila, na Kami ay nagwasak sa kanila at sa mga kalipi nila nang magkakasama.

(Qur'ān 27:49-51)

Ang Islām ay sumasaway ng pagnanakaw. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):

"Hindi nangangalunya ang tagapangalunya nang nangangalunya siya habang siya ay mananampalataya, hindi siya nagnanakaw nang nagnanakaw siya habang siya ay mananampalataya, at hindi siya umiinom nang umiinom siya habang siya ay mananampalataya. Ang pagbabalik-loob ay nakaalok matapos [niyon]."

Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 6810.

Ang Islām ay sumasaway ng paglabag. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Tunay na si Allāh ay nag-uutos ng katarungan, paggawa ng maganda, at pagbibigay sa may pagkakamag-anak; at sumasaway sa kahalayan, nakasasama, at paglabag. Nangangaral Siya sa inyo nang sa gayon kayo ay magsasaalaala."

(Qur'ān 16:90)

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):

"Tunay na si Allāh ay nagkasi sa akin na magpakumbaba kayo hanggang sa hindi lumabag ang isa sa isa at hindi magmayabang ang isa sa isa.

Ṣaḥīḥ Abī Dāwud 4895.

Ang Islām ay sumasaway ng kawalang-katarungan. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya):

"Si Allāh ay hindi umiibig sa mga tagalabag sa katarungan."

(Qur'ān 3:57)

Nagsabi pa Siya (pagkataas-taas Siya):

Tunay na hindi nagtatagumpay ang mga tagalabag sa katarungan.

(Qur'ān 6:21)

Nagsabi pa Siya (pagkataas-taas Siya):

"samantalang sa mga tagalabag sa katarungan ay naghanda Siya para sa kanila ng isang pagdurusang masakit."

(Qur'ān 76:31)

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):

"May tatlong hindi tinatanggihan ang panalangin nila: ang pinunong makatarungan at ang tagapag-ayuno hanggang sa magtigil-ayuno siya. Ang panalangin ng nalabag sa katarungan ay binubuhat sa mga ulap, binubuksan para rito ang mga pintuan ng mga langit, at nagsasabi ang Panginoon (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan): Sumpa man sa kamahalan Ko, talagang mag-aadya nga Ako sa iyo, kahit pa matapos ng isang saglit."

Nagtala nito sina Imām Muslim: 2749 nang pinaikli nang may kaunting pagkakaiba, Imām At-Tirmidhīy: 2526 nang may kaunting pagkakaiba, at Imām Aḥmad: 8043 at ang pananalita ay sa kanya.

Nang nagsugo ang Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) kay Mu`ādh sa Yemen, kabilang sa sinabi niya rito:

"mangilag ka sa panalangin ng naaapi sapagkat tunay na sa pagitan nito at ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ay walang tabing."

Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 1496.

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):

"Pansinin, ang sinumang umapi sa isang nakipagkasunduan o nagpakulang sa ukol sa kanya o nag-atang sa kanya ng [gawaing] higit sa kaya niya o kumuha mula sa kanya ng isang bagay nang walang kasiyahan ng sarili, ako ay ang tagapangatwiran niya sa Araw ng Pagbangon."

Sunan Abī Dāwud: 3052.

Kaya ang Islām, gaya ng nakita mo, ay sumasaway ng bawat kaasalang karima-rimarim o transaksiyong lumalabag sa katarungan o mapaniil.

# 36. Ang Islām ay sumasaway ng mga transaksiyong pampananalapi na may patubo (interes) o pinsala o panunuba o kawalang-katarungan o pandaraya o humahantong sa mga kalamidad at pinsalang pampubliko sa mga lipunan, mga taong-bayan, at mga indibiduwal.

Ang Islām ay sumasaway ng mga transaksiyong pampananalapi na may patubo (interes) o pinsala o panunuba o kawalang-katarungan o pandaraya o humahantong sa mga kalamidad at pinsalang pampubliko sa mga lipunan, mga taong-bayan, at mga indibiduwal.Nauna na sa simula ng parapong ito ang pagbanggit sa mga talata ng Qur'ān at mga ḥadīth na nagbabawal sa patubo o kawalang katarungan o pandaraya o panggugulo sa lupa. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Ang mga nananakit ng mga lalaking mananampalataya at mga babaing mananampalataya dahil sa iba pa sa nakamit ng mga ito ay pumasan nga ng isang paninirang-puri at isang kasalanang malinaw."(Qur'ān

33:58)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Ang sinumang gumawa ng maayos, [ito] ay para sa sarili niya; at ang sinumang nagpasagwa, [ito] ay laban dito. Ang Panginoon mo ay hindi palalabag sa katarungan sa mga alipin [Niya]."(Qur'ān 41:46)Nasaad sa Sunnah: "Na ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay nagtadhana na walang pagkapinsala at walang pamiminsala."Sunan Abī DāwudNagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Ang sinumang sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw, huwag siyang manakit sa kapitbahay niya. Ang sinumang sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw, magparangal siya sa panauhin niya. Ang sinumang sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw, magsabi siya ng mabuti o tumahimik siya." Sa isang salaysay: "gumawa siya ng maganda sa kapitbahay niya."Ṣaḥīḥ Muslim: 47.Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"May pagdurusahing isang babae dahil sa isang pusa na ibinilanggo niya hanggang sa namatay ito. Kaya papasok siya dahil dito sa Apoy. Hindi siya nagpakain nito at hindi nagpainom nito noong siya ay nagkulong nito. Hindi siya nag-iwan nito na kumain mula sa mga kulisap ng lupa."Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 3482.Ito ay sa sinumang nanakit ng isang pusa, kaya papaano na sa sinumang nagpaabot ng pananakit niya sa mga tao? Ayon kay Ibnu `Umar na nagsabi: Umakyat ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) sa pulpito saka nanawagan siya sa isang mataas na tinig saka nagsabi:"O kapisanan ng mga yumakap sa Islām sa dila nila at hindi humantong ang pananampalataya sa puso nila, huwag kayong manakit ng mga Muslim, huwag kayong manlait sa kanila, at huwag kayong manubaybay ng mga kahihiyan nila! Tunay na ang sinumang nanubaybay ng kahihiyan ng kapatid niya, manunubaybay si Allāh sa kahihiyan niya. Ang sinumang nanubaybay si Allāh sa kahihiyan niya, magpapahiya Siya nito kahit pa ito ay nasa ilalim ng bahay nito." Nagsabi [si Nafi]: Tumingin si Ibnu `Umar isang araw sa Bahay o sa Ka`bah,saka nagsabi: "Anong dakila ka! Anong dakila ang kabanalan mo! Ang mananampalataya ay higit na dakila sa kabanalan sa ganang kay Allāh kaysa sa iyo."Nagtala nito sina Imām At-Tirmidhīy: 2032 at Imām Ibnu Ḥibbān: 5763.Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Ang sinumang sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw, huwag siyang manakit sa kapitbahay niya. Ang sinumang sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw, magparangal siya sa panauhin niya. Ang sinumang sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw, magsabi siya ng mabuti o manahimik siya."Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 6018.Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya: "Nalalaman ba ninyo kung sino ang bangkarota?" Nagsabi sila: "Ang bangkarota sa amin ay ang walang dirham sa kanya at walang ari-arian." Nagsabi siya: "Tunay na ang bangkarota sa kalipunan ko ay ang sinumang darating sa Araw ng Pagkabuhay na may dalang dasal, ayuno, at zakāh. Darating siya samantalang nanlait kay ganito, nanirang-puri kay ganiyan, lumamon ng yaman ni ganoon, nagpadanak ng dugo ni ganito, at nanakit kay ganiyan. Kaya bibigyan si ganito mula sa mga magandang gawa niya at si ganiyan mula sa mga magandang gawa niya. Kaya kapag naubos ang mga magandang gawa niya bago mabayaran, kukuha mula sa mga kamalian nila at itatapon sa kanya. Pagkatapos itatapon siya sa Apoy."Nagtala nito sina Imām Muslim: 2581, Imām At-Tirmidhīy: 2418, at Imām Aḥmad: 8029 at ang pananalita ay sa kanya.Nagsabi ang Sugo ni Allāh:"Sa daan ay may isang sanga ng isang punong-kahoy na nakasasakit sa mga tao, kaya inalis ito ng isang lalaki, kaya papasok siya sa Paraiso."Nagtala nito sina Imām Al-Bukhārīy: 652 ayon sa kahulugan nito, Imām Muslim: 1914 ayon sa tulad nito, Imām Ibnu Mājah: 3682, at Imām Aḥmad: 10432 at ang pananalita ay sa huling dalawa. Kaya ang pag-aalis ng nakasasakit palayo sa daan ay magpapapasok sa Paraiso, kaya ano ang tingin mo sa nananakit ng mga tao at gumugulo sa kanila sa buhay nila?

Nauna na sa simula ng parapong ito ang pagbanggit sa mga talata ng Qur'ān at mga ḥadīth na nagbabawal sa patubo o kawalang katarungan o pandaraya o panggugulo sa lupa. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Ang mga nananakit ng mga lalaking mananampalataya at mga babaing mananampalataya dahil sa iba pa sa nakamit ng mga ito ay pumasan nga ng isang paninirang-puri at isang kasalanang malinaw."

(Qur'ān 33:58)

Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Ang sinumang gumawa ng maayos, [ito] ay para sa sarili niya; at ang sinumang nagpasagwa, [ito] ay laban dito. Ang Panginoon mo ay hindi palalabag sa katarungan sa mga alipin [Niya]."

(Qur'ān 41:46)

Nasaad sa Sunnah: "Na ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay nagtadhana na walang pagkapinsala at walang pamiminsala."

Sunan Abī Dāwud

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):

"Ang sinumang sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw, huwag siyang manakit sa kapitbahay niya. Ang sinumang sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw, magparangal siya sa panauhin niya. Ang sinumang sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw, magsabi siya ng mabuti o tumahimik siya." Sa isang salaysay: "gumawa siya ng maganda sa kapitbahay niya."

Ṣaḥīḥ Muslim: 47.

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):

"May pagdurusahing isang babae dahil sa isang pusa na ibinilanggo niya hanggang sa namatay ito. Kaya papasok siya dahil dito sa Apoy. Hindi siya nagpakain nito at hindi nagpainom nito noong siya ay nagkulong nito. Hindi siya nag-iwan nito na kumain mula sa mga kulisap ng lupa."

Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 3482.

Ito ay sa sinumang nanakit ng isang pusa, kaya papaano na sa sinumang nagpaabot ng pananakit niya sa mga tao? Ayon kay Ibnu `Umar na nagsabi: Umakyat ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) sa pulpito saka nanawagan siya sa isang mataas na tinig saka nagsabi:

"O kapisanan ng mga yumakap sa Islām sa dila nila at hindi humantong ang pananampalataya sa puso nila, huwag kayong manakit ng mga Muslim, huwag kayong manlait sa kanila, at huwag kayong manubaybay ng mga kahihiyan nila! Tunay na ang sinumang nanubaybay ng kahihiyan ng kapatid niya, manunubaybay si Allāh sa kahihiyan niya. Ang sinumang nanubaybay si Allāh sa kahihiyan niya, magpapahiya Siya nito kahit pa ito ay nasa ilalim ng bahay nito." Nagsabi [si Nafl]: Tumingin si Ibnu `Umar isang araw sa Bahay o sa Ka`bah,saka nagsabi: "Anong dakila ka! Anong dakila ang kabanalan mo! Ang mananampalataya ay higit na dakila sa kabanalan sa ganang kay Allāh kaysa sa iyo."

Nagtala nito sina Imām At-Tirmidhīy: 2032 at Imām Ibnu Ḥibbān: 5763.

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):

"Ang sinumang sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw, huwag siyang manakit sa kapitbahay niya. Ang sinumang sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw, magparangal siya sa panauhin niya. Ang sinumang sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw, magsabi siya ng mabuti o manahimik siya."

Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 6018.

Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya: "Nalalaman ba ninyo kung sino ang bangkarota?" Nagsabi sila: "Ang bangkarota sa amin ay ang walang dirham sa kanya at walang ari-arian." Nagsabi siya: "Tunay na ang bangkarota sa kalipunan ko ay ang sinumang darating sa Araw ng Pagkabuhay na may dalang dasal, ayuno, at zakāh. Darating siya samantalang nanlait kay ganito, nanirang-puri kay ganiyan, lumamon ng yaman ni ganoon, nagpadanak ng dugo ni ganito, at nanakit kay ganiyan. Kaya bibigyan si ganito mula sa mga magandang gawa niya at si ganiyan mula sa mga magandang gawa niya. Kaya kapag naubos ang mga magandang gawa niya bago mabayaran, kukuha mula sa mga kamalian nila at itatapon sa kanya. Pagkatapos itatapon siya sa Apoy."

Nagtala nito sina Imām Muslim: 2581, Imām At-Tirmidhīy: 2418, at Imām Aḥmad: 8029 at ang pananalita ay sa kanya.

Nagsabi ang Sugo ni Allāh:

"Sa daan ay may isang sanga ng isang punong-kahoy na nakasasakit sa mga tao, kaya inalis ito ng isang lalaki, kaya papasok siya sa Paraiso."

Nagtala nito sina Imām Al-Bukhārīy: 652 ayon sa kahulugan nito, Imām Muslim: 1914 ayon sa tulad nito, Imām Ibnu Mājah: 3682, at Imām Aḥmad: 10432 at ang pananalita ay sa huling dalawa. Kaya ang pag-aalis ng nakasasakit palayo sa daan ay magpapapasok sa Paraiso, kaya ano ang tingin mo sa nananakit ng mga tao at gumugulo sa kanila sa buhay nila?

# 37. Ang Islām ay naghatid ng pag-iingat sa isip at pagbabawal sa bawat nakagugulo rito gaya ng pag-inom ng alak. Nag-angat ang Islām ng kahalagahan ng isip, gumawa rito bilang saligan ng pag-aatang ng tungkulin, at nagpalaya rito mula sa mga tanikala ng pamahiin at mga paganismo. Sa Islām ay walang mga lihim o mga patakarang natatangi sa isang uri bukod sa ibang uri. Ang lahat ng mga patakaran nito at mga batas nito ay sumasang-ayon sa mga matinong isip. Ang mga ito ay alinsunod sa hinihiling ng katarungan at karunungan.

Ang Islām ay naghatid ng pag-iingat sa isip at nag-angat ng kahalagahan nito. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):'Tunay na ang pandinig, ang paningin, at ang puso, ang bawat isa sa mga iyon ay laging pinananagutan."(Qur'ān 17:36)Kaya kinakailangan sa tao na mangalaga sa isip niya. Dahil dito ipinagbawal ng Islām ang alak at ang mga ilegal na droga. Binanggit ko ang pagbabawal sa alak sa parapo numero 34. Ang marami sa mga talata ng Marangal na Qur'ān ay winawakasan ng sabi Niya (pagkataas-taas Siya):"nang sa gayon kayo ay makapag-uunawa."(Qur'ān 2:142)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Walang iba ang buhay ng pangmundo kundi isang paglalaro at isang paglilibang; ngunit talagang ang tahanan sa Kabilang-buhay ay higit na mabuti para sa mga nangingilag magkasala. Kaya hindi ba kayo nakapag-uunawa?"(Qur'ān 6:32)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Tunay na Kami ay nagpababa nito bilang Qur'ān na Arabe, nang sa gayon kayo ay makapag-uunawa."(Qur'ān 12:2)Nilinaw ni Allāh (pagkataas-taas Siya) na ang patnubay at ang karunungan ay walang makikinabang sa mga ito kundi ang mga may isip. Sila ay ang mga may isip. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Nagbibigay Siya ng karunungan sa sinumang niloloob Niya. Ang sinumang binigyan ng karunungan ay nabigyan nga ng kabutihang marami. Walang nagsasaalaala kundi ang mga may isip."(Qur'ān 2:269)Dahil dito, ginawa ng Islām ang isip na saligan ng pag-aatang [ng tungkulin]. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Inangat ang panulat sa tatlo: sa natutulog hanggang sa magising siya, sa bata hanggang sa magbinata siya, at sa baliw hanggang sa makapag-unawa siya."Nagtala nito sina Imām Al-Bukhārīy na nagkokomentaryo sa anyo ng katandisan bago ng ḥadīth: 5269 ayon sa tulad nito. Nagtala nito bilang mawṣūl si Imām Abū Dāwud: 4402 at ang pananalita ay sa kanya at sina Imām At-Tirmidhīy: 1423, Imām An-Nasā'īy sa As-Sunan Al-Kubrā: 7346, Imām Aḥmad: 956 nang may kaunting pagkakaiba, at Imām Ibnu Mājah: 2042 na pinaikli.Nagpalaya ang Islām sa tao mula sa mga tanikala ng pamahiin at mga paganismo. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya) habang

nagpapabatid tungkol sa kalagayan ng mga kalipunan sa pagkapit ng mga ito sa mga pamahiin ng mga ito at pagtulak ng mga ito sa katotohanan na dumating sa mga ito mula sa ganang kay Allāh:"Gaya niyon, hindi Kami nagsugo bago mo pa sa isang pamayanan ng anumang mapagbabala malibang nagsabi ang mga pinariwasa roon: "Tunay na kami ay nakatagpo sa mga magulang namin sa isang paniniwala, at tunay na kami sa mga bakas nila ay mga tumutulad.""(Qur'ān 43:23)Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya) habang nagpapabatid tungkol kay Abraham, ang Matalik na Kaibigan [ni Allāh] (ang pagbati ng kapayapaan) na siya ay nagsabi sa mga kababayan niya:52. [Banggitin] noong nagsabi siya sa ama niya at mga kababayan niya: "Ano ang mga istatuwang ito na kayo sa mga ito ay mga namimintuho?"53. Nagsabi sila: "Nakatagpo Kami sa mga magulang namin na sa mga ito ay mga tagasamba."(Qur'ān 21:52-53)Kaya dumating ang Islām at nag-utos ito sa mga tao na iwan ang pagsamba sa mga anito, itakwil ang mga pamahiin na minana buhat sa mga ama at mga lolo, sundin ang daan ng mga isinugo (sumakanila ang basbas at ang pagbati ng kapayapaan).Sa Islām ay walang mga lihim o mga patakarang natatangi sa isang uri bukod sa ibang uri.Tinanong si `Alīy bin Abī Ṭālib (malugod si Allāh sa kanya), na anak ng tiyuhin sa ama ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) at asawa ng anak niya: "Nagtangi ba sa inyo ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) sa isang bagay?" Kaya nagsabi siya: "Hindi nagtangi sa amin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) sa isang bagay na hindi lumahat sa mga tao sa kabuuan maliban sa nasa kaluban ng tabak kong ito." Sinabi: Kaya nagpalabas siya ng isang kalatas na nakasulat dito: "Sumpain ni Allāh ang sinumang nag-alay sa iba pa kay Allāh, sumpain ni Allāh ang sinumang nagnakaw ng muhon ng lupa, sumpain ni Allāh ang sinumang sumumpa ng magulang niya, at sumpain ni Allāh ang sinumang nagkanlong ng kriminal."Ṣaḥīḥ Muslim: 1978.Ang lahat ng mga patakaran ng Islām at mga batas nito ay sumasang-ayon sa mga matinong isip. Ang mga ito ay alinsunod sa hinihiling ng katarungan at karunungan.

'Tunay na ang pandinig, ang paningin, at ang puso, ang bawat isa sa mga iyon ay laging pinananagutan."

(Qur'ān 17:36)

Kaya kinakailangan sa tao na mangalaga sa isip niya. Dahil dito ipinagbawal ng Islām ang alak at ang mga ilegal na droga. Binanggit ko ang pagbabawal sa alak sa parapo numero 34. Ang marami sa mga talata ng Marangal na Qur'ān ay winawakasan ng sabi Niya (pagkataas-taas Siya):

"nang sa gayon kayo ay makapag-uunawa."

(Qur'ān 2:142)

Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Walang iba ang buhay ng pangmundo kundi isang paglalaro at isang paglilibang; ngunit talagang ang tahanan sa Kabilang-buhay ay higit na mabuti para sa mga nangingilag magkasala. Kaya hindi ba kayo nakapag-uunawa?"

(Qur'ān 6:32)

Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Tunay na Kami ay nagpababa nito bilang Qur’ān na Arabe, nang sa gayon kayo ay makapag-uunawa."

(Qur'ān 12:2)

Nilinaw ni Allāh (pagkataas-taas Siya) na ang patnubay at ang karunungan ay walang makikinabang sa mga ito kundi ang mga may isip. Sila ay ang mga may isip. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Nagbibigay Siya ng karunungan sa sinumang niloloob Niya. Ang sinumang binigyan ng karunungan ay nabigyan nga ng kabutihang marami. Walang nagsasaalaala kundi ang mga may isip."

(Qur'ān 2:269)

Dahil dito, ginawa ng Islām ang isip na saligan ng pag-aatang [ng tungkulin]. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):

"Inangat ang panulat sa tatlo: sa natutulog hanggang sa magising siya, sa bata hanggang sa magbinata siya, at sa baliw hanggang sa makapag-unawa siya."

Nagtala nito sina Imām Al-Bukhārīy na nagkokomentaryo sa anyo ng katandisan bago ng ḥadīth: 5269 ayon sa tulad nito. Nagtala nito bilang mawṣūl si Imām Abū Dāwud: 4402 at ang pananalita ay sa kanya at sina Imām At-Tirmidhīy: 1423, Imām An-Nasā'īy sa As-Sunan Al-Kubrā: 7346, Imām Aḥmad: 956 nang may kaunting pagkakaiba, at Imām Ibnu Mājah: 2042 na pinaikli.

Nagpalaya ang Islām sa tao mula sa mga tanikala ng pamahiin at mga paganismo. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya) habang nagpapabatid tungkol sa kalagayan ng mga kalipunan sa pagkapit ng mga ito sa mga pamahiin ng mga ito at pagtulak ng mga ito sa katotohanan na dumating sa mga ito mula sa ganang kay Allāh:

"Gaya niyon, hindi Kami nagsugo bago mo pa sa isang pamayanan ng anumang mapagbabala malibang nagsabi ang mga pinariwasa roon: "Tunay na kami ay nakatagpo sa mga magulang namin sa isang paniniwala, at tunay na kami sa mga bakas nila ay mga tumutulad.""

(Qur'ān 43:23)

Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya) habang nagpapabatid tungkol kay Abraham, ang Matalik na Kaibigan [ni Allāh] (ang pagbati ng kapayapaan) na siya ay nagsabi sa mga kababayan niya:

52. [Banggitin] noong nagsabi siya sa ama niya at mga kababayan niya: "Ano ang mga istatuwang ito na kayo sa mga ito ay mga namimintuho?"

53. Nagsabi sila: "Nakatagpo Kami sa mga magulang namin na sa mga ito ay mga tagasamba."

(Qur'ān 21:52-53)

Kaya dumating ang Islām at nag-utos ito sa mga tao na iwan ang pagsamba sa mga anito, itakwil ang mga pamahiin na minana buhat sa mga ama at mga lolo, sundin ang daan ng mga isinugo (sumakanila ang basbas at ang pagbati ng kapayapaan).

Sa Islām ay walang mga lihim o mga patakarang natatangi sa isang uri bukod sa ibang uri.

Tinanong si `Alīy bin Abī Ṭālib (malugod si Allāh sa kanya), na anak ng tiyuhin sa ama ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) at asawa ng anak niya: "Nagtangi ba sa inyo ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) sa isang bagay?" Kaya nagsabi siya: "Hindi nagtangi sa amin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) sa isang bagay na hindi lumahat sa mga tao sa kabuuan maliban sa nasa kaluban ng tabak kong ito." Sinabi: Kaya nagpalabas siya ng isang kalatas na nakasulat dito: "Sumpain ni Allāh ang sinumang nag-alay sa iba pa kay Allāh, sumpain ni Allāh ang sinumang nagnakaw ng muhon ng lupa, sumpain ni Allāh ang sinumang sumumpa ng magulang niya, at sumpain ni Allāh ang sinumang nagkanlong ng kriminal."

Ṣaḥīḥ Muslim: 1978.

Ang lahat ng mga patakaran ng Islām at mga batas nito ay sumasang-ayon sa mga matinong isip. Ang mga ito ay alinsunod sa hinihiling ng katarungan at karunungan.

# 38. Ang mga relihiyong bulaan, kapag hindi nakaunawa ang mga tagasunod ng mga ito sa taglay ng mga ito na salungatan at mga usapin na tinatanggihan ng mga isip, ay magpapaakala ang mga alagad ng relihiyon sa mga tagasunod na ang relihiyon ay di-maabot

## ng isip at na ang isip ay walang puwang sa pag-intindi ng relihiyon at pag-unawa nito samantalang ang Islām naman ay nagtuturing na ang relihiyon ay liwanag na tumatanglaw sa isip sa daan. Ang mga alagad ng mga bulaang relihiyon ay nagnanais sa tao na mag-iwan siya ng isip niya at sumunod sa kanila. Ang Islām naman ay nagnanais sa tao na manggising siya ng isip niya upang makakilala sa mga reyalidad ng mga usapin ayon sa kung ano ang mga ito.

Ang mga relihiyong bulaan, kapag hindi nakaunawa ang mga tagasunod ng mga ito sa taglay ng mga ito na salungatan at mga usapin na tinatanggihan ng mga isip, ay magpapaakala ang mga alagad ng relihiyon sa mga tagasunod na ang relihiyon ay di-maabot ng isip at na ang isip ay walang puwang sa pag-intindi ng relihiyon at pag-unawa nito samantalang ang Islām naman ay nagtuturing na ang relihiyon ay liwanag na tumatanglaw sa isip sa daan. Ang mga alagad ng mga bulaang relihiyon ay nagnanais sa tao na mag-iwan siya ng isip niya at sumunod sa kanila. Ang Islām naman ay nagnanais sa tao na manggising siya ng isip niya upang magmuni-muni, mag-isip, at makakilala sa mga reyalidad ng mga usapin ayon sa kung ano ang mga ito. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Gayon Kami nagkasi sa iyo ng isang espiritu mula sa nauukol sa Amin. Hindi ka noon nakaaalam kung ano ang Aklat ni ang pananampalataya, subalit gumawa Kami rito bilang liwanag na nagpapatnubay Kami sa pamamagitan nito sa sinumang niloloob Namin kabilang sa mga lingkod Namin. Tunay na ikaw ay talagang nagpapatnubay tungo sa isang landasing tuwid:"(Qur'ān 42:52)Kaya ang makadiyos na pagkasi ay naglalaman ng mga patotoo at mga katwiran na naggagabay sa mga matinong isip tungo sa mga reyalidad na inaasahan mo ang pagkakilala ng mga ito at pananampalataya sa mga ito. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"O mga tao, may dumating nga sa inyo na isang patunay mula sa Panginoon ninyo. Nagpababa Kami sa inyo ng isang liwanag na malinaw."(Qur'ān 4:174)Kaya si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya) ay nagnanais para sa tao na mamuhay ito sa liwanag ng patnubay, kaalaman, at reyalidad. Ang mga demonyo naman at ang mga mapagmalabis ay nagnanais para sa tao na manatili ito sa mga kadiliman ng kawalang-pananampalataya, kamangmangan, at kaligawan. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Si Allāh ay Katangkilik ng mga sumampalataya; nagpapalabas Siya sa kanila mula sa mga kadiliman tungo sa liwanag. Ang mga tumangging sumampalataya, ang mga katangkilik nila ay ang mapagmalabis; nagpapalabas ito sa kanila mula sa liwanag tungo sa mga kadiliman. Ang mga iyon ay ang mga maninirahan sa Apoy; sila ay doon mga mananatili."(Qur'ān 2:257)

"Gayon Kami nagkasi sa iyo ng isang espiritu mula sa nauukol sa Amin. Hindi ka noon nakaaalam kung ano ang Aklat ni ang pananampalataya, subalit gumawa Kami rito bilang liwanag na nagpapatnubay Kami sa pamamagitan nito sa sinumang niloloob Namin kabilang sa mga lingkod Namin. Tunay na ikaw ay talagang nagpapatnubay tungo sa isang landasing tuwid:"

(Qur'ān 42:52)

Kaya ang makadiyos na pagkasi ay naglalaman ng mga patotoo at mga katwiran na naggagabay sa mga matinong isip tungo sa mga reyalidad na inaasahan mo ang pagkakilala ng mga ito at pananampalataya sa mga ito. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"O mga tao, may dumating nga sa inyo na isang patunay mula sa Panginoon ninyo. Nagpababa Kami sa inyo ng isang liwanag na malinaw."

(Qur'ān 4:174)

Kaya si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya) ay nagnanais para sa tao na mamuhay ito sa liwanag ng patnubay, kaalaman, at reyalidad. Ang mga demonyo naman at ang mga mapagmalabis ay nagnanais para sa tao na manatili ito sa mga kadiliman ng kawalang-pananampalataya, kamangmangan, at kaligawan. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Si Allāh ay Katangkilik ng mga sumampalataya; nagpapalabas Siya sa kanila mula sa mga kadiliman tungo sa liwanag. Ang mga tumangging sumampalataya, ang mga katangkilik nila ay ang mapagmalabis; nagpapalabas ito sa kanila mula sa liwanag tungo sa mga kadiliman. Ang mga iyon ay ang mga maninirahan sa Apoy; sila ay doon mga mananatili."

(Qur'ān 2:257)

# 39. Ang Islām ay dumadakila sa tumpak na kaalaman, humihimok sa pananaliksik pangkaalaman na naalisan ng kapritso, at nag-aanyaya sa pagmamasid at pag-iisip-isip hinggil sa mga sarili natin at hinggil sa Sansinukob sa paligid natin. Ang mga tumpak na pangkaalamang resulta ng kaalaman ay hindi nakikipagsalungatan sa Islām.

Ang Islām ay dumadakila sa tumpak na kaalaman. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya):"mag-aangat si Allāh ng mga antas sa mga sumampalataya kabilang sa inyo at mga binigyan ng kaalaman. Si Allāh sa anumang ginagawa ninyo ay Mapagbatid."(Qur'ān 58:11)Nag-ugnay si Allāh sa pagsaksi ng mga maalam sa pagsaksi Niya at pagsaksi ng mga anghel Niya sa pinakadakila sa sinasaksihan. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Sumaksi si Allāh na walang Diyos kundi Siya, ang mga anghel, at ang mga may kaalaman, habang nagpapanatili sa pagkamakatarungan. Walang Diyos kundi Siya, ang Makapangyarihan, ang Marunong."(Qur'ān 3:18)Ito ay naglilinaw sa katayuan ng mga may kaalaman sa Islām. Hindi nag-utos si Allāh sa Propeta Niyang si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ng paghiling ng karagdagan mula sa isang bagay kundi mula sa kaalaman. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Panginoon ko magdagdag Ka sa akin ng kaalaman."(Qur'ān 20:114)Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Ang sinumang tumahak ng isang daan na naghahangad siya dito ng isang kaalaman, magpapadali si Allāh para sa kanya ng isang daan patungo sa Paraiso. Tunay na ang mga anghel ay talagang nagbababa ng mga pakpak nila para sa tagapaghanap ng kaalaman. Tunay na ang tagapaghanap ng kaalaman ay humihingi ng tawad para sa kanya ang sinumang nasa langit at lupa pati na ang mga isda sa tubig. Tunay na ang kalamangan ng tagaalam sa tagasamba ay gaya ng kalamangan ng buwan sa nalalabi sa mga tala. Tunay na ang mga maalam ay mga tagapagmana ng mga propeta. Tunay na ang mga propeta ay hindi nagpapamana ng dinar ni dirham. Nagpamana lamang sila ng kaalaman. Kaya ang sinumang kumuha nito, nakakuha siya ng isang masaganang bahagi."Nagtala nito sina Imām Abū Dāwud: 3641, Imām At-Tirmidhīy: 2682, Imām Ibnu Mājah: 223 at ang pananalita ay sa kanya, at Imām Aḥmad.Humihimok ang Islām sa pananaliksik pangkaalaman na naalisan ng kapritso, at nag-aanyaya ito sa pagmamasid at pag-iisip-isip hinggil sa mga sarili natin at hinggil sa Sansinukob sa paligid natin. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Magpapakita Kami sa kanila ng mga tanda Namin sa mga abot-tanaw at sa mga sarili nila hanggang sa luminaw para sa kanila na ito ay ang katotohanan. Hindi ba nakasapat ang Panginoon mo na Siya sa bawat bagay ay

Saksi?"(Qur'ān 41:53)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Hindi ba sila tumingin sa kaharian ng mga langit at lupa at nilikha ni Allāh na bagay, at na marahil maging napalapit na ang taning nila? Kaya sa aling pag-uusap matapos nito sasampalataya sila?"(Qur'ān 7:185)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Hindi ba sila humayo sa lupain para tumingin sila kung papaano naging ang kinahinatnan ng mga bago pa nila? Dati ang mga iyon ay higit na matindi kaysa sa kanila sa lakas. Nagbungkal sila ng lupa at luminang sila nito nang higit kaysa sa nilinang nila. Nagdala sa mga iyon ang mga sugo ng mga iyon ng mga malinaw na patunay sapagkat si Allāh ay hindi naging ukol lumabag sa katarungan sa kanila subalit sila dati sa mga sarili nila ay lumalabag sa katarungan."(Qur'ān 30:9)Ang mga resultang makaagham na tumpak para sa kaalaman ay hindi sumasalansang sa Islām. Babanggit tayo ng iisang halimbawa na bumanggit ang Qur'ān ng mga detalyeng wastung-wasto hinggil sa pumapatungkol dito 1,400 taon na ang nakalilipas. Nakaalam nito ang makabagong agham kamakailan. Napatunayan ang mga resulta ng agham na sumasang-ayon sa nasa Dakilang Qur'ān. Ito ay ang paglikha sa fetus sa tiyan ng ina nito. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):12. Talaga ngang lumikha Kami ng tao mula sa isang hinango mula sa isang putik.13. Pagkatapos gumawa Kami sa kanya na isang patak sa isang pamamalagiang matibay.14. Pagkatapos lumikha Kami sa patak bilang malalinta, saka lumikha Kami sa malalinta bilang kimpal ng lamang, saka lumikha Kami sa kimpal ng lamang bilang mga buto, saka bumalot Kami sa mga buto ng laman. Pagkatapos nagpaluwal Kami nito bilang iba pang nilikha. Kaya mapagpala si Allāh, ang pinakamaganda sa paggawa sa mga tagalikha.(Qur'ān 23:12-14)

"mag-aangat si Allāh ng mga antas sa mga sumampalataya kabilang sa inyo at mga binigyan ng kaalaman. Si Allāh sa anumang ginagawa ninyo ay Mapagbatid."

(Qur'ān 58:11)

Nag-ugnay si Allāh sa pagsaksi ng mga maalam sa pagsaksi Niya at pagsaksi ng mga anghel Niya sa pinakadakila sa sinasaksihan. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Sumaksi si Allāh na walang Diyos kundi Siya, ang mga anghel, at ang mga may kaalaman, habang nagpapanatili sa pagkamakatarungan. Walang Diyos kundi Siya, ang Makapangyarihan, ang Marunong."

(Qur'ān 3:18)

Ito ay naglilinaw sa katayuan ng mga may kaalaman sa Islām. Hindi nag-utos si Allāh sa Propeta Niyang si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ng paghiling ng karagdagan mula sa isang bagay kundi mula sa kaalaman. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Panginoon ko magdagdag Ka sa akin ng kaalaman."

(Qur'ān 20:114)

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):

"Ang sinumang tumahak ng isang daan na naghahangad siya dito ng isang kaalaman, magpapadali si Allāh para sa kanya ng isang daan patungo sa Paraiso. Tunay na ang mga anghel ay talagang nagbababa ng mga pakpak nila para sa tagapaghanap ng kaalaman. Tunay na ang tagapaghanap ng kaalaman ay humihingi ng tawad para sa kanya ang sinumang nasa langit at lupa pati na ang mga isda sa tubig. Tunay na ang kalamangan ng tagaalam sa tagasamba ay gaya ng kalamangan ng buwan sa nalalabi sa mga tala. Tunay na ang mga maalam ay mga tagapagmana ng mga propeta. Tunay na ang mga propeta ay hindi nagpapamana ng dinar ni dirham. Nagpamana lamang sila ng kaalaman. Kaya ang sinumang kumuha nito, nakakuha siya ng isang masaganang bahagi."

Nagtala nito sina Imām Abū Dāwud: 3641, Imām At-Tirmidhīy: 2682, Imām Ibnu Mājah: 223 at ang pananalita ay sa kanya, at Imām Aḥmad.

Humihimok ang Islām sa pananaliksik pangkaalaman na naalisan ng kapritso, at nag-aanyaya ito sa pagmamasid at pag-iisip-isip hinggil sa mga sarili natin at hinggil sa Sansinukob sa paligid natin. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Magpapakita Kami sa kanila ng mga tanda Namin sa mga abot-tanaw at sa mga sarili nila hanggang sa luminaw para sa kanila na ito ay ang katotohanan. Hindi ba nakasapat ang Panginoon mo na Siya sa bawat bagay ay Saksi?"

(Qur'ān 41:53)

Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Hindi ba sila tumingin sa kaharian ng mga langit at lupa at nilikha ni Allāh na bagay, at na marahil maging napalapit na ang taning nila? Kaya sa aling pag-uusap matapos nito sasampalataya sila?"

(Qur'ān 7:185)

Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Hindi ba sila humayo sa lupain para tumingin sila kung papaano naging ang kinahinatnan ng mga bago pa nila? Dati ang mga iyon ay higit na matindi kaysa sa kanila sa lakas. Nagbungkal sila ng lupa at luminang sila nito nang higit kaysa sa nilinang nila. Nagdala sa mga iyon ang mga sugo ng mga iyon ng mga malinaw na patunay sapagkat si Allāh ay hindi naging ukol lumabag sa katarungan sa kanila subalit sila dati sa mga sarili nila ay lumalabag sa katarungan."

(Qur'ān 30:9)

Ang mga resultang makaagham na tumpak para sa kaalaman ay hindi sumasalansang sa Islām. Babanggit tayo ng iisang halimbawa na bumanggit ang Qur'ān ng mga detalyeng wastung-wasto hinggil sa pumapatungkol dito 1,400 taon na ang nakalilipas. Nakaalam nito ang makabagong agham kamakailan. Napatunayan ang mga resulta ng agham na sumasang-ayon sa nasa Dakilang Qur'ān. Ito ay ang paglikha sa fetus sa tiyan ng ina nito. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

12. Talaga ngang lumikha Kami ng tao mula sa isang hinango mula sa isang putik.

13. Pagkatapos gumawa Kami sa kanya na isang patak sa isang pamamalagiang matibay.

14. Pagkatapos lumikha Kami sa patak bilang malalinta, saka lumikha Kami sa malalinta bilang kimpal ng lamang, saka lumikha Kami sa kimpal ng lamang bilang mga buto, saka bumalot Kami sa mga buto ng laman. Pagkatapos nagpaluwal Kami nito bilang iba pang nilikha. Kaya mapagpala si Allāh, ang pinakamaganda sa paggawa sa mga tagalikha.

(Qur'ān 23:12-14)

# 40. Hindi tumatanggap si Allāh ng gawain at hindi naggagantimpala rito sa Kabilang-buhay malibang mula sa sinumang sumampalataya sa Kanya, tumalima sa Kanya, at naniwala sa mga sugo Niya (sumakanila ang basbas at ang pagbati ng kapayapaan). Hindi tumatanggap si Allāh mula sa mga pagsamba maliban sa isinabatas Niya. Kaya papaanong tumatangging sumampalataya ang tao kay Allāh at umaasa ito na gumantimpala Siya rito? Hindi tumatanggap si Allāh ng

# pananampalataya ng isa sa mga tao malibang kapag sumampalataya ito sa mga propeta (sumakanila ang pagbati ng kapayapaan) sa kalahatan at sumampalataya ito sa mensahe ni Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan).

Hindi tumatanggap si Allāh ng gawain at hindi naggagantimpala rito sa Kabilang-buhay malibang mula sa sinumang sumampalataya sa Kanya, tumalima sa Kanya, at naniwala sa mga sugo Niya (sumakanila ang basbas at ang pagbati ng kapayapaan). Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):18. Ang sinumang nagnanais ng panandalian ay magpapadali Kami para sa kanya roon ng loloobin Namin para sa sinumang nanaisin Namin. Pagkatapos magtatalaga Kami para sa kanya ng Impiyerno, na masusunog siya roon bilang pinupulaang pinalalayas.19. Ang sinumang nagnais ng Kabilang-buhay at nagpunyagi para roon ng pagpupunyagi ukol doon habang siya ay isang mananampalataya, ang pagpupunyagi ng mga iyon ay pahahalagahan.(Qur'ān 17:18-19)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Kaya ang sinumang gumagawa ng mga maayos habang siya ay mananampalataya, walang pagtanggi para sa pagsisikap niya. Tunay na Kami rito ay magtatala."(Qur'ān 21:94)Hindi tumatanggap si Allāh mula sa mga pagsamba maliban sa isinabatas Niya. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Kaya ang sinumang naging nag-aasam ng pakikipagkita sa Panginoon niya ay gumawa siya ng gawang maayos at huwag siyang magtambal sa pagsamba sa Panginoon Niya ng isa man.""(Qur'ān 18:110)Kaya nilinaw nito na ang gawain ay hindi magiging maayos malibang kapag mula sa isinabatas ni Allāh at ang tagagawa nito ay nagpapakawagas kay Allāh sa paggawa niya at siya ay mananampalataya kay Allāh, na naniniwala sa mga propeta Niya at mga sugo Niya (sumakanila ang basbas at ang pagbati ng kapayapaan). Hinggil naman sa sinumang ang gawain niya ay naging hindi gayon, nagsabi nga si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Tutuon Kami sa anumang ginawa nila na gawain saka gagawa Kami rito na alabok na isinabog."(Qur'ān 25:23)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):2. May mga mukha sa Araw na iyon na nagpapakumbaba,3. na gumagawa, na nagpapakapagal,4. na masusunog sa isang apoy na napakainit,(Qur'ān 88:2-4)Kaya ang mga mukhang ito ay mga nagpapakumbaba na nagpapakapagal sa paggawa, subalit ang mga ito noon ay gumagawa nang walang patnubay mula kay Allāh. Ginawa ni Allāh na ang kauuwian ng mga ito ay Apoy dahil ang mga ito ay hindi gumawa ayon sa isinabatas ni Allāh, bagkus nagpakamananamba sila sa mga pagsambang walang-saysay at sumunod sa mga ulo ng kaligawan na mga nag-imbento para sa kanila ng mga relihiyong walang-saysay. Kaya ang maayos na gawa na tinatanggap sa ganang kay Allāh ay ang umaayon sa inihatid ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) kaya papaanong tumatangging sumampalataya ang tao kay Allāh at umaasa siya na gantimpalaan siya ni Allāh?Hindi tumatanggap si Allāh ng pananampalataya ng isa sa mga tao malibang kapag sumampalataya siya sa mga propeta (sumakanila ang pagbati ng kapayapaan) sa kalahatan at sumampalataya siya sa mensahe ni Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan). Nauna nang nabanggit natin ang ilan sa mga patunay roon sa parapo numero 20. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Sumampalataya ang Sugo sa anumang pinababa sa kanya mula sa Panginoon niya at ang mga mananampalataya [ay gayon din]. Bawat [isa] ay sumampalataya kay Allāh, sa mga anghel Niya, sa mga kasulatan Niya, at sa mga sugo Niya. [Sinabi:] "Hindi kami nagtatangi-tangi sa isa man sa mga sugo Niya." Nagsabi sila: "Nakarinig kami at tumalima kami. [Humihingi kami ng] pagpapatawad Mo, Panginoon namin. Tungo sa Iyo ang kahahantungan.""(Qur'ān 2:285)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"O mga sumampalataya, sumampalataya kayo kay Allāh, sa Sugo Niya, sa Aklat na ibinaba Niya sa Sugo Niya, at sa Kasulatang pinababa Niya bago pa niyan. Ang sinumang tumatangging sumampalataya kay Allāh, sa mga anghel Niya, sa mga aklat Niya, sa mga sugo Niya, at sa Huling Araw ay naligaw nga sa isang pagkaligaw na malayo."(Qur'ān 4:136)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"[Banggitin] noong gumawa si Allāh ng kasunduan sa mga propeta, [na nagsasaad]: "Talagang ang anumang ibinigay Ko sa inyo na kasulatan at karunungan, pagkatapos may dumating sa inyo na

isang Sugo na tagapagpatotoo para sa taglay ninyo, ay talagang sasampalataya nga kayo rito at talagang mag-aadya nga kayo rito." Nagsabi Siya: "Kumilala ba kayo at tumanggap ba kayo kaugnay roon sa kasunduan sa Akin?" Nagsabi sila: "Kumilala kami." Nagsabi Siya: "Kaya sumaksi kayo, at Ako ay kasama sa inyo kabilang sa mga tagasaksi.""(Qur'ān 3:81)

18. Ang sinumang nagnanais ng panandalian ay magpapadali Kami para sa kanya roon ng loloobin Namin para sa sinumang nanaisin Namin. Pagkatapos magtatalaga Kami para sa kanya ng Impiyerno, na masusunog siya roon bilang pinupulaang pinalalayas.

19. Ang sinumang nagnais ng Kabilang-buhay at nagpunyagi para roon ng pagpupunyagi ukol doon habang siya ay isang mananampalataya, ang pagpupunyagi ng mga iyon ay pahahalagahan.

(Qur'ān 17:18-19)

Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Kaya ang sinumang gumagawa ng mga maayos habang siya ay mananampalataya, walang pagtanggi para sa pagsisikap niya. Tunay na Kami rito ay magtatala."

(Qur'ān 21:94)

Hindi tumatanggap si Allāh mula sa mga pagsamba maliban sa isinabatas Niya. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Kaya ang sinumang naging nag-aasam ng pakikipagkita sa Panginoon niya ay gumawa siya ng gawang maayos at huwag siyang magtambal sa pagsamba sa Panginoon Niya ng isa man.""

(Qur'ān 18:110)

Kaya nilinaw nito na ang gawain ay hindi magiging maayos malibang kapag mula sa isinabatas ni Allāh at ang tagagawa nito ay nagpapakawagas kay Allāh sa paggawa niya at siya ay mananampalataya kay Allāh, na naniniwala sa mga propeta Niya at mga sugo Niya (sumakanila ang basbas at ang pagbati ng kapayapaan). Hinggil naman sa sinumang ang gawain niya ay naging hindi gayon, nagsabi nga si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Tutuon Kami sa anumang ginawa nila na gawain saka gagawa Kami rito na alabok na isinabog."

(Qur'ān 25:23)

Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):

2. May mga mukha sa Araw na iyon na nagpapakumbaba,

3. na gumagawa, na nagpapakapagal,

4. na masusunog sa isang apoy na napakainit,

(Qur'ān 88:2-4)

Kaya ang mga mukhang ito ay mga nagpapakumbaba na nagpapakapagal sa paggawa, subalit ang mga ito noon ay gumagawa nang walang patnubay mula kay Allāh. Ginawa ni Allāh na ang kauuwian ng mga ito ay Apoy dahil ang mga ito ay hindi gumawa ayon sa isinabatas ni Allāh, bagkus nagpakamananamba sila sa mga pagsambang walang-saysay at sumunod sa mga ulo ng kaligawan na mga nag-imbento para sa kanila ng mga relihiyong walang-saysay. Kaya ang maayos na gawa na tinatanggap sa ganang kay Allāh ay ang umaayon sa inihatid ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) kaya papaanong tumatangging sumampalataya ang tao kay Allāh at umaasa siya na gantimpalaan siya ni Allāh?

Hindi tumatanggap si Allāh ng pananampalataya ng isa sa mga tao malibang kapag sumampalataya siya sa mga propeta (sumakanila ang pagbati ng kapayapaan) sa kalahatan at sumampalataya siya sa mensahe ni Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan). Nauna nang nabanggit natin ang ilan sa mga patunay roon sa parapo numero 20. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Sumampalataya ang Sugo sa anumang pinababa sa kanya mula sa Panginoon niya at ang mga mananampalataya [ay gayon din]. Bawat [isa] ay sumampalataya kay Allāh, sa mga anghel Niya, sa mga kasulatan Niya, at sa mga sugo Niya. [Sinabi:] "Hindi kami nagtatangi-tangi sa isa man sa mga sugo Niya." Nagsabi sila: "Nakarinig kami at tumalima kami. [Humihingi kami ng] pagpapatawad Mo, Panginoon namin. Tungo sa Iyo ang kahahantungan.""

(Qur'ān 2:285)

Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"O mga sumampalataya, sumampalataya kayo kay Allāh, sa Sugo Niya, sa Aklat na ibinaba Niya sa Sugo Niya, at sa Kasulatang pinababa Niya bago pa niyan. Ang sinumang tumatangging sumampalataya kay Allāh, sa mga anghel Niya, sa mga aklat Niya, sa mga sugo Niya, at sa Huling Araw ay naligaw nga sa isang pagkaligaw na malayo."

(Qur'ān 4:136)

Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"[Banggitin] noong gumawa si Allāh ng kasunduan sa mga propeta, [na nagsasaad]: "Talagang ang anumang ibinigay Ko sa inyo na kasulatan at karunungan, pagkatapos may dumating sa inyo na isang Sugo na tagapagpatotoo para sa taglay ninyo, ay talagang sasampalataya nga kayo rito at talagang mag-aadya nga kayo rito." Nagsabi Siya: "Kumilala ba kayo at tumanggap ba kayo kaugnay roon sa kasunduan sa Akin?" Nagsabi sila: "Kumilala kami." Nagsabi Siya: "Kaya sumaksi kayo, at Ako ay kasama sa inyo kabilang sa mga tagasaksi.""

(Qur'ān 3:81)

# 41. Tunay na ang layon ng lahat ng mga mensaheng makadiyos ay na tumayog ang totoong relihiyon kasabay ng tao para siya ay maging isang lingkod na wagas kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang. [Ang Islām ay] nagpalaya sa kanya mula sa pagpapakaalipin sa tao o sa materyal o sa pamahiin sapagkat ang Islām – gaya ng nakikita mo – ay hindi nagbabanal ng mga persona, hindi nag-aangat sa kanila higit sa antas nila, at hindi gumagawa sa kanila bilang mga panginoon at bilang mga diyos.

Tunay na ang layon ng lahat ng mga mensaheng makadiyos ay na tumayog ang totoong relihiyon kasabay ng tao para siya ay maging isang lingkod na wagas kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang. Ang Islām ay nagpalaya sa tao mula sa pagpapakaalipin sa materyal o sa pamahiin. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Napahamak ang alipin ng dinar, dirham, pelus, at tinatakang kasuutan. Kapag binigyan siya, nalulugod siya. Kung hindi siya binigyan, hindi siya nalulugod."Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 6435.Kaya ang taong matuwid ay hindi nagiging sumasailalim maliban kay Allāh, kaya hindi umaalipin sa kanya ang yaman o ang reputasyon o ang

katungkulan o ang lipi. Sa kuwentong ito ay may nagbubunyag sa mambabasa ng lagay ng mga tao noon bago ng [pagdating ng] mensahe at kung naging papaano sila matapos niyon.Noong lumikas ang mga sinaunang Muslim sa Ethiopia at nagtanong sa kanila ang hari ng Ethiopia ng panahong iyon, ang Najāshīy. Kaya nagsabi siya sa kanila:"Ano itong relihiyon na nakipaghiwalay kayo dahil dito sa mga kababayan ninyo at hindi naman kayo pumasok sa relihiyon ko ni sa relihiyon ng isa sa mga bansang ito?"Nagsabi sa kanya si Ja`far bin Abī Ṭālib:"O hari, kami noon ay mga taong alagad ng Panahon ng Kamangmangan. Sumasamba kami sa mga anito. Kumakain kami ng hayop na namatay na di-nakatay. Gumagawa kami ng mga mahalay. Pumuputol kami ng mga pagkakaanak. Gumagawa kami ng masagwa sa pakikipagkapitbahay. Lumalamon ang malakas sa amin sa mahina. Kaya kami dati ay nasa gayon hanggang sa nagpadala si Allāh sa amin ng isang sugong kabilang sa amin, na nakakikilala kami sa kaangkanan niya, katapatan niya, pagkamapagkakatiwalaan niya, at kalinisang-puri niya. Nag-anyaya siya sa amin tungo kay Allāh upang pakaisahin namin Siya, sambahin namin Siya, at iwaksi namin ang dating sinasamba namin at ng mga ninuno namin, bukod pa sa Kanya, na mga bato at mga diyus-diyusan. Nag-utos siya sa amin ng katapatan sa pagsasalita, pagganap sa ipinagkatiwala, pag-ugnay sa pagkakamag-anak, kabutihan ng pakikipagkapitbahay, at pagpipigil sa mga ipinagbabawal at [pagpapadanak ng] mga dugo. Sumaway siya sa amin ng mga mahalay, pagsabi ng kabulaanan, pagkamkam ng ari-arian ng ulila, at paninirang-puri sa malinis na babae. Nag-utos siya sa amin na sumamba kami kay Allāh lamang at hindi kami magtambal sa Kanya ng anuman. Nag-utos siya sa amin ng pagdarasal, [pagbibigay ng] zakāh, at pag-aayuno." Nagsabi pa siya: "Bumilang-bilang siya ng mga usapin ng Islām kaya naniwala kami sa kanya, sumampalataya kami sa kanya, at sumunod kami sa inihatid niya, kaya sumamba kami kay Allāh lamang saka hindi kami nagtambal sa Kanya ng anuman, nagbawal kami ng ipinagbawal niya sa amin, at nagpahintulot kami ng ipinahintulot niya sa amin..."Nagtala nito sina Imām Aḥmad: 1749 nang may kaunting pagkakaiba, at Abū Na`īm sa Ḥilyah Al-Awliyā’: 1/115 na pinaikli.Kaya ang Islām, gaya ng nakikita mo, ay hindi nagbabanal ng mga persona, hindi nag-aangat sa kanila higit sa katayuan nila, at hindi gumagawa sa kanila bilang mga panginoon at bilang mga diyos.Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):"Sabihin mo: "O mga May Kasulatan, halikayo sa isang salitang magkatulad sa pagitan namin at ninyo: na hindi tayo sasamba kundi kay Allāh, hindi tayo magtatambal sa Kanya ng anuman, at hindi gagawa ang iba sa atin sa iba bilang mga panginoon bukod pa kay Allāh." Ngunit kung tumalikod sila ay sabihin ninyo: "Sumaksi kayo na kami ay mga Muslim.""(Qur'ān 3:64)Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):"ni mag-uutos ito sa inyo na gumawa kayo sa mga anghel at mga propeta bilang mga panginoon. Nag-uutos ba ito sa inyo ng kawalang-pananampalataya matapos noong kayo ay naging mga Muslim?"(Qur'ān 3:80)Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):"Huwag kayong magpalabis sa pagpuri sa akin gaya ng pagpapalabis sa pagpuri ng mga Kristiyano sa Anak ni Maria. Ako lamang ay isang alipin kaya sabihin ninyo: Alipin ni Allāh at Sugo Niya."Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 3445.

"Napahamak ang alipin ng dinar, dirham, pelus, at tinatakang kasuutan. Kapag binigyan siya, nalulugod siya. Kung hindi siya binigyan, hindi siya nalulugod."

Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 6435.

Kaya ang taong matuwid ay hindi nagiging sumasailalim maliban kay Allāh, kaya hindi umaalipin sa kanya ang yaman o ang reputasyon o ang katungkulan o ang lipi. Sa kuwentong ito ay may nagbubunyag sa mambabasa ng lagay ng mga tao noon bago ng [pagdating ng] mensahe at kung naging papaano sila matapos niyon.

Noong lumikas ang mga sinaunang Muslim sa Ethiopia at nagtanong sa kanila ang hari ng Ethiopia ng panahong iyon, ang Najāshīy. Kaya nagsabi siya sa kanila:

"Ano itong relihiyon na nakipaghiwalay kayo dahil dito sa mga kababayan ninyo at hindi naman kayo pumasok sa relihiyon ko ni sa relihiyon ng isa sa mga bansang ito?"

Nagsabi sa kanya si Ja`far bin Abī Ṭālib:

"O hari, kami noon ay mga taong alagad ng Panahon ng Kamangmangan. Sumasamba kami sa mga anito. Kumakain kami ng hayop na namatay na di-nakatay. Gumagawa kami ng mga mahalay. Pumuputol kami ng mga pagkakaanak. Gumagawa kami ng masagwa sa pakikipagkapitbahay. Lumalamon ang malakas sa amin sa mahina. Kaya kami dati ay nasa gayon hanggang sa nagpadala si Allāh sa amin ng isang sugong kabilang sa amin, na nakakikilala kami sa kaangkanan niya,

katapatan niya, pagkamapagkakatiwalaan niya, at kalinisang-puri niya. Nag-anyaya siya sa amin tungo kay Allāh upang pakaisahin namin Siya, sambahin namin Siya, at iwaksi namin ang dating sinasamba namin at ng mga ninuno namin, bukod pa sa Kanya, na mga bato at mga diyus-diyusan. Nag-utos siya sa amin ng katapatan sa pagsasalita, pagganap sa ipinagkatiwala, pag-ugnay sa pagkakamag-anak, kabutihan ng pakikipagkapitbahay, at pagpipigil sa mga ipinagbabawal at [pagpapadanak ng] mga dugo. Sumaway siya sa amin ng mga mahalay, pagsabi ng kabulaanan, pagkamkam ng ari-arian ng ulila, at paninirang-puri sa malinis na babae. Nag-utos siya sa amin na sumamba kami kay Allāh lamang at hindi kami magtambal sa Kanya ng anuman. Nag-utos siya sa amin ng pagdarasal, [pagbibigay ng] zakāh, at pag-aayuno." Nagsabi pa siya: "Bumilang-bilang siya ng mga usapin ng Islām kaya naniwala kami sa kanya, sumampalataya kami sa kanya, at sumunod kami sa inihatid niya, kaya sumamba kami kay Allāh lamang saka hindi kami nagtambal sa Kanya ng anuman, nagbawal kami ng ipinagbawal niya sa amin, at nagpahintulot kami ng ipinahintulot niya sa amin..."

Nagtala nito sina Imām Aḥmad: 1749 nang may kaunting pagkakaiba, at Abū Na`īm sa Ḥilyah Al-Awliyā': 1/115 na pinaikli.

Kaya ang Islām, gaya ng nakikita mo, ay hindi nagbabanal ng mga persona, hindi nag-aangat sa kanila higit sa katayuan nila, at hindi gumagawa sa kanila bilang mga panginoon at bilang mga diyos.

Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"Sabihin mo: "O mga May Kasulatan, halikayo sa isang salitang magkatulad sa pagitan namin at ninyo: na hindi tayo sasamba kundi kay Allāh, hindi tayo magtatambal sa Kanya ng anuman, at hindi gagawa ang iba sa atin sa iba bilang mga panginoon bukod pa kay Allāh." Ngunit kung tumalikod sila ay sabihin ninyo: "Sumaksi kayo na kami ay mga Muslim.""

(Qur'ān 3:64)

Nagsabi pa si Allāh (pagkataas-taas Siya):

"ni mag-uutos ito sa inyo na gumawa kayo sa mga anghel at mga propeta bilang mga panginoon. Nag-uutos ba ito sa inyo ng kawalang-pananampalataya matapos noong kayo ay naging mga Muslim?"

(Qur'ān 3:80)

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan):

"Huwag kayong magpalabis sa pagpuri sa akin gaya ng pagpapalabis sa pagpuri ng mga Kristiyano sa Anak ni Maria. Ako lamang ay isang alipin kaya sabihin ninyo: Alipin ni Allāh at Sugo Niya."

Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy: 3445.

# 42. Nagsabatas si Allāh ng pagbabalik-loob sa Islām. Ito ay ang nagsisising panunumbalik ng tao sa Panginoon niya at ang pag-iwan ng pagkakasala. Ang Islām ay nagwawasak ng anumang bago nito dati na mga pagkakasala. Ang pagbabalik-loob ay lumalagot sa anumang bago nito dati na mga pagkakasala. Kaya walang pangangailangan para mangumpisal sa

# harapan ng isang mortal ng mga kasalanan ng tao.

